# MGA PRINSIPYO NG PAGPAPAKAHULUGAN NG BIBLIA

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/courses

Pangunahing Manunulat: Dr. Randall McElwain

Copyright © 2024 Shepherds Global Classroom

Isinalin sa Tagalog mula sa Ikatlong Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Mga Nilalaman

Pangkalahatang Pagsusuri ng Kurso ........ 5
(1) Panimula sa Pagpapakahulugan ng Biblia ........ 7
(2) Pagsusuri: Pagtingin sa isang Talata ........ 17
(3) Pagsusuri: Pagtingin sa mga Mas Malalaking Bahagi ........ 35
(4) Pagpapakahulugan: Panimula ........ 55
(5) Pagpapakahulugan: Konteksto ........ 63
(6) Pagpapakahulugan: Mga Anyo ng Panitikan ........ 75
(7) Pagpapakahulugan: Pag-aaral ng Salita ........ 103
(8) Pagpapakahulugan: Mga Pangkalahatang Prinsipyo ........ 115
(9) Pagsasabuhay ........ 127
(10) Pagsasanay sa Pag-aaral ng Sipi ........ 139
Mga Kagamitan sa Pag-aaral ng Biblia ........ 151
Mga Iminumungkahing Sanggunian ........ 155
Talaan ng mga Takdang-Aralin ........ 157

# Pangkalahatang Pagsusuri ng Kurso

Ang kursong ito ay nagpapakilala ng mga pangunahing prinsipyo sa pagpapakahulugan ng Biblia. Karamihan sa mga aralin ay batay sa aklat na *Living by the Book,* nina Howard at William Hendricks. Kung mayroon kang kopya ng aklat na ito, makakahanap ka ng mga pagsasanay upang makapagsanay sa mga natutunang prinsipyo sa kursong ito, pati na rin ang mas malalim na paliwanag tungkol sa bawat prinsipyo. Gayunpaman, hindi kailangang magkaroon ng aklat upang matapos ang kursong ito. Lahat ng kinakailangan ay nakapaloob na sa mga araling ito.

Dapat basahin ng mga mag-aaral ang bawat aralin bago pumasok sa klase. Kailangang maglaan ng 90-120 minuto para sa bawat klase, bukod pa sa oras na kailangan para sa paggawa ng mga takdang-aralin sa labas ng klase. Dahil ang kursong ito ay nakabatay sa mga praktikal na gawain, maaaring mong hatiin ang isang aralin sa higit sa isang pagpupulong. Sa ganitong paraan, magkakaroon ng mas maraming oras ang mga mag-aaral upang maisagawa nang maayos ang kanilang mga gawain.

Karamihan ng mga aralin ay may kasamang ilang **mga gawain** upang makapagsanay sa mga prinsipyo na itinuro sa aralin. Mahalagang maglaan ng sapat na oras ang mga mag-aaral upang magawa nang maayos ang mga gawain. Ang mga gawaing ito ay gumagamit ng iba't ibang bahagi ng kasulatan. Huwag madaliin ang pagtatapos ng aralin. Dahil marami sa mga gawaing ito ay bago para sa mga mag-aaral, maglaan ng oras sa klase upang tiyakin na nauunawaan ng bawat mag-aaral kung paano kumpletuhin ang mga gawain. Ang pangunahing layunin ay hindi lamang upang makahanap ng tamang sagot; ang pangunahing layunin ay ang matutunan kung paano pag-aaralan at mapakahulugan ang Biblia.

Sa pagtatapos ng kurso, ang bawat mag-aaral ay magkakaroon ng masusing pag-aaral ng ilang mga sipi sa kasulatan. Dapat itago ng bawat isa ang kanilang mga tala sa isang kuwaderno upang magamit sa hinaharap. Ang lahat ng natutunan at nagawang pag-aaral sa kursong ito ay makakatulong sa paghahanda ng sermon at mga aralin sa Biblia.

**Ang mga tanong sa talakayan** at **mga gawain sa loob ng klase** ay nakasaad sa pamamagitan ng mga palatandaang may hugis palaso ►. Kapag may tanong para sa talakayan, hayaan ang mga mag-aaral na pag-usapan ang kanilang sagot. Siguraduhin na lahat ng mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataon na makilahok sa usapan. Kung kinakailangan, maaaring tawagin ang pangalan ng mga mag-aaral.

Ang bawat mag-aaral ay gagawa ng **isang proyekto sa kurso** na pinag-aralan sa buong kurso. Pagkatapos ng Aralin 10, sila ay magpapakita ng isang paglalahad sa klase o magpasa ng isang nakasulat na ulat sa pinuno ng klase. Ang mga tagubilin para sa paglalahad ay matatagpuan sa bahagi ng mga takdang-aralin sa Aralin 10.

Mayroon din na ilang **takdang-aralin** na kasama sa pagtatapos ng Aralin 2 at Aralin 7. Dapat ipakita ng mga mag-aaral ang kanilang natapos na gawain sa pinuno ng klase ngunit kailangan din nilang magtabi ng kopya nito sa kanilang sariling kuwaderno.

# Aralin 1
# Panimula sa Pagpapakahulugan ng Biblia

## Mga Layunin ng Aralin

(1) Alamin kung bakit mahalaga ang masusing pag-aaral ng Biblia para sa Kristiyano.

(2) Magawang ilista ang tatlong hakbang na kinakailangan para sa pag-aaral ng Biblia.

(3) Simulan ang proseso ng maingat na pag-aaral ng isang piling sipi ng kasulatan.

(4) Pahalagahan ang kahalagahan ng liwanag ng Banal na Espiritu para sa pagpapakahulugan ng Biblia.

## Panimula

Ang isang layunin ng kursong ito ay ang matulungan ka na lumago sa iyong personal na pag-aaral at pagsasabuhay ng kasulatan. Isang mabuting unang hakbang ay ang tapat na pagsisiyasat sa iyong mga pangkasalukuyang pamamaraan ng pagbabasa ng Biblia.

► Maglaan ng ilang minuto upang talakayin ang iyong pangkasalukuyang pamamaraan ng pagbabasa ng Biblia. Hindi ito oras upang punahin ang isa't isa; ito ang panahon upang pag-isipan ang tanong na, "Paano ko binabasa ang Salita ng Diyos?" Narito ang ilang mga tanong na dapat pag-isipan:

- Gaano aka kadalas nagbabasa ng Biblia?
- Kapag ako ay nagbabasa ng Biblia, gaano karaming oras ang aking ginugugol?
- Paano ako pumipili ng mga sipi na babasahin?
- Nauunawaan ko ba ang aking binabasa?
- Natatandaan ko ba ang aking nabasa?
- Naipapamuhay ko ba ang aking nabasa?
- Ano ang 2–3 dahilan kung bakit hindi ko nagagawang maglaan ng mas mahabang oras sa pagbabasa ng Biblia?

Si Hun Hao, isang Kristiyano mula sa Taiwan, ay naging Kristiyano sa loob ng 15 taon, ngunit hindi masyadong nakita sa kanya ang paglago sa espirituwal. Naramdaman niya ang pagkadismaya dahil hindi siya lumalago sa pananampalataya. Isang Linggo ng umaga matapos ang pagsamba, hindi na niya napigilan ang kanyang nararamdaman. "Pastor, sinasabi mo sa akin na magbasa ng Biblia. Sinasabi mo rin na mangungusap ang Diyos sa akin sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Sinubukan ko na! Binabasa ko ang Biblia tuwing umaga, ngunit parang wala naman itong sinasabi sa akin. Ano ang mali?"

Sumagot ang pastor, "Hun Hao, sabihin mo sa akin kung **paano** ka nagbabasa ng Biblia." Ang sagot ni Hun Hao ay nagpakita ng isang mahalagang dahilan kung bakit siya nahihirapan. Sumagot siya, "Tuwing umaga bago pumasok sa trabaho, binubuksan ko ang aking Biblia at nagbabasa ng isang talata." Muling nagtanong ang pastor, "Binabasa mo ba

ang isang buong aklat ng Biblia o kahit isang buong kabanata bago ka lumipat sa iba?” “Hindi, isang talata lang ang binabasa ko tuwing umaga – kung saan man bumukas ang aking Biblia. Ngunit bihira itong makatulong sa akin!”

Upang matulungan si Hun Hao na maunawaan ang problema sa ganitong paraan ng pagbabasa ng Biblia, hiniling ng pastor na buksan niya ang kanyang Biblia at basahin ang unang talatang makita niya. Binasa ni Hun Hao, “Silang nasa Negeb ay mag-aangkin ng Bundok ng Esau, at silang nasa Shefela ay ang lupain ng mga Filisteo; at kanilang aangkinin ang lupain ng Efraim, at ang lupain ng Samaria; at aangkinin ng Benjamin ang Gilead” (Obadias 1:19).

Pagkatapos ay tinanong ng pastor si Hun Hao ng ilang katanungan. “Saan matatagpuan ang Negeb? Saan ang Shefela? Saan ang lupain ng Efraim? Nasaan ang Samaria? Benjamin? Gilead?” Ang sagot ni Hun Hao sa bawat tanong ay, “Hindi ko alam.” Sa sumunod na linggo, sinimulan nila ang isang pag-aaral sa Biblia na may pamagat na “Paano Magbasa ng Biblia.” Sa loob ng ilang linggo, natutunan ni Hun Hao ang ilang mahahalagang prinsipyo sa pagpapakahulugan ng Biblia. Unti-unti niyang naunawaan kung paano nangungusap ang kasulatan sa atin sa kasalukuyang panahon.

Ang layunin ng kursong ito ay ang matulungan kang matutunan at maisabuhay ang mga pangunahing prinsipyo sa pagpapakahulugan ng Biblia. Sa pamamagitan ng mga araling ito at mga pagsasanay, magkakaroon ka ng mga kagamitan upang maunawaan ang Salita ng Diyos, maisabuhay ito, at ito ay maituro sa iba.

## Bakit Ko Dapat Pag-aralan ang Biblia?

May mga tao na iniiwasan ang pagbabasa ng Biblia dahil iniisip nila na ito ay mahirap intindihin. Marami rin sa mga naniniwala na ang Biblia ay Salita ng Diyos ang hindi nakakaalam kung paano ito maipapakahulugan at maisasabuhay. Ang pag-aaral ng Biblia ay ay nangangailangan ng pagsisikap. Ngunit sulit ba ang pagsisikap na ito? Bakit natin dapat pag-aralan ang Biblia?

### Ipinapakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng Kasulatan

Ipinapakita ng kasulatan kung sino ang Diyos. Ang Salita ng Diyos ay pagpapahayag ng kalikasan ng Diyos (Awit 119:15, 27). Ipinapakita ng kasulatan kung paano mag-isip ang Diyos, kung ano ang mahalaga sa kanya, kung paano siya nakikitungo sa mga tao, at kung paano siya kumikilos sa kasaysayan ng sangkatauhan. Ang kautusan ng Diyos (kung ano ang kanyang hinihingi) ay sumasalamin sa kanyang katangian, kanyang katarungan, at kanyang karunungan (Awit 119:137). Sa tuwing binabasa natin ang Biblia, dapat nating bigyang-pansin kung ano ang ipinapakita nito tungkol sa Diyos.

Ipinapakilala ng kasulatan ang Diyos sa sumasamba sa kanya. Ginagabayan din nito kung paano dapat tumugon ang sumasamba sa Diyos, ipinapakita ang tamang paraan ng pamumuhay.

### Ang Biblia ay isang Ilawan

Inihambing ng Salmista ang Salita ng Diyos sa isang ilawan na gumagabay sa atin sa tamang pamumuhay (Awit 119:105). Ang Biblia ay katotohanan ng Diyos na nagtuturo sa atin kung paano mag-isip at mamuhay.

► Basahin ang Awit 19:7-11, Awit 119:160, 2 Timoteo 3:16-17.

Ang Salita ng Diyos ang pinagmumulan ng tamang doktrina. Ang Biblia ay nagtataglay ng lahat ng kaalaman na kinakailangan para sa kaligtasan at kabanalan. Ang prinsipyong ito ay hindi nangangahulugan na mauunawaan na natin ang lahat ng nasa kasulatan nang walang anumang tulong. Hindi rin ito nangangahulugang hindi na mahalaga ang tradisyon. Ito ay nangangahulugan na ang Salita ng Diyos ang may pinakamataas na awtoridad para sa isang mananampalataya.

Dahil ang Salita ng Diyos ang pinagmumulan ng katotohanan, ang kaalaman sa kasulatan ang maghahanda at magbibigay sa atin ng kakayahan para sa ministeryo. Kapag itinuro natin ang Salita ng Diyos nang tama, nagtuturo tayo sa awtoridad ng Diyos. Ang katotohanan ay mula sa kanya, hindi sa atin.

### Ang Biblia ay Espirituwal na Gatas

Sinabi ni Pedro na ang mga mananampalataya ay dapat na maghangad sa Biblia tulad ng isang bagong silang na sanggol na naghahangad ng gatas (1 Pedro 2:2). Kung paanong kailangan ng isang sanggol ang gatas upang lumakas at lumaki ang pangangatawan, kailangan din ng isang Kristiyano ang kasulatan upang lumago sa espirituwal. Kung wala tayong palagiang pagkain mula sa Salita ng Diyos, hindi tayo kailanman lalago tungo sa espirituwal na paglago.

Habang natututuhan natin ang tamang paraan ng pagpapakahulugan ng Biblia at nasasanay sa pagkilala ng katotohanan mula sa Salita ng Diyos, tayo ay lumalago (Hebreo 5:14). Ang kakayahan nating gamitin ang Salita ng Diyos para turuan ang iba ay unti-unting nahuhubog.

### Ang Biblia ay Matamis na Gaya ng Pulot-Pukyutan

Inihambing ng Salmista ang Salita ng Diyos sa pulot-pukyutan (Awit 19:10, Awit 119:103). Ang pulot-pukyutan ay parehong masustansiya at matamis. Dapat nating ituring ang pag-aaral ng Salita ng Diyos bilang isang kagalakan, hindi bilang isang mabigat na gawain. Kung paano na ang isang sundalo sa digmaan ay nagagalak kapag nakatatanggap ng liham mula sa kanyang pamilya, ganoon din tayo dapat magalak sa pagbabasa ng Biblia, ang liham ng Diyos para sa kanyang mga anak.

Kapag ang isang batang Judio ay nagsisimula nang mag-aral upang matutong magbasa ng Kautusan, ang guro ay maglalagay ng pulot-pukyutan sa unang mga letra ng alpabeto, at

didilaan ito ng bata upang malasahan ang tamis nito. Ginagamit ng guro ang paraang ito "upang turuan ang bata na iugnay ang [ang Kautusan] sa kagalakan at mabuting lasa."[1]

### Ang Biblia ay Ang Espada ng Espiritu

Ang Salita ng Diyos ay ating sandata sa espirituwal na labanan (Efeso 6:17). Nang si Jesus ay tinukso sa ilang, ginamit Niya ang kasulatan mula sa Deuteronomio upang sagutin ang mga pagsalakay ni Satanas (Mateo 4:1-11).

Ang kasulatan ay nagbibigay sa atin ng kapangyarihan para magtagumpay sa espirituwal na labanan at maging epektibo sa ministeryo. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng Biblia, tayo ay nahahanda upang tumugon sa maling aral, mapatatag ang ating mga kongregasyon sa tunay na doktrina, at maglingkod nang maayos sa mundong ginagalawan natin ngayon.

### Mga Maling Dahilan ng Pag-aaral ng Kasulatan:

► Basahin ang Hebreo 4:12-13.

Maraming mabuting dahilan upang pag-aralan ang kasulatan, ngunit minsan may mga tao na nagbabasa o nag-aaral nito na may maling layunin.

May mga tao na nag-aaral ng kasulatan upang mangalap lamang ng ebidensya upang ipagtanggol ang kanilang sariling opinyon. Marahil nais pa nga nilang gamitin ang kanilang kaalaman upang kontrolin ang iba na nasa ilalim ng kanilang impluwensya.

May mga tao na nag-aaral ng kasulatan dahil sa mapagmataas na dahilan. Marahil iniisip nila na magkakaroon sila ng mataas na katayuan sa espirituwal at magiging higit sila sa ibang tao. Baka gusto nila na humanga sa kanila ang mga tao dahil sa kanilang mga narating. O marahil ay iniisip nila na sa pamamagitan ng pag-aaral ng kasulatan ay makakakuha sila ng pabor mula sa Diyos.

Ang lahat ng mga ito ay mga maling dahilan sa pagbabasa o pag-aaral ng kasulatan. Ipinapakita ng Hebreo 4:12-13 kung ano ang tamang paguugali sa pagbabasa ng kasulatan. Sa halip na gamitin ang kasulatan para sa mga makasariling layunin, dapat nating tandaan na ito ay Salita ng Diyos, hindi sa atin. Dapat natin itong pag-aralan ng may paggalang at takot sa Diyos. Ang Biblia ang ating awtoridad, at tayo ay dapat magpasakop dito. Kapag ito ay itinuturo natin sa iba, dapat natin itong gawin nang may kababaang-loob.

Kapag pinag-aaralan at itinuturo natin ang Salita ng Diyos sa ganitong paraan, inilalantad nito ang kasalanan o pagkakamali sa ating buhay at ipinapakita kung paano tayo dapat tumalikod dito. Binababago nito ang ating buhay at ang buhay ng mga tao na ating pinaglilingkuran at pinamumunuan.

---

[1] Efraim Rubin, "Honey in Jewish Law, Lore, Tradition, and More," nagamit noong November 15, 2023, https://www.chabad.org/library/article_cdo/aid/2697265/jewish/Honey-in-Jewish-Law-Lore-Tradition-and-More.htm

## Paano Ko Dapat Pag-aralan ang Biblia?

► Anong proseso ang ginagamit mo ngayon kapag ikaw ay nag-aaral ng isang sipi ng kasulatan? Pag-usapan ang mga tiyak na hakbang na iyong ginagawa upang maunawaan ang kahulugan ng isang teksto sa Biblia.

Sumang-ayon si Hun Hao na mahalaga ang pag-aaral ng Biblia. Gayunpaman, hindi niya alam kung paano pag-aralan ang kasulatan. Kailangan niya ng isang pamamaraan.

Ang kursong ito ay inilaan upang magbigay ng isang pamamaraan para sa epektibong pag-aaral ng Biblia. Maaaring gamitin ng mga pastor ang mga hakbang na ito sa paghahanda ng sermon. Maaaring gamitin ng mga guro ng Biblia ang mga hakbang na ito sa paghahanda ng mga aralin sa Biblia. Ang bawat mananampalataya ay makikinabang sa paggamit ng pamamaraang ito para sa personal na paglagong espirituwal.

Ang pamamaraang susundin sa kursong ito ay may tatlong hakbang.

### Pagsusuri

Sa hakbang na ito, tinatanong natin ang ating sarili, "Ano ang nakikita ko sa Biblia?" Sa bahaging ito, sinusuri natin ang lahat ng detalye na posible tungkol sa kasulatan. Maraming mga mambabasa ang hindi dumadaan sa pagsusuri at nagbibigay agad ng pagpapakahulugan. Hindi natin tunay na mauunawaan ang kasulatan hangga't hindi natin maingat na nasusuri ang sinasabi nito. Sa hakbang ng pagsusuri, tinitingnan natin ang mga detalye ng mismong teksto ng kasulatan. Matututo tayong tukuyin ang mga detalye na mahalaga sa mensahe ng kasulatan. Lalo na, pag-aaralan natin ang mga termino, istruktura, anyo ng panitikan, at konteksto.

#### *Mga Salita*

Kapag nag-aaral ng isang aklat ng Biblia, tinitingnan natin ang mga salitang ginamit ng maraming beses sa buong aklat. Sa 1 Juan, ginagamit ang ilang anyo ng salitang *alam* nang higit sa 30 beses sa loob ng 5 kabanata. Kapag pinag-aaralan natin ang liham ni Juan, maaari nating simulan ang pagsusuri sa salitang ito sa buong aklat. Ang paggawa ng listahan ng mga bahagi ng aklat kung saan ginamit ni Juan ang salitang *alam* ay makakatulong sa atin na magsimula sa pagpapaliwanag ng kanyang mensahe. Upang maunawaan ang mensahe ni Juan, maaari nating itanong, “Ano ang sinasabi ni Juan na maaari nating malaman?” at “Ano ang mga katangian ng mga taong may alam?”

#### *Istruktura*

Ang mga aklat ng Biblia ay maingat na isinulat sa ilalim ng inspirasyon ng Banal na Espiritu. Kapag nag-aaral ka ng isang aklat tulad ng Ebanghelyo ni Juan, makikita mong inayos ni Juan ang kanyang ebanghelyo sa pitong tanda na nagpapakita kung sino si Jesus. Sa pagsusuri natin sa istruktura ng aklat, mas mauunawaan natin ang layunin ni Juan.

Kapag nag-aaral tayo ng isang sipi, maaaring makita natin na ang istruktura nito ay sumusunod sa isang kwento (tulad ng sa Lucas 9:28-36). Maaaring magbigay ito ng mga dahilan para sa isang pagwawakas (tulad ng sa Roma 6:1-13). Maaari rin itong gumamit ng mga detalye upang magbigay ng listahan ng mga puntos (tulad ng sa Efeso 6:13-18). Mayroon ding iba't ibang uri ng istruktura.

### *Anyo ng Panitikan*

Si Pablo ay sumulat ng napakaayos na sulat upang ipaglaban ang kanyang punto na parang isang abogado na dahan-dahang binubuo ang kanyang argumento hanggang sa pinakamahalagang punto. Upang maunawaan nang mabuti ang Roma o iba pa niyang mga liham, kailangang sundan nang maigi ang daloy ng pag-iisip ni Pablo.

Sa kabaligtaran, ang Jonas ay isang maikling tala ng kasaysayan na isinulat upang ipakita ang pagmamahal ng Diyos para sa lahat ng tao. Upang mabasa ito ng maayos, kailangan mong itanong, "Ano ang dahilan kung bakit ito isang nakakagulat, kakaibang kwento?" Magiging handa ka nang ipaliwanag ang aklat ni Jonas sa pamamagitan ng pagtatanong, "Ano ang kahulugan ng mga detalye sa kwentong ito?"

### *Konteksto*

Dito tayo ay nagtatanong ng mga katanungan tulad ng, "Nasaan si Pablo nang isulat niya ang Liham sa mga Filipos na may mensahe ng kagalakan?" Siya ay nasa Roma, naghihintay ng paglilitis at posibleng pagkapataw ng parusang kamatayan. Ang sitwasyon na ito ay nagpapakita sa atin ng mga dahilan kung bakit sinabi ni Pablo na siya ay may kagalakan, dahil naramdaman niya ang kagalakang iyon kahit na siya ay nasa isang mahirap na sitwasyon.

"Nasaan si Juan nang ang mga langit ay nabuksan upang ipakita ang walang hanggang plano ng Diyos sa aklat ng Apocalipsis?" Siya ay ipinatapon sa isla ng Patmos. Ang panahon ng pag-uusig ay naging malaking pampatibay-loob sa pananampalataya dahil ipinakita ng mensahe ang tagumpay ng Diyos.

### Pagpapakahulugan

Sa hakbang na ito, tinatanong natin, "Ano ang ibig sabihin ng Biblia?" Matapos tayong mangalap ng maraming pagsusuri, titingnan natin ang mensahe ng kasulatan. Matututo tayong hanapin ang malalaking tema na nag-uugnay sa buong aklat pati na rin ang mensahe ng bawat kabanata at mga talata. Tatanungin natin, "Ano ang mensahe ng aklat na ito para sa mga unang mambabasa?" Hahanapin din natin ang mga prinsipyo na totoo sa lahat ng panahon, mga lugar, at mga kultura.

### Pagsasabuhay

Sa hakbang na ito, tinatanong natin, "Paano ko maisasabuhay ang Biblia sa aking buhay at ministeryo ngayon?" Hindi sapat na maintindihan lamang ang kahulugan nito nang hindi ito isinasabuhay.

Sa kanyang aklat, ipinapayo ni Howard Hendricks ang dalawang tanong tungkol sa pagsasabuhay: [2]

1. Paano ito makakatulong sa akin? Tinitingnan nito ang pagsasabuhay ng kasulatan sa aking buhay.

2. Paano ito makakatulong sa iba? Tinitingnan nito ang pagsasabuhay ng kasulatan sa buhay ng mga tao na aking pinaglilingkuran.

May isang propesor sa unibersidad sa Inglatera na kilalang-kilala bilang eksperto sa kasaysayan ng iglesia. Sa larangan ng pag-aaral, mahusay ang kanyang kaalaman sa Biblia; pero sa personal na buhay, tinatanggihan niya ang paniniwala sa Diyos o sa Salita ng Diyos. Marami siyang alam tungkol sa pagsusuri at pagpapakahulugan. Sa kasamaang-palad, hindi niya kailanman isinabuhay ang katotohanan ng kasulatan.

Ipinakita ni Santiago ang ganitong uri ng tao sa mga salitang ito: "Sapagkat kung ang sinuman ay tagapakinig ng salita at hindi tagatupad, siya ay katulad ng isang tao na tinitingnan ang kanyang likas na mukha sa salamin; sapagkat minamasdan niya ang kanyang sarili at umaalis, at agad niyang nalilimutan kung ano ang kanyang katulad" (Santiago 1:23-24). Ang propesor sa Inglatera ay isang matinding halimbawa; gayunpaman, marami pa ring tao ang nakakalam kung ano ang sinasabi ng kasulatan, ngunit hindi ito naipapamuhay sa kanilang araw-araw na buhay. Ang tunay na pag-aaral ng Biblia ay dapat magdulot ng praktikal na pagsasabuhay.

## Ang Papel ng Banal na Espiritu sa Pagpapakahulugan

► Maaari bang maunawaan ng isang hindi mananampalataya ang kahulugan ng kasulatan?

Ang sagot sa tanong na ito ay "Oo, ngunit tanging bahagya lamang." Sa kursong ito, pag-aaralan natin ang isang proseso upang gabayan ang ating pagpapakahulugan. Ang mga hakbang na ito ay makakatulong sa atin upang maunawaan ang mensahe ng Salita ng Diyos. Ang Biblia, kapag binasa tulad ng ibang mga aklat, ay magpapakita ng maraming katotohanan sa sinumang mambabasa.

Gayunpaman, kung wala ang liwanag ng Banal na Espiritu, ang pag-unawa ng isang tao ay laging magiging limitado. Ang matalinong pag-aaral ay hindi kailanman makakapagpahayag ng espirituwal na katotohanan. Sumulat si Pablo:

> Sapagkat sinong tao ang nakakaalam ng isipan ng isang tao, kundi ang espiritu ng tao na nasa kanya? Kaya't walang nakakaalam ng mga isipan ng Diyos, maliban sa Espiritu ng Diyos. Ngayon ay aming tinanggap, hindi ang espiritu ng sanlibutan, kundi ang Espiritung mula sa Diyos, upang aming malaman ang mga bagay na walang bayad na ibinigay sa amin ng Diyos. Na ang mga bagay na ito ay aming sinasabi hindi sa mga salitang itinuro ng karunungan ng tao, kundi **ng itinuturo ng Espiritu na**

[2] Howard G. Hendricks and William D. Hendricks, *Living by the Book* (Chicago: Moody Publishers, 2007)

**ipinapaunawa ang mga espirituwal ng mga espirituwal**. Ngunit ang taong hindi ayon sa espiritu ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos, sapagkat ang mga iyon ay kahangalan sa kanya at hindi niya iyon nauunawaan, sapagkat ang mga iyon ay nauunawaan sa pamamagitan ng espiritu (1 Corinto 2:11-14).

Ang isang hindi mananampalataya ay maaaring makaunawa ng ilan sa mensahe ng kasulatan, ngunit ang mga malalalim na katotohanan ng Biblia ay ipinapahayag sa pamamagitan ng liwanag ng Banal na Espiritu. Ang pag-aaral ng kasulatan ay higit pa sa pagkuha ng impormasyon; ito ay nangangailangan ng pananampalataya at pagsunod. Hangga't hindi tayo nagspapasakop sa awtoridad ng Salita ng Diyos, hindi magagawa ng Espiritu ng Diyos ang kanyang gawain ng pagbabago sa ating buhay. Dahil dito:

1. Ang ating pag-aaral ng kasulatan ay dapat pangunahan ng panalangin. Dapat nating hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ang ating pag-aaral. Sumulat si Santiago, "Ngunit kung ang sinuman sa inyo ay nagkukulang ng karunungan, humingi siya sa Diyos na nagbibigay nang sagana sa lahat at hindi nanunumbat, at iyon ay ibibigay sa kanya" (Santiago 1:5).

2. Ang ating pag-aaral ng kasulatan ay dapat sundan ng isang personal na tugon. Ang layunin ng pag-aaral ng Biblia ay hindi lamang para sa matalinong impormasyon; ang layunin ay personal na pagbabago. Kung tayo ay hindi nababago sa pamamagitan ng ating pag-aaral, hindi natin natutunan ang tunay na layunin ng pag-aaral. Ang pagbabagong ito ay nangyayari lamang sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Sa parabula ni Jesus tungkol sa manghahasik at buto, ang ibang buto ay nahulog sa daan at kinain ng mga ibon. Ang iba buto naman ay walang ugat at namatay nang uminit ang araw. Ang iba naman ay nabulid ng mga tinik. Ngunit ang ibang buto ay nahulog sa mabuting lupa at namunga. Ipinaliwanag ni Jesus na ang mabuting lupa ay ang tao na parehong nakikinig at nauunawaan ang Salita (Mateo 13:3-23). Ipinapakita ng parabula na posible ang makinig sa Salita nang hindi ito nauunawaan. Nauunawaan lamang natin ng lubusan ang Salita ng Diyos kapag binuksan natin ang ating mga puso sa tinig ng Banal na Espiritu.

**Mahahalagang Punto sa Aralin 1**

(1) Mga dahilan sa pag-aaral ng Biblia:

- Ipinapakilala ng Diyos ang kanyang sarili sa pamamagitan ng kasulatan.
- Ang Biblia ay isang ilawan.
- Ang Biblia ay espirituwal na gatas.
- Ang Biblia ay matamis na gaya ng pulot-pukyutan.
- Ang Biblia ay ang espada ng Espiritu.

(2) May tatlong hakbang sa proseso ng pag-aaral ng Biblia.

- Pagsusuri: Ano ang nakikita ko sa Biblia? Pag-aralan:
    - Mga Salita
    - Istruktura
    - Anyo ng Panitikan
    - Konteksto
- Pagpapakahulugan: Ano ang ibig sabihin ng Biblia?
- Pagsasabuhay: Paano ko maisasabuhay ang Biblia sa aking buhay at ministeryo ngayon? Itanong:
    - Paano ito makakatulong sa akin?
    - Paano ito makakatulong sa iba?

(3) Dapat tayong magkaroon ng liwanag ng Banal na Espiritu kapag nag-aaral ng Biblia. Dahil dito

- Ang ating pag-aaral ng kasulatan ay dapat pangunahan ng panalangin.
- Ang ating pag-aaral ng kasulatan ay dapat sundan ng isang personal na tugon.

**Takdang-Aralin sa Aralin 1**

Para simulan ang proseso ng pagpapakahulugan, pumili ng isa sa mga sumusunod na sipi mula sa kasulatan.

- Deuteronomio 6:1-9
- Josue 1:1-9
- Mateo 6:25-34
- Efeso 3:14-21
- Colosas 3:1-16

Pag-aaralan mo ang kasulatang ito sa buong kurso. Para sa unang aralin, maingat na basahin ang kasulatan. Gumawa ng mga tala sa tatlong bahagi:

1. Pagsusuri: Ilista ang mga detalye na maaari mong matukoy tungkol sa kasulatan na iyong pinili. Depende sa kasulatan, magiging magkaiba-iba ang iyong mga detalye. Narito ang ilang mga tanong na maaaring makatulong sa iyo:
    - Saan naganap ang mga kaganapang itinala sa kasulatang ito?
    - Sino-sino ang mga tauhan sa kasulatang ito?
    - Ano ang ipinag-uutos ng kasulatang ito?
    - Anong mga salita ang paulit-ulit na ginagamit sa kasulatang ito?
2. Pagpapakahulugan: Sa 2-3 pangungusap, ibuod ang pangunahing mensahe ng sipi.
3. Pagsasabuhay: Ilista ang 2-3 paraan kung paano mo maisasabuhay ang kasulatan na ito sa iyong buhay at ministeryo.

# Aralin 2
# Pagsusuri: Pagtingin sa isang Talata

## Mga Layunin ng Aralin

(1) Maunawaan ang kahalagahan ng maingat na pagbabasa ng kasulatan.

(2) Magtanong ng mahahalagang katanungan sa bawat talatang pinag-aaralan.

(3) Magkaroon ng plano para sa sistematikong pag-aaral ng kasulatan.

(4) Magsanay sa pagawa ng mga detalyadong pagsusuri sa mga piling talata.

## Panimula

> "Buksan mo ang aking mga mata upang makita ko, ang kahanga-hangang mga bagay sa kautusan mo."
>
> - Awit 119:18

► Pumili ng isa o dalawang miyembro ng inyong grupo at ilarawan ang kanilang biyahe papunta sa lugar kung saan kayo magkikita para sa kursong ito. Hangga't maaari isama ang lahat ng mga detalye. Dumaan ba kayo sa mga kainan, iglesia, o mga negosyo? Ilang stop signs o stop lights ang nadaanan ninyo? Ilang liko ang ginawa ninyo? May nadaanan ba kayong kakaiba, isang bagay na karaniwan ay wala sa inyong biyahe? Kapag natapos na ang bawat isa sa kanilang paglalarawan, talakayin kung gaano karaming bagay ang kanilang napansin at kung gaano karaming bagay ang hindi nila napansin.

Kapag nagbabasa si Juan Miguel ng Biblia, natatapos siya na may malinaw na larawan sa kanyang isipan. Kung hihingan mo siya ng buod sa Marcos 1:29-31, ganito ang kanyang sasabihin: "Pagkatapos umalis ni Jesus sa sinagoga sa Galilea, kasama niya ang apat niyang alagad (sina Simon, Andres, Santiago, at Juan). Pumunta sila sa bahay ni Simon kung saan ay may lagnat ang biyenan ni Simon. Nang hinawakan ni Jesus ang kanyang kamay at siya ay ibinangon, agad nawala ang kanyang lagnat. Siya ay gumaling na nakapaghanda pa siya ng pagkain para sa kanila. Hindi na niya kinailangang magpahinga pa!"

Kapag binabasa ni Luis ang Biblia, binabasa niya ang mga salita ngunit kakaunti ang napapansin niyang mga detalye. Kung hihilingin mong basahin at ibuod ni Luis ang Marcos 1:29-31, sasabihin niya, "Bumisita si Jesus sa bahay ni Simon at pinagaling ang isang tao."

Alin sa mga mambabasa ang nagsuri? Sinong mambabasa ang makakaalala nang mas matagal sa kwento? Sinong mambabasa ang may mas maraming impormasyon na magiging batayan para sa pagpapakahulugan ng kwentong ito? Ang sagot ay halata. Si Juan Miguel ay nakakita ng nangyari sa Marcos 1:29-31. Si Luis ay nagbasa ng kabanata, ngunit siya ay hindi nagsuri.

Ang unang hakbang sa pag-aaral ng Biblia ay pagsusuri. Sa hakbang na ito, tinatanong natin, "Ano ang nakikita ko sa bahaging ito ng kasulatan?" Isang susi sa epektibong

pagpapakahulugan ng Biblia ay ang pagsusuri ng maraming detalye hangga't maaari. Sa araling ito, matututo tayong magsuri ng mahahalagang detalye sa isang talata. Maging matiisin habang ginagawa ito; kapag mas maraming detalye ang iyong nasusuri, mas marami kang magagamit sa pagpapakahulugan.

## Mga Pagsusuri mula sa isang Talata

Mga Gawa 1:8:

> Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan
> pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo;
> at kayo'y magiging mga saksi ko
> sa Jerusalem,
> sa buong Judea
> at Samaria,
> at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa.

Ano ang maaari nating makita sa isang talata?

### Ano ang unang salita?

"Ngunit." Ang *ngunit* ay isang salitang nag-uugnay na tumutukoy sa mga naunang talata. Sa Mga Gawa 1:6, tinanong ng mga alagad, "Panginoon, ito ba ang panahon na panunumbalikin mo ang kaharian sa Israel?" Ngayon na ikaw ay muling nabuhay mula sa mga patay, itatatag mo na ba ang iyong kaharian? Sumagot si Jesus ng dalawang pahayag:

- "Hindi ukol sa inyo na malaman ang mga oras o ang mga panahon…" (Mga Gawa 1:7). Responsibilidad ito ng Ama.
- "Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan… at kayo'y magiging mga saksi ko." Ito ang inyong responsibilidad.

### Sino-sino ang mga kasangkot?

"Kayo." Kanino nangungusap si Jesus? Sa mga apostol (Mga Gawa 1:2, 4). Maglaan ng sandali upang itanong, "Sino ba ang mga apostol na ito?" Gumawa ng listahan ng lahat ng alam mo tungkol sa mga apostol. Ang talatang ito ay nagpapakita ng kahanga-hangang kapangyarihan ng pagbabago na dulot ng Pentecostes.

- Sila ay mga Judio; ipinapadala sila ni Jesus sa Samaria!
- Wala silang kapangyarihang pagalingin ang batang sinaniban ng espiritu (Marcos 9:14-29); sila ay tatanggap ng kapangyarihan.
- Tumakas sila sa takot nang inaresto si Jesus (Mateo 26:56); sila ay magiging mga saksi niya hanggang sa mga dulo ng mundo.

**Ano ang pandiwa ng pangungusap?**

"Tatanggap**.**" Ang pandiwa ay nagsasabi kung ano ang nangyayari. Sa kasong ito, ang panahunan ng pandiwa ay tumutukoy sa isang bagay na kanilang matatanggap sa hinaharap.

**Ano ang kanilang tatanggapin?**

"Kapangyarihan." Ipinapakita ng aklat ng Mga Gawa ang kapangyarihang ito sa ministeryo ng mga apostol.

► Ito ang magbibigay sa iyo ng panimula. Magpatuloy sa natitirang bahagi ng talata, sagutin ang mga tanong na ito:

- **Kailan sila tatanggap ng kapangyarihan?**
- **Sino ang magbibigay sa kanila ng kapangyarihan?**
- **Ano ang magiging resulta ng kapangyarihan?** (Ang kapangyarihan ay nauuna bago ang pagiging saksi. Ang likas na resulta ng kapangyarihang ito ay ang pagkakaroon ng pagnanais na ibahagi ang ebanghelyo sa iba.)
- **Kanino sila magiging mga saksi?**
- **Saan sila magiging mga saksi?** (Ano ang alam mo tungkol sa apat na lugar na ito? Ano ang espesyal sa Samaria? Gusto ba ng mga Judio na apostol na pumunta doon?)

## Paghuhusay ng Iyong Kakayahan sa Pagsusuri

Si Antonio ay may mahinang paningin. Noong siya ay nasa paaralan, hindi niya malinaw na makita ang kanyang guro. Hindi rin niya mabasa ang mga salita sa pisara sa harap ng silid-aralan. Isang araw, nagsimula siyang magsuot ng salamin. Bigla, nakita niya ang mga bagay na hindi niya pa nakikita noon! Nakita niya nang malinaw ang mukha ng kanyang guro. Madali niyang mabasa ang mga nakasulat sa pisara. Siya ay tuwang- tuwa!

Ang maingat na pagsusuri ay katulad ng pagsusuot ng salamin upang maitama ang mahinang paningin. Ang pagkatuto kung paano magsuri ng kasulatan ay nagpapabuti sa iyong pag-unawa sa kung ano ang sinasabi ng kasulatan.

Ang pagsasanay sa Mga Gawa 1:8 ay nagpapakita kung gaano kahusay ang iyong kasalukuyang pagsusuri sa iyong binabasa. Pag-aralan natin ang ilang mga mungkahi upang mapabuti ang iyong kakayahan sa pagsusuri. Matututuhan mong magtanong ng mga katanungan na magpapalinaw sa iyong pagtingin sa kasulatan. Pagkatapos, magsasanay ka sa pagbasa ng iba pang mga talata.

Habang binabasa mo ang isang talata mula sa Biblia, huwag mong sabihin, "Alam ko na ang talatang ito!" Sa halip, hilingin mo sa Diyos na buksan ang iyong mga mata upang makita

ang kanyang Salita sa isang bagong paraan. Ang mga kagamitan sa araling ito ay makakatulong sa iyo na magbasa nang may bagong pag-unawa. [3]

**Magbasa upang Maunawaan**

Isang batang lalaki na 10 taong gulang ay nagpasya na basahin ang Biblia mula simula hanggang dulo bawat taon. Maganda sana ang kanyang layunin; sa kasamaang-palad, hindi niya alam kung paano ang epektibong pagbabasa ng Biblia. Mayroon siyang isang kalendaryo na nagsasabi kung gaano karaming bahagi ng Biblia ang dapat basahin araw-araw, ngunit madalas siyang nahuhuli. Isang Linggo ng hapon, sinusubukan niyang makahabol. Tiningnan niya ang kalendaryo at nakikita niya na 20 kabanata ang kanyang naiiwan (sa Levitico!). Kaya't babasahin niya ang buong Levitico sa isang hapon. Babasahin niya ito nang mabilis, upang makaraos hanggang sa dulo. Pagkalipas ng 10 minuto pagkatapos nito, hindi na niya kayang sabihin sa iyo ang mensahe ng Levitico. Siya ay nagbabasa nang walang pag-unawa.

Ang pagbasa upang maunawaan ay nangangailangan ng pagsisikap. Inilalarawan ng Biblia ang paghahanap ng katotohanan sa ganitong paraan: "…kung kagaya ng pilak, ito'y iyong hahanapin, at tulad ng nakatagong kayamanan, ito'y sasaliksikin, kung magkagayo'y ang takot sa Panginoon ay iyong mauunawaan, at ang kaalaman sa Diyos ay iyong matatagpuan" (Mga Kawikaan 2:4-5). Maingat na basahin ang kasulatan. Magtanong. Gumawa ng mga tala. Magbasa gamit ang iyong isipan.

Minsan ay maaari kang magkaroon ng bagong pag-unawa sa pamamagitan ng muling pagsasabi ng kasulatan gamit ang iyong sariling mga salita. Bagamat ang iyong muling pagsasabi ay hindi magiging isang pormal na pagsasalin, makakatulong ito upang mag-isip ka ng mas malalim tungkol sa kahulugan ng teksto.

**Magtanong Habang Nagbabasa**

Isang susi sa pagbabasa gamit ang iyong isipan ay ang magtanong.

► Basahin ang Lucas 24:13-35 bago magpatuloy sa bahaging ito. Habang binabasa ang aralin, bumalik sa Lucas 24 upang sagutin ang bawat tanong.

**(1) Sino?**

Sino ang mga tao sa teksto? Ano ang alam mo tungkol sa bawat isa sa kanila?

Sino ang mga tao sa Lucas 24:13-35? Sina Cleopas at ang isang kasamang[4] hindi pinangalanan ay naglalakbay papuntang Emmaus sa araw ng muling pagkabuhay ni Jesus.

---

[3] Ang mga hakbang sa araling ito ay mula sa mga Kabanata 8–17 ng *Living by the Book,* ni Howard G. Hendricks at William D. Hendricks (Chicago: Moody Publishers, 2007). Makakakuha ka pa ng karagdagang pagsasanay at paliwanag sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga kabanatang iyon.

[4] Ayon sa isang tradisyon, si Lucas daw ang hindi pinangalanang kasamahan, na siyang makakapagpaliwanag kung bakit napakadetalyado ng kwento.

Sila ay mga tagasunod ni Jesus na pamilyar sa kanyang mga himala at mga katuruan. Sa araw na iyon ng Linggo, sila ang naging unang tao na ipinaliwanag ni Jesus mismo ang tungkol sa kanyang paghihirap at muling pagkabuhay. Sila rin ang naging ilan sa mga unang saksi ng muling pagkabuhay.

**(2) Ano?**

Ano ang nangyayari sa teksto? Kung ito ay isang teksto sa kasaysayan, anong mga pangyayari ang naganap? Kung ito ay isang liham, ano ang nais ituro ng sumulat?

Sa Lucas 24, ang kaganapan ay ang pagpapakita ni Jesus. Ang mga mata ng dalawang lalaking ito ay binuksan upang makita ang katotohanan ng muling pagkabuhay ni Jesus (Lucas 24:31).

**(3) Kailan?**

Tulad ng naunang tanong, ang oras ay nagbibigay ng konteksto sa ating pagbabasa. Sa hakbang ng pagsusuri sa pag-aaral ng Biblia, tinitingnan natin ang mga detalye tungkol sa oras sa mismong teksto. Mula sa Lucas 24:13, natutunan natin na ang paglalakbay patungong Emmaus ay nangyari sa parehong araw na natagpuan ang walang laman na libingan.

Ang dalawang alagad na ito ay nakatagpo si Jesus ilang oras pa lang matapos matagpuan ang libingang walang laman. Ipinapakita nito kung ano ang nararamdaman nila habang sila'y nag-uusap at nangangatwiran (Lucas 24:15). Isipin mo ang matinding saya at matinding lungkot na pinagdaanan ng dalawang lalaking ito sa nakalipas na tatlong araw.

Noong Huwebes na iyon, naramdaman nila ang kawalan ng pag-asa nang makita nilang inaresto si Jesus. Noong Biyernes na iyon, nawasak ang kanilang mga pag-asa para sa isang mesiyaniko na kaharian nang pumanaw si Jesus. Ngayon, Linggo na, at walang laman ang libingan. Habang sila ay naglalakbay patungong Emmaus, sinusubukan nilang maunawaan ang misteryosong sunud-sunod na kaganapan.

**(4) Saan?**

Minsan, nakakatulong na itanong, "Saan nangyari ito?" Ang isang aklat ng mga mapa sa mga lugar sa Biblia ay makakatulong sa iyo upang makuha ang mga sagot sa tanong na ito. Ang ilang mga Biblia ay may mga mapa sa dulo nito.

Sa Lucas 24, sina Cleopas at ang kanyang kasama ay naglalakbay mula sa Jerusalem patungong Emmaus, isang bayan na mga 11 kilometro ang layo sa kanlurang bahagi ng lungsod. Nang makarating sila sa distansyang iyon, lumubog na ang araw. Ngunit pagkatapos nilang mabuksan ang kanilang mga mata, masaya silang bumalik sa Jerusalem. Ang balitang ito ay hindi na maaaring hintayin pa ang kinabukasan!

### (5) Bakit?

Nakikita natin kung bakit ang mga alagad na ito ay labis na pinanghinaan ng loob nang sagutin natin ang tanong tungkol sa oras. Sila ay pinanghinaan ng loob dahil ang lahat ng kanilang pag-asa para sa isang Mesiyas ay nagwakas nang pumanaw si Jesus.

### (6) Paano?

Paano nabago ang buhay ng mga alagad na ito dahil sa kanilang karanasan? Bumalik sila sa Jerusalem nang may tiwala na si Jesus ay muling nabuhay mula sa mga patay. Tulad ng milyon-milyong tao mula noon, ang kanilang buhay ay nabago magpakailanman dahil sa Muling Pagkabuhay.

### Basahin ang Parehong Sipi o Aklat nang Maraming Beses

Si G. Campbell Morgan ay isa sa mga dakilang mangangaral ng ika-20 siglo. Hindi nakapasok si Morgan sa Bible college, ngunit naging epektibo siyang guro ng Biblia. Bago mangaral sa isang teksto, binabasa ni Morgan ang buong aklat ng Biblia na naglalaman ng napili niyang teksto nang hindi bababa sa 40 beses. Sa pamamagitan ng prosesong ito, natutunan ni Morgan kung paano na ang bawat talata ay angkop sa buong aklat. Alam niya ang mga mahahalagang tema ng aklat; naunawaan niya ang mensahe ng may-akda. Minsan sinabi ni Morgan, "Ang Biblia ay hindi nagpapakita ng sarili nitong mga lihim sa mga tamad." Ang pag-aaral ng Biblia ay nangangailangan ng pagsisikap.

Maaari mong itanong, "Paano ko mababasa ang isang aklat ng Biblia ng 40 beses? Hindi ko matatapos ang buong Biblia." Maaaring hindi ito kasing hirap gaya ng iyong iniisip. Karamihan sa mga matatanda ay nakakabasa ng 200 salita bawat minuto; kaya't kaya nilang magbasa ng 12,000 na salita sa loob ng isang oras. 44 na aklat ng Biblia ay naglalaman ng mas mababa sa 12,000 salita. Kasama dito ang mga sulat ni Pablo, ang mga Pangkalahatang Liham, ang mga Maliit na Propeta, at ang mga Aklat sa Lumang Tipan tulad ng Ruth, Ezra, Nehemias, Esther, at Daniel. Sa isang oras bawat araw, maaari mong basahin ang mga aklat ng Efeso, Filipos, Colosas, at 1 at 2 Tesalonica ng 40 beses sa loob ng 40 araw.

Ang pagbabasa ng buong aklat ay nagpapakita kung paano ito naisaayos. Kanina, binasa natin ang Mga Gawa 1:8 kung saan ang mga alagad ay ipinadala bilang mga saksi sa Jerusalem, Judea, Samaria, at hanggang sa dulo ng mundo. Habang paulit-ulit mong binabasa ang Mga Gawa, makikita mo na ito ay nagbigay ng tularan para sa buong aklat. Sa unang bahagi ng Mga Gawa, ang pag-uusig ay nagdala sa mga alagad mula sa Jerusalem patungo sa iba pang bahagi ng Judea; sa Mga Gawa 8, dinala ni Felipe ang ebanghelyo sa Samaria; at sa pagtatapos ng Mga Gawa, ipinangaral ni Pablo ang ebanghelyo sa Roma, mula doon ay ipagpapalaganap ang ebanghelyo hanggang sa dulo ng kilalang mundo.

***Ilang mga Pahiwatig para sa Paulit-ulit na Pagbasa***

1. **Basahin ang Biblia nang malakas o makinig habang ito ay binabasa.** Ang mga tao sa mga kultura na nakadepende sa nakasulat na salita ay madalas nakakalimutan na karamihan sa mga unang Kristiyano ay *narinig* ang Biblia na binabasa. Nang matanggap ng iglesia sa Efeso ang liham ni Pablo, hindi nila kinopya ito para sa bawat miyembro! Isang pinuno ang nagbasa ng liham sa iba pang mga miyembro. Sa malaking bahagi ng kasaysayan, mas maraming tao ang nakatanggap ng Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pakikinig kaysa sa pagbabasa. Ang mga liham ni Pablo ay binasa sa mga iglesia; ang mga propeta ay nagsalita ng kanilang mga mensahe. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng isang liham nang malakas o pakikinig habang ito ay binabasa bilang isang audio book, maririnig mo ang Salita ng Diyos na binibigkas tulad ng narinig ng unang iglesia ang mga kasulatan.[5]

2. **Magbasa ng Biblia sa iba't ibang pagsasalin (kung mayroong higit sa isang pagsasalin sa iyong wika).** Ang ilang mga pagsasalin ay mas teknikal sa kanilang paraan ng pagpapaliwanag; ang iba naman ay nilalayong mas madaling maunawaan. Sa pamamagitan ng pagbabasa mula sa higit sa isang pagsasalin, maaari kang magkaroon ng bagong pag-unawa sa mensahe. Kung marunong ka ng higit sa isang wika, makakatulong din na basahin ang kasulatan sa pangalawang wika.[6]

3. **Magtuon sa iba't ibang bagay sa bawat pagkakataon na ikaw ay magbabasa.** Halimbawa, maaaring magbasa ang isang tao ng Genesis 3 isang beses bawat araw sa loob ng isang linggo, habang tinitingnan ang kwento mula sa iba’t ibang pananaw sa bawat pagkakataon:

   Lunes: Basahin ang Genesis 3 mula sa pananaw ng makalangit na Ama. Paano nararamdaman ng Ama nang makita ang kasalanan ng kanyang mga anak?

   Martes: Ano ang pinakamahalagang talata sa kabanatang ito?

   Miyerkules: Basahin ang Genesis 3 mula sa pananaw ni Satanas. Paano niya sinusubukang sirain ang ugnayan ng Diyos sa kanyang mga anak?

   Huwebes: Basahin ang Genesis 3 habang isinasaalang-alang ang sakripisyo ni Jesus sa krus.

   Biyernes: Basahin ang Genesis 3 mula sa pananaw nina Adan at Eba. Ano ang kanilang naramdaman nang marinig nila ang hatol ng Diyos?

---

[5] www.faithcomesbyhearing.com ay may mga audio Bible sa mahigit 700 wika.
[6] www.biblegateway.com ay nagbibigay ng libreng mga salin ng Biblia sa iba’t ibang wika.

Sabado: Basahin ang Genesis 3 mula sa pananaw ng isang tao na nagbabasa ng Biblia sa kauna-unahang pagkakataon. Paano naging mahalaga ang kwentong ito sa pag-unawa ng natitirang bahagi ng Biblia?

May mga iba't ibang plano sa www.bible.com na magpapahintulot sa iyo na mabasa ang buong Biblia sa loob ng isang taon. Ang isa pang plano, batay sa modelo ni G. Campbell Morgan, ay ang magbasa ng isang aklat nang maraming beses sa loob ng isang buwan. Dahil 44 na aklat ng Biblia ay maaaring mabasa sa loob ng isang oras o mas kaunti pa, maaari mong basahin ang isang aklat ng 30 beses sa loob ng isang buwan, isang oras bawat araw. Bagamat maaaring magmukhang mabagal ang prosesong ito, ang paulit-ulit na pagbabasa ng isang aklat ay magbibigay sa iyo ng mas malalim na pag-unawa sa Salita ng Diyos. Sa ganitong paraan ng pagbabasa, maaari mong mabasa ang buong Biblia ng 30 beses sa loob ng anim na taon.[7]

## Pag-aralan ang Balarila

Nakikipag-usap ang Diyos sa atin sa maraming paraan, ngunit kadalasan ay sa pamamagitan ng mga nakasulat na salita. Habang hindi mo kailangang maging isang linggwista upang maunawaan ang kasulatan, mas mabuti mong nauunawaan ang nakasulat na wika, mas madali mong mauunawaan ang mga malalalim na katotohanan ng Salita ng Diyos.

Bilang isang halimbawa, pag-aaralan natin ang balarila ng isa sa mga pinakasikat na talata ni Pablo. “Kaya nga, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong ialay ang inyong mga katawan na isang handog na buháy, banal, na kasiya-siya sa Diyos, na siya ninyong makatuwirang paglilingkod” (Roma 12:1). Sa pagsisiyasat ng balarila ng isang teksto, tinitingnan natin ang:

### *Mga Pandiwa*

Ang mga pandiwa ay nagpapakita ng kilos o kalagayan. May dalawang pandiwa na kilos sa Roma 12:1:

- Ang ibig sabihin ng **isinasamo** ay "nakikiusap" o kaya ay "nagmamakawa." Nararamdaman mo ba ang pagmamadali sa pakiusap ni Pablo? Hindi ito basta simpleng mungkahi lamang; may malalim na damdamin habang nakikiusap si Pablo sa mga bumabasa na ibigay nang buo ang kanilang sarili sa Diyos.

- Ang **ialay** ay isang pandiwa na kilos. Kailangan dito ang isang desisyon. Tinatawag ni Pablo ang mga bumabasa na ialay ang kanilang mga katawan, ibigay ang kanilang sarili sa Diyos.

[7] Ang mga mahahabang aklat ay babalansehin ng mga maiikling aklat tulad ng Filemon at Tito na maaaring mabasa nang tatlumpung beses sa loob lamang ng ilang araw.

### *Mga Pangngalan*

Sa Roma 12:1, ang mga pangngalan na mahalaga para sa ating pag-aaral ay kasama ang:

- **Mga kapatid.** Si Pablo ay sumusulat sa mga mananampalataya. Hindi siya tumatawag sa mga makasalanan para magbagong-loob; siya ay tumatawag sa mga mananampalataya para mas malalim na pagtatalaga.
- **Mga katawan.** Ang natitirang bahagi ng Roma 12 ay nagpapakita na ang mga katawan ay kumakatawan sa ating buong pagkatao. Maaari nating sabihin ito sa ibang paraan, "Ibigay mo ang iyong buong sarili."
- **Mga kahabagan.** Ang pagtawag ni Pablo ay batay sa kahabagan ng Diyos. Sa bahagi ng kasulatan bago ang talatang ito, inilalarawan ni Pablo ang kahabagan na ipinapakita ng Diyos sa lahat ng tao, parehong sa mga Judio at sa mga Hentil (Roma 11:32).
- **Handog.** Sa kautusan ni Moises, ang sumasamba ay nagdadala ng hayop bilang handog. Sa kaharian ni Cristo, tinatawag tayo na ibigay nang buo ang ating sarili bilang mga buhay na handog.

### *Mga Panuring*

Ang mga pang-uri at pang-abay ay mga salitang naglalarawan na "nagpapalawak sa kahulugan ng mga salitang kanilang inilalarawan."[8] Sa Roma 12:1, ang *handog* ay inilalarawan ng ilang mga salita.

- Ang ating handog ay **buháy.** Hindi na tayo naghahandog ng patay na hayop; ibinibigay natin ang ating buhay araw-araw sa pagsuko.
- Ang ating handog ay dapat na **banal**. Ang sumasamba noong panahon ng Lumang Tipan ay hindi maaaring magdala ng pilay o may kapansanang hayop bilang handog; ganun din, ang mananampalataya sa Bagong Tipan ay hindi maaaring magbigay ng marumi o suwail na buhay bilang handog.
- Tanging ang kumpleto at kusang-loob na handog lamang ang **kasiya-siya sa Diyos**.

### *Mga Pariralang Pang-ukol*

Ang mga pang-ukol ay mga salita tulad ng *sa, nasa, sa ibabaw, sa pamamagitan, patungo, hanggang,* at *ayon sa*. Maliit na mga salita ito ngunit malaki ang ibig sabihin. Sa Roma 12:1, dalawang pariralang pang-ukol ang mahalaga:

- “Alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos” ang nagbibigay sa atin ng dahilan sa pakiusap ni Pablo. Hindi ito ang sapilitang pagsuko ng isang sundalo sa kaaway; sa

---

[8] Howard G. Hendricks at William D. Hendricks, *Living by the Book* (Chicago: Moody Publishers, 2007), 121

halip, ito ay masayang pagsuko ng isang anak sa kagustuhan ng mapagmahal na ama.

- Ang ating handog ay dapat na katanggap-tanggap "sa Diyos." Para sa Kristiyano, ang pagtanggap ng Diyos ang pinakasukdulang gantimpala.

### *Mga Salitang Pang-ugnay*

Ang mga salitang pang-ugnay na *at* o *ngunit* ay makapangyarihan. May isang manunulat ang naghambing na ang mga salitang pang-ugnay ay parang semento na humahawak sa mga ladrilyo para magkadikit-dikit.[9] Sa Mga Gawa 1:8, nakita natin na ang salitang *ngunit* ay tumuturo pabalik sa maling pagkaunawa ng mga alagad.

Sa Roma 12:1, ang *kaya nga* ay tumuturo pabalik sa naunang sipi. Kung babasahin mo ang buong Roma, mabilis mong makikita na may dalawang malaking bahagi:

- Ang Roma 1-11 ay nagtuturo ng doktrina: paghatol dahil sa kasalanan, pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya, pagpapabanal sa mananampalataya, pagluwalhati bilang pinakahuling layunin ng Diyos para sa kanyang mga anak, at pagpili bilang paraan ng Diyos upang matupad ang layuning ito.

- Ang Roma 12-16 ay nagpapakita kung paano isinasabuhay ang doktrinang ito sa praktikal na buhay. Dahil tayo ay ginawang matuwid sa harap ng Diyos, ganito tayo dapat mamuhay. Dahil sa ating pinaniniwalaan (Roma 1-11), ito ang ating gagawin (Roma 12-16). Ang talatang nag-uugnay ay ang Roma 12:1.

Ang *kaya nga* ay isang mahalagang palatandaan sa maraming sulat ni Pablo. Matapos ipaalala sa mga taga-Galacia ang dakilang katotohanan na tayo ay pinawalang-sala sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, tinawag sila ni Pablo na isabuhay ang pagiging matuwid sa pang-araw-araw nilang buhay; "Para sa kalayaan ay pinalaya tayo ni Cristo; kaya't magpakatatag kayo" (Galacia 5:1). Matapos ituro sa mga taga-Efeso ang dakilang doktrina ng kanilang pagkahirang kay Cristo Jesus, tinawag sila ni Pablo na mamuhay nang karapat-dapat sa tawag na ito; "Kaya't ako na bilanggo sa Panginoon ay nagsusumamo sa inyo na kayo'y lumakad ng nararapat sa pagkatawag na sa inyo'y itinawag" (Efeso 4:1). Sinabi naman ni Pablo sa mga taga-Colosas na sila ay patay na at ang kanilang buhay ay nakatago kay Cristo sa Diyos. Kaya paano dapat silang mamuhay bilang resulta nito? "Patayin ninyo ang anumang makalupa na nasa inyo" (Colosas 3:5).

---

[9] J. Scott Duvall at J. Daniel Hays, *Grasping God's Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2012), 59

**Maghanap ng mga Espesyal na Detalye sa Teksto[10]**

Ang pagpansin mga pamamaraan na ginagamit ng mga may-akda ng Biblia upang markahan ang mahahalagang ideya sa teksto ang magbibigay ng bagong kaalaman sa iyong pag-aaral. Ang mga detalye na dapat mong hanapin ay kinabibilangan ng:

***Mga Inulit na Salita***

Kapag paulit-ulit ginagamit ng may-akda ang isang salita, nagpapakita ito ng mahalagang ideya. Sa bahaging ito ng pagsusuri, hindi mo pa kailangang hukayin agad ang malalim na kahulugan ng inulit na salita, ngunit dapat mong markahan ang salita at itanong: "Bakit ang salitang ito ay inulit?"

► Basahin ang mga sumusunod na sipi at markahan ang mga inulit na salita:

> **2 Corinto 1:3-7**. Ilang beses inulit ang salitang *kaaliwan* sa sipi na ito? Halimbawa ng mga tanong na maaari mong itanong kapag napansin mo ang pag-uulit sa sipi na ito:
> - Pareho ba ang gamit ng salitang *kaaliwan* sa bawat beses na binanggit ito?
> - Anong mga panuring dito? (*lahat* ng kaaliwan; *aming* kaaliwan; *inyong* kaaliwan.)
>
> **Juan 15:1-10**. Ilang beses inulit ang salitang *manatili* sa sipi na ito? Mga halimbawa ng tanong na maaari mong itanong kapag napansin mo ang pag-uulit sa sipi na ito:
>
> - Ano ang mga kondisyon para manatili sa kanya?
> - Sinasabi ba sa babalang ito na posibleng hindi manatili sa kanya?
> - Ano ang mga mangyayari kung hindi tayo manatili sa kanya?
> - Ano naman ang mga biyaya kapag nanatili tayo sa kanya?

***Mga Pagkakasalungat***

Maraming may-akda sa Biblia ang nagkakasalungat sa mga tao o ideya. Kapag nakita mo ang salitang *ngunit* sa gitna ng isang talata, maaaring ipinapakita nito ang dalawang magkasalungat na ideya. Maraming kawikaan ang gumagamit ng ganitong uri ng pagkakasalungat.

- Dalawa ang maaaring sagot sa taong kritikal: "Nakapapawi ng poot ang sagot na malumanay, ngunit nagbubunsod sa galit ang salitang magaspang" (Mga Kawikaan 15:1).

- Dalawa rin ang paraan ng paggawa ng mahalagang desisyon: "Kung saan walang patnubay, bumabagsak ang bayan; ngunit sa karamihan ng mga tagapayo ay mayroong kaligtasan" (Mga Kawikaan 11:14).

---

[10] Ang listahang ito ay inangkop mula sa J. Scott Duvall at J. Daniel Hays, *Grasping God's Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2012).

- Ang pagtrato natin sa mahirap ay nagpapakita ng ugali natin sa Diyos: "Ang umaapi sa dukha ay humahamak sa kanyang Lumalang, ngunit ang mabait sa mahirap, sa kanya'y nagpaparangal" (Mga Kawikaan 14:31).

Gumawa rin ng pagkakasalungat ang mga manunulat sa Bagong Tipan. Ikinumpara ni Pablo ang dati nating buhay (kadiliman) at ang bago nating buhay (kaliwanagan)."Sapagkat kayo'y dating kadiliman, subalit ngayon ay liwanag sa Panginoon" (Efeso 5:8).

Sa 1 Juan 1:5-7, dalawang paraan ikinumpara ni Juan ang kadiliman at liwanag sa dalawang paraan:

- Ang Diyos ay liwanag at walang anumang kadiliman sa kanya.
- Kung tayo ay may pakikisama sa Diyos, lalakad tayo sa liwanag, hindi sa kadiliman.

### *Mga Paghahambing*

Kung ang pagkasalungat ay tumitingin sa pagkakaiba, ang paghahambing ay tumitingin naman sa pagkakapareho.

- "**Kung paano** ang suka sa mga ngipin, at ang usok sa mga mata, **gayon** ang tamad sa mga nagsusugo sa kanya" (Mga Kawikaan 10:26).

- "**Tulad ng** malamig na tubig sa uhaw na kaluluwa, **gayon** ang mabuting balita na sa malayong lupain nagmula" (Mga Kawikaan 25:25).

► Basahin ang Santiago 3:3-6. Inihahambing ang dila sa anong tatlong bagay? Ano ang matututunan mo sa mga paghahambing na ito?

► Ang bawat talata sa Mga Kawikaan 26:7-11 ay may salitang *tulad*. Sa bawat talata, tingnan mo ang paghahambing. Halimbawa, kung binabasa mo ang Mga Kawikaan 26:7, sabihin mo sa sarili mo: "Ang kawikaan sa bibig ng mangmang ay tulad ng mga paa ng pilay **dahil**…" Anong pagkakapareho ang nakikita mo sa isang kasabihang binigkas ng isang hangal at sa mga paa ng isang pilay?

### *Mga Listahan*

Habang nagbabasa ka ng Biblia, magandang markahan mo ang mga listahan at pag-aralan ito para makita ang mahahalagang katangian.

► Bago mo ituloy ang aralin, basahin ang mga sumusunod na listahan:

- Sa 1 Corinto 3:6, ipinakita ni Pablo ang bahagi ng kanyang ministeryo sa Corinto.
- Sa 1 Juan 2:16, nakalista ang mga bagay na galing sa mundo at hindi sa Ama.
- Sa Galacia 5:19-21, nakalista ang mga gawa ng makasalanang laman.
- Sa Galacia 5:22-23, nakalista ang bunga ng Espiritu.

### *Mga Pahayag na Nagpapakita ng Layunin*

Ang mga salitang *upang* o *kaya,* o *para* ay madalas ginagamit upang maipakita ang dahilan ng isang kilos o ang bunga ng kilos na iyon. Maglaan ng oras para pag-isipan ang kaugnayan sa pagitan ng layunin at ng resulta; itanong mo kung bakit ibinibigay ng kasulatan ang utos na iyon.

- "Ako'y hindi ninyo pinili, ngunit kayo'y pinili ko, at itinalaga ko kayo," (bakit?) "upang kayo'y humayo at magbunga, at ang mga bunga ninyo'y mananatili" (Juan 15:16).
- "Iningatan ko ang iyong salita sa aking puso," (bakit?) "upang huwag akong magkasala laban sa iyo" (Awit 119:11).
- "Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kanya bago itinatag ang sanlibutan" (bakit Niya tayo pinili?) "upang tayo'y maging banal at walang dungis sa harapan niya sa pag-ibig" (Efeso 1:4).

Sa ibang pagkakataon, ipapakita ng pahayag na ito kung paano maisasagawa ang layunin:

- "Paano pananatilihing dalisay ng kabataan ang kanilang daan? Sa pamamagitan ng pag-iingat nito ayon sa iyong salita" (Awit 119:9).
- Paano tayo makakasiguro ng buhay? "Kung sa pamamagitan ng Espiritu ay pinapatay ninyo ang mga gawa ng laman, kayo ay mabubuhay" (Roma 8:13).

### *Mga Sugnay na may Kondisyon*

Kapag nagsimula ang mga sugnay sa salitang *kung* madalas itong nagpapakita ng kondisyon. Minsan umaasa tayo na matupad ang pangako ng Biblia ngunit hindi natin natutupad ang kondisyon nito; gayunpaman, ang isang pangako na may kondisyon ay nakabatay sa katuparan ng isang tiyak na kondisyon. Madalas ito makikita sa isang sugnay na may kondisyon.

**Kondisyon**: "Kaya't kung ang sinuman ay na kay Cristo,"
**Resulta**: "siya'y bagong nilalang; ang mga lumang bagay ay lumipas na, tingnan ninyo, ang lahat ay naging bago" (2 Corinto 5:17).

**Kondisyon**: "Kung kayo'y humingi ng anuman sa pangalan ko ay,"
**Resulta**: "gagawin ko" (Juan 14:14).

### Manalangin Habang Nagbabasa

Ang huling tagubilin na ito ay parang simple lamang, ngunit ito ay mahalaga. Para sa isang Kristiyano, hindi dapat paghiwalayin ang pag-aaral ng Biblia at ang buhay panalangin. Kapag pinaghiwalay ang pagbabasa ng Biblia at panalangin para mo na ring hinati ang dalawang bahagi ng araw-araw na pakikipag-usap mo sa Diyos.

Hinihikayat tayo ng Santiago 1:5 na humingi ng karunungan sa Diyos. "Kung ang sinuman sa inyo ay nagkukulang ng karunungan, humingi siya sa Diyos na nagbibigay nang sagana sa lahat at hindi nanunumbat, at iyon ay ibibigay sa kanya" (Santiago 1:5). Magandang pangako ito kapag kailangan natin ng tulong upang maunawaan ang Salita ng Diyos.


Ang Awit 119 ay nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng panalangin at banal na kasulatan. Ang salmista ay paulit-ulit na humihiling sa Diyos na gabayan ang kanyang pag-aaral ng Salita ng Diyos. Sa parehong paraan, maaari tayong humingi ng tulong sa Diyos habang nag-aaral tayo.

- "Buksan mo ang aking mga mata upang makita ko, ang kahanga-hangang mga bagay sa kautusan mo" (Awit 119:18).
- "Ipaunawa mo sa akin ang daan ng mga panuntunan mo…" (Awit 119:27).
- "Ituro mo sa akin, O Panginoon, ang daan ng iyong mga batas…" (Awit 119:33).

Natutuhan ng maraming tao ang kapangyarihan ng gawing panalangin ang mga salita kasulatan. Subukan mong gawin na pansariling panalangin ang mga sipi na ito:

- Awit 23 - panalangin para sa gabay at pagkalinga ng Diyos
- Isaias 40:28-31 - panalangin para sa kalakasan ng Diyos
- Filipos 4:8-9 - panalangin para magkaroon ng maka-Diyos na pag-iisip

## Halimbawa: Pagsusuri sa 1 Juan 1:5-7



**Mahahalagang Punto sa Aralin 2**

(1) Simulan ang proseso ng pagsusuri sa pamamagitan ng pag-aaral ng isang talata. Hangga't maaari magtanong ng maraming katanungan tungkol sa talatang iyon.

(2) Mga hakbang upang malinang ang iyong kakayahan sa pagsusuri ay kinabibilangan ng:

- Magbasa upang maunawaan.
- Magtanong habang nagbabasa.
  - Sino?
  - Ano?
  - Kailan?
  - Saan?
  - Bakit?
  - Paano?
- Basahin ang parehong sipi o aklat nang maraming beses.
- Pag-aralan ang balarila. Hanapin ang:
  - Mga pandiwa
  - Mga pangngalan
  - Mga panuring
  - Mga pariralang pang-ukol
  - Mga salitang pang-ugnay
- Maghanap ng mga espesyal na detalye sa teksto. Hanapin ang:
  - Mga inulit na salita
  - Mga pagkakasalungat
  - Mga paghahambing
  - Mga listahan
  - Mga pahayag na nagpapakita ng layunin
  - Mga sugnay na may kondisyon
- Manalangin habang nagbabasa.

## Mga Takdang-Aralin sa Aralin 2

(1) Gumawa ka ng isang listahan ng mga pagsusuri tungkol sa Josue 1:8. Isulat mo muna ang talata sa isang papel, pagkatapos magsimula kang magtanong gamit ang mga tanong na ito: "Sino? Ano? Kailan? Saan? Bakit? Paano?" Gamit ang halimbawa sa huling bahagi at ang gabay na ibinigay sa araling ito, gumawa ka ng maraming pagsusuri hangga't kaya mo. Sa puntong ito, hindi mo muna bibigyan ng kahulugan ang talata o gagawa ng balangkas para sa sermon. Ang layunin mo lang ngayon ay hanapin at pansinin ang mga detalye na nasa mismong talata.

(2) Para sa karagdagang pagsasanay, sundin mo rin ang parehong proseso gamit naman ang Mateo 28:18-20.

# Aralin 3
# Pagsusuri: Pagtingin sa mga Mas Malalaking Bahagi

## Mga Layunin ng Aralin

(1) Makita ang kahalagahan ng konteksto sa pagbabasa ng kasulatan.

(2) Mas maging sensitibo sa layunin at layunin ng mga may-akda ng Biblia sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga detalye na binibigyang-diin sa isang aklat.

(3) Magsanay sa pagsusuri ng mas malalaking bahagi ng kasulatan.

(4) Mangalap ng impormasyon sa isang talaan para sa karagdagang pag-aaral.

## Panimula

May mga binabasa tayong hindi mahalaga; tulad ng nobela kapag nagpapalipas-oras lang habang naglalakbay. May mga binabasa tayong kaunti lang ang halaga; tulad ng diyaryo para malaman ang balita. Ngunit ang pagbabasa ng Biblia ay napakahalaga dahil dito natin naririnig ang boses ng Diyos. Sinabi ni Pablo, " Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran" (2 Timoteo 3:16-17). Dahil dito, maingat nating binabasa ang Biblia, nakikinig sa Diyos habang siya'y nangungusap.

Sa Aralin 2, gumawa tayo ng pagsusuri tungkol sa bawat talata. Sa araling ito, pag-aaralan natin ang mga mas malalaking sipi. Ang mga ito ay gaya ng mga talata, kabanata, o buong aklat. Sa isang makasaysayang kuwento, ang mas malalaking sipi ay maaaring isang buong kuwento. Sa mga ebanghelyo naman, maaari nating pag-aralan ang isang talinghaga, himala, o sermon. Sa isang sulat , ang mas malalaking bahagi ay maaaring isang bahagi na nakatuon sa iisang tema lamang.

Ang Biblia ay hindi orihinal na nahati sa mga kabanata at talata. Noong ika-13 siglo, hinati ni Stephen Langton ang Biblia sa mga kabanata upang mas madali itong pag-aralan. Noong ika-16 siglo naman, inilimbag ni Robert Estienne ang isang Biblia na hinati sa mga talata. Ang paghahati sa mga kabanata at talata ay nakakatulong sa atin upang mas madali nating mapag-aralan ang Biblia. Ngunit minsan, ang mga hati na ito ay hindi eksaktong sumusunod sa tunay na daloy ng teksto. Kaya huwag hayaan na ang mga kabanata ang magdikta sa iyong pag-aaral; sundin mo ang malinaw na pagkakahati ng teksto ayon sa maayos na pagkakasunod-sunod ng mga talata.

Sa araling ito, pag-aaralan natin ang isang talata, ang Nehemias 1:4-11. Magbibigay ito ng isang huwaran para sa iyong pag-aaral sa hinaharap. Matututunan natin ang ilang paraan

ng pag-aaral ng isang talata. Tandaan na hindi lahat ng uri ng pag-aaral ay angkop sa bawat aklat. Ang araling ito ay magbibigay sa iyo ng mga kagamitan na magagamit mo. Habang pinag-aaralan mo ang isang aklat sa Biblia, kailangang mong magpasya, "Aling kagamitan ang pinakamabuti gamitin para sa aklat na ito?"

## Paghanap ng Konteksto ng Talata

Nehemias 1:4-11:

> Nang marinig ko ang mga salitang ito, ako'y umupo, umiyak, at tumangis nang ilang araw; at ako'y nagpatuloy sa pag-aayuno at pananalangin sa harapan ng Diyos ng langit.
>
> Aking sinabi "O, Panginoong Diyos ng langit, ang dakila at kasindak-sindak na Diyos, na nag-iingat ng tipan at ng tapat na pag-ibig sa mga umiibig sa kanya, at nag-iingat ng kanyang mga utos; makinig ka sana ngayon at imulat ang iyong mga mata upang makinig sa dalangin ng iyong lingkod, na aking idinadalangin ngayon sa harap mo araw at gabi para sa mga anak ni Israel na iyong mga lingkod. Aking ipinahahayag ang mga kasalanan ng mga anak ni Israel, na aming nagawa laban sa iyo. Ako at ang aking sambahayan ay nagkasala. Napakasama ng aming nagawa laban sa iyo, at hindi namin iningatan ang mga utos, mga tuntunin, o ang mga batas na iyong iniutos sa iyong lingkod na si Moises.
>
> Alalahanin mo ang salita na iyong iniutos sa iyong lingkod na si Moises, na sinasabi, 'Kapag kayo'y hindi tapat, ikakalat ko kayo sa lahat ng mga bayan; ngunit kung kayo'y manumbalik sa akin, at ingatan ninyo ang aking mga utos at gawin ang mga ito, bagaman ang inyong pagkawatak-watak ay nasa kadulu-duluhang bahagi ng mga langit, aking titipunin sila mula roon at dadalhin ko sila sa lugar na aking pinili upang patirahin doon ang aking pangalan.'
>
> Ang mga ito ang iyong mga lingkod at ang iyong bayan, na tinubos mo sa pamamagitan ng iyong dakilang kapangyarihan at sa pamamagitan ng iyong malakas na kamay. O Panginoon, pakinggan mo nawa ang panalangin ng iyong lingkod na nalulugod na igalang ang iyong pangalan. Pagtagumpayin mo ngayon ang iyong lingkod, at pagkalooban mo siya ng kaawaan sa paningin ng lalaking ito."
>
> Noon ay tagapagdala ako ng kopa ng hari.

Sa pag-aaral ng isang talata, kailangan nating malaman kung ano ang konteksto o kalagayan ng talatang iyon. Sa Nehemias 1:4, makikita natin na kailangan nating balikan ang simula ng kabanata.

> Nang marinig ko **ang mga salitang ito**....

"Ang mga salitang ito" ay humihiling na ating tingnan ang mga naunang talata upang malaman natin kung **anong mga salita** ang narinig ni Nehemias na naging dahilan ng kanyang reaksiyon.

Nehemias 1:1 ang nagbibigay ng konteksto para sa aklat ng Nehemias:

> Ang mga salita ni Nehemias na anak ni Hacalias. Sa buwan ng Chislev, nang ikadalawampung taon, samantalang ako'y nasa Susa na siyang kabisera...

Ang Aralin 2 ay nagbigay ng mga tanong na dapat itanong habang pinag-aaralan ang talatang ito.

**Sino?** "Si Nehemias na anak ni Hacalias." May isa pang Nehemias na binabanggit sa aklat na ito (Nehemias 3:16). Sa paggamit ng apelyido ("anak ni Hacalias"), malalaman natin kung sinong Nehemias ang tinutukoy dito.

**Kailan?** “Sa buwan ng Chislev, nang ikadalawampung taon.” Ayon sa Bible dictionary, ang buwan ng Chislev sa kalendaryong Hebreo ay katumbas ng Nobyembre hanggang Disyembre.[11] Ang “nang ikadalawampung taon” ay hindi agad malinaw dahil hindi natin alam kung ang ibig sabihin ba ng may-akda na ito ay ang ika-dalawampung taon ng buhay ni Nehemias, taon mula sa isang makasaysayang pangyayari, o iba pang sanggunian. Sa puntong ito, maaari nating lagyan ng tandang pananong ang pariralang ito. Sa Nehemias 2, matututunan natin ang kasagutan; “nang ikadalawampung taon ni Artaxerxes na hari.” Nagsimula ang Nehemias sa buwan ng Nobyembre/Disyembre sa ika-dalawampung taon ng paghahari ni Haring Artaxerxes.

**Saan?** Si Nehemias ay nasa "sa Susa na siyang kabisera." Mula sa isang diksyunaryo o aklat ng mga mapa sa mga lugar, malalaman natin na may dalawang palasyo sa Persia. Ang palasyo sa tag-araw ay nasa Ekbatana, at ang palasyo sa taglamig ay ang napakagandang palasyo sa Susa. Ang aklat na ito ay nagsimula noong nasa palasyo ng taglamig si Nehemias kasama ni Haring Artaxerxes sa Susa.

Kung nag-aaral ka gamit ang computer, makatutulong na ayusin mo ang talata para ipakita ang kaugnayan ng bawat parirala. Ganito magiging hitsura ng talata (Nehemias 1:1):

> Ang mga salita ni Nehemias na anak ni Hacalias.
>    Sa buwan ng Chislev,
>    nang ikadalawampung taon,
>    samantalang ako'y nasa Susa na siyang kabisera...

Ang talata 1 ay nagbibigay ng tagpuan kung saan naganap ang aklat ni Nehemias. Ang talata 2 at 3 naman ay nagbibigay ng tagpuan na dahilan ng panalangin ni Nehemias. Habang nasa Susa si Nehemias, “Si Hanani, isa sa aking mga kapatid, ay dumating na kasama ang ilang lalaki mula sa Juda.” Dalawang bagay ang itinanong ni Nehemias:

---

[11] *International Standard Bible Encyclopedia*, 'Kislev', nagamit noong October 6, 2023, https://www.studylight.org/encyclopedias/eng/isb/k/kislev.html.

Tinanong ko sila
tungkol sa mga Judio na natirang buháy, na nakatakas sa pagkabihag,
at tungkol sa Jerusalem.

Sa kanilang tugon, ang mga lalaki na mula Juda ay nag-ulat ng dalawang problema:

- “Ang mga natirang buháy sa lalawigan na nakatakas sa pagkabihag ay nasa isang malubhang kalagayan at kahihiyan.”
- “Ang pader ng Jerusalem ay wasak at ang mga pintuan nito ay natupok ng apoy.”

Ipinapakita nito ang mga suliraning nagganyak kay Nehemias na manalangin. Pagkatapos pag-aralan ang konteksto ng panalangin, handa na tayong magsimula sa pagsusuri tungkol sa mismong nilalaman ng panalangin.

## Mga Detalye na Dapat Hanapin sa Pagbabasa ng Talata

Ang iyong pagsusuri sa isang talata ay nakadepende sa istilo ng sipi. Kung ito ay kwentong kasaysayan nakapalaoob dito ang *sino, ano, kailan,* at *saan.* Ang doktrina ng isang sipi ay kinapapalooban ng mga tanong na may kaugnayan sa katuruan.[12]

Ang Nehemias 1:5-11 ay isang panalangin. Ang kanyang panalangin ay kinapapalooban ng:

- **Pagpupuri** sa "dakila at kasindak-sindak na Diyos, na nag-iingat ng tipan."
- **Pagpapahayag ng kasalanan** para sa “ang mga kasalanan ng mga anak ni Israel, na aming nagawa laban sa iyo."
- **Paghingi** ayon sa pangako ng Diyos "kung kayo'y manumbalik sa akin… aking titipunin sila mula roon at dadalhin ko sila sa lugar na aking pinili upang patirahin doon ang aking pangalan."

Sa bahaging ito, mahalagang mapansin ang mga hindi pangkaraniwang detalye sa sipi. Ang panalangin ni Nehemias ay sinundan ng isang detalye sa talambuhay: “Noon ay tagapagdala ako ng kopa ng hari.” Sa unang tingin tila hindi ito mahalaga, ngunit ang impormasyon na ito ay magiging mahalaga sa takbo ng kuwento.

Sa pag-aaral ng salitang *tagapagdala ng kopa* mula sa diksyunaryo ng Biblia,[13] matutuklasan natin na hindi lamang simpleng alipin ang isang tagapagdala ng kopa; siya ay isang opisyal na may mataas na ranggo at isang pinagkakatiwalaan ng hari.[14]

---

[12] Karamihan sa impormasyong nasa bahaging ito ay inangkop mula sa Kabanata 4 ng J. Scott Duvall at J. Daniel Hays, *Grasping God’s Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2012).
[13] *Holman Bible Dictionary*, 'Cupbearer', nagamit noong October 6, 2023, https://www.studylight.org/dictionaries/eng/hbd/c/cupbearer.html.
[14] J. D. Douglas, *New Bible Dictionary*, (2nd edition), (Wheaton: Tyndale House, 1982)

Anong detalye ang dapat nating mapansin sa isang talata? Tingnan natin kung mayroon ba itong:

### Pangkalahatan tungo sa mga Tiyak na Ugnayan

Maraming talata sa Biblia ang nagsisimula sa isang pangkalahatang pahayag na nilinang sa pamamagitan ng mga tiyak na detalye. Ang mga detalyeng ito ay tumutulong upang mas maipaliwanag at masuportahan ang pangunahing pahayag.

Ang pangkalahatan tungo sa mga tiyak na ugnayan ay karaniwan sa mga liham ni Pablo. Sa Galacia 5:16, ikinumpara niya ang pamumuhay ayon sa Espiritu at pamumuhay ayon sa laman: "Subalit sinasabi ko, lumakad kayo ayon sa Espiritu, at huwag ninyong bigyang-kasiyahan ang mga pagnanasa ng laman." Ang pangkalahatang pahayag na ito ay sinundan ng mga tiyak na halimbawa. Sa Galacia 5:19-21 binanggit niya ang mga gawa ng laman; sa Galacia 5:22-23 ipinakita niya ang bunga ng Espiritu.

Ang ilang mga salaysay ay sumusunod sa pangkalahatan hanggang sa tiyak na tularan. Ang Genesis 1 at 2 ay sumusunod sa tularan na ito, na kumikilos mula sa isang pangkalahatang pahayag patungo sa mga tiyak na detalye. Ito ay may tatlong hakbang:

1. Ang Genesis 1:1 ay nagbibigay ng pangkalahatang pahayag: "Nang pasimula, nilikha ng Diyos ang langit at ang lupa."
2. Ang Genesis 1:3-31 ay nagbibigay ng mas maraming detalye tungkol sa paglikha. Sa unang araw, nilikha ng Diyos ang liwanag; sa ikalawang araw, inihiwalay ng Diyos ang tubig at ang kalangitan; at iba pa.
3. Ang Genesis 2 ay mas lalo pang naging tiyak. Ang nagsasalaysay ay kumilos mula sa pangkalahatang paglikha ng mundo patungo sa tiyak na paglikha ng tao. Mula sa buong mundo patungo sa isang tiyak na lugar, ang Hardin ng Eden. Pati ang paggamit ng pangalan ng Diyos ay nagbago. Sa Genesis 1, ang ginamit ay *Diyos*, isang pangkalahatang pangalan ng kapangyarihan. Sa Genesis 2, ginamit ang pangalan na *PANGINOONG Diyos*, isang personal na pangalan na nagpapakita ng kanyang malapit na ugnayan kay Adan at Eba. [15]

Ang tularan na ito ay karaniwang kumikilos mula sa pangkalahatan hanggang sa tiyak. Minsan binabaligtad ang pagkakasunud-sunod, kumikilos mula sa tiyak patungo sa pangkalahatan. Sa 1 Corinto 13, ibinigay ni Pablo ang mga detalye ng pag-ibig sa mga talata 1-12. Ang kabanata ay nagtatapos sa isang pangkalahatang pahayag na nagbubuod sa pagtuturo ni Pablo: "At ngayon ay nananatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig."

---

[15] Ang pangalang Hebreo na *Elohim* ay isinalin bilang *Diyos* sa mga Tagalog na Biblia; ito ay isang pangkalahatan at maharlikang pangalan. Ang pangalang Hebreo na *Yahweh* ay isinalin bilang "PANGINOON" sa mga Tagalog na Biblia; ito ang personal na pangalan na inihayag sa Exodo 3:14.

**Mga Bahagi ng Tanong at Sagot**

Kapag ang isang talata ay nagsimula sa isang tanong, ang tanong ay nagpapakita ng kahalagahan ng buong talata. Madalas gamitin ang ganitong paraan sa Roma. Sa mga nagsasabing ang biyaya ay nagbibigay ng pahintulot para mamuhay sa kasalanan, tinatanong ni Pablo, "Ano nga ang ating sasabihin? Magpapatuloy ba tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay sumagana?" (Roma 6:1). Pagkatapos ay ipinakita niya na ang biyaya ng Diyos ang nagbibigay-lakas sa Kristiyano para mapagtagumpayan ang kasalanan, "Huwag nawang mangyari. Tayong mga namatay na sa pagkakasala, paano nga tayong mabubuhay pa roon?" (Roma 6:2).

Ang Ebanghelyo ni Marcos ay madalas gumamit ng ganitong istruktura. Sa Marcos 2:1–3:6, limang pangyayari ang nagsisimula sa mga tanong. Apat na beses, ang mga kalaban ang nagtanong. Sa bawat pagkakataon, tumutugon si Jesus ng isang depensa. Sa huling pangyayari, si Jesus naman ang nagtanong at hindi nasagot ng mga Pariseo. Mapapansin natin na ito ang nagbibigay ng istruktura sa malalaking bahagi. Kung wala ito, para lang tayong nagbabasa ng limang magkakahiwalay na kwento. Kapag nakita natin ang istruktura na binuo ng mga tanong at sagot, makikita natin na ang limang kwento ay nagsasama-sama upang makapagbigay ng isang patotoo tungkol sa awtoridad bilang mesiyas ng Anak ng Tao.

1. Pagpapagaling sa isang paralitikong lalaki (Marcos 2:1-12)

   Tanong: "Sino ang makapagpapatawad ng mga kasalanan maliban sa Diyos?"

   Sagot: Ipinakita ni Jesus ang kanyang awtoridad sa pamamagitan ng pagpapagaling sa paralitikong lalaki.

2. Pagkain kasama ng mga makasalanan (Marcos 2:13-17)

   Tanong : "Bakit siya kumakaing kasalo ng mga maniningil ng buwis at ng mga makasalanan?"

   Sagot: "Hindi ako naparito upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan.

3. Pag-aayuno (Marcos 2:18-22)

   Tanong: "Bakit nag-aayuno ang mga alagad ni Juan at ang mga alagad ng mga Fariseo, ngunit hindi nag-aayuno ang iyong mga alagad?"

   Sagot: "Habang kasama pa nila ang lalaking ikakasal, hindi sila maaaring mag-ayuno."

4. Mga kautusan ng Sabbath (Marcos 2:23-28)

   Tanong: "Bakit nila ginagawa ang hindi ipinahihintulot sa araw ng Sabbath?"

Sagot: "Ang Anak ng Tao ay Panginoon maging ng Sabbath."

5. Pagpapagaling sa Sabbath (Marcos 3:1-6)

   Tanong: "Ipinahihintulot ba na gumawa ng mabuti sa araw ng Sabbath, o ang gumawa ng masama?"

   Sagot: Ang mga kalaban ni Jesus ay tumahimik.

**Pag-uusap**

Madalas ipakita ng mga ebanghelyo ang pag-uusap sa pagitan ni Jesus at ng mga tao sa kanyang paligid. Mas mauunawaan natin ang mga turo ni Jesus kung magtatanong tayo ng mga katanungan na tulad ng:

- Sino-sino ang mga kasali sa pag-uusap?
- Sino ang mga nakikinig sa pag-uusap? Paano sila tumugon?
- Anong alitan o sitwasyon ang nagdulot ng pag-uusap?

Sa Mateo 21:23–22:46 makikita natin ang sunod-sunod na usapan sa pagitan ni Jesus at ng kanyang mga kalaban. Ang bawat grupo ay nagtanong ng mga katanungan na ginawa nila para hulihin si Jesus.

- Una, tinanong ng mga pinuno ng relihiyon kung sino ang nagbigay kay Jesus ng awtoridad (Mateo 21:23-46).

- Nagsama ang mga Pariseo at mga Herodiano (na madalas ay magkalaban) para subukang hulihin si Jesus gamit ang tanong tungkol sa pagbabayad ng buwis (Mateo 22:15-22).

- Ang mga Saduseo (na hindi naniniwala na muling mabubuhay ang mga patay) ay nagtanong tungkol sa kasal pagkatapos ng muling pagkabuhay (Mateo 22:23-32).

- Muling sumubok ang mga Pariseo at nagtanong sila kay Jesus tungkol sa mga kautusan (Mateo 22:34-40).

- Sa huli, tinapos ni Jesus ang pagtatalo sa pamamagitan ng pagtatanong din sa kanila ng isang tanong na hindi nila kayang sagutin (Mateo 22:41-46).

Pinanood ng mga tao kung paano sinubukan ng bawat grupo na bitagin si Jesus, at nakita rin nila kung paano napatahimik ni Jesus ang bawat nagtanong. "Nang marinig ito ng napakaraming tao, namangha sila sa kanyang aral" (Mateo 22:33).

Mahalaga ang pag-uusap sa aklat ng Job. Ang aklat na ito ay naglalaman ng usapan sa pagitan ng Diyos at ni Satanas, sa pagitan ni Job at ng kanyang mga kaibigan, at sa pagitan ni Job at ng Diyos.

Ang buong aklat din ng Habakuk ay isang pag-uusap sa pagitan ng propeta at ng Diyos. Ganito ang ayos ng usapan sa aklat na iyon: Nagtanong si Habakuk:

**Nagtanong si Habakuk:** Bakit hinahayaan ng Diyos ang kasalanan ng Juda? (1:1-4)

**Tugon ng Diyos**: Tatalunin ng Babilonia ang Juda (1:5-11).

**Nagtanong si Habakuk:** Paano gagamitin ng Diyos ang masamang Babilonia upang hatulan ang Juda? (1:12–2:1)

**Tugon ng Diyos:** Kailangang mamuhay si Habakuk nang may pananampalataya sa layunin ng Diyos (2:2-20).

### Tono ng Damdamin

Ang tono ng damdamin ay tumutukoy sa mga damdamin na ipinapakita ng may-akda. Ang kasulatan ay higit pa sa impormasyon; ito ay kwento ng ugnayan sa pagitan ng isang mapagmahal na Diyos at ng mga tao na kanyang nilikha. Ang ganito uri ng malapit na ugnayan ay laging kinapapalooban ng damdamin. Ang mga maingat na mambabasa ay nagtutuon ng pansin kung ano ang mga damdamin ng may-akda.

Para malaman ang tono ng damdamin sa isang talata, tingnan natin ang mga salita na nagpapakita ng damdamin (halimbawa: tuwa, lungkot, galit) o ugnayan (halimbawa: ama, anak na lalaki, anak na babae). Pakinggan din natin kung ano ang ipinapadama ng may-akda o ng mga tauhan sa kwento.

► Basahin mo ang Filipos 1:1-8 pagkatapos ay ang Galacia 1:1-9. Ano ang tono ng damdamin sa bawat talatang ito? Mula sa mga ganitong panimula, ano ang masasabi mo tungkol sa ugnayan ni Pablo sa iglesia sa Filipos at sa mga iglesia sa Galacia?

## Ano ang mga Dapat Hanapin Kapag Nagbabasa ng Buong Aklat?

Kapag binabasa natin ang buong aklat, dapat nating tingnan kung ano ang istruktura at mga pangunahing tema ng aklat. Ito ang mga bagay na sa yugtong ito ay dapat nating mapansin:

### Mga Bagay na Binigyang-diin

Makikita natin kung anong mga bagay ang binigyang-diin sa aklat sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga sumusunod:

#### *Kung Gaano Kahaba ang Pagtalakay*

Ang haba ng pagtalakay sa isang paksa ay kadalasang nagpapakita kung gaano kahalaga ang paksa sa may-akda. Sa Genesis, apat na tao ang pinag-aralan sa kabanata 12 hanggang 50 (Abraham, Isaac, Jacob, at Jose). Inihahambing dito ang 11 kabanata lamang ang ginamit upang maikwento ang Paglikha, ang Pagbagsak, ang Baha, at ang Tore ng Babel. Kapag napansin natin ang detalye na ito habang tayo ay nasa yugto ng pagsusuri maihahanda tayo nito sa yugto ng pagpapakahulugan sa “Bakit?”.

Habang binabasa natin ang aklat ng Nehemias, mapapansin natin na ang panalangin ay pinakamahalagang bahagi sa aklat. Sa bawat mahalagang sandali sa buhay ni Nehemias, siya ay nanalangin. Kapag napansin natin ito, mas mauunawaan natin ang ugali ni Nehemias.

### *Ang Ipinahayag na Layunin*

Sa ilang aklat, sinasabi mismo ng may-akda kung ano ang layunin ng kanyang pagsusulat. Ang Mga Kawikaan ay nagsimula sa pamamagitan ng isang mahabang pahayag ng layunin ni Solomon kung bakit niya isinulat ang tinipong karunungan na ito (Mga Kawikaan 1:2-6). Ipinahayag sa Ebanghelyo ni Juan ang kanyang layunin: "upang kayo'y sumampalataya na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos; at sa pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa kanyang pangalan" (Juan 20:31).

### *Ang Ayos ng Kwento*

Sa mga makasaysayang kwento, ang ayos ng mga kwento ay maaaring magpakita ng layunin ng may-akda. Ang 2 Samuel 1-10 ay nagpapahayag ng matagumpay na pamumuno ni David. Nakatala sa 2 Samuel 11 ang kasalanan ni David kay Bathsheba. Mula sa puntong ito, sunod-sunod na ipinakita sa 2 Samuel ang mga kapahamakan na dumating sa kaharian ni David. Ipinapakita ng may-akda sa 2 Samuel na ang mga kapahamakan na ito ay ang paghahatol ng Diyos dahil sa kasalanan ni David.

Nahati naman ang aklat ng Nehemias sa tatlong malalaking bahagi. Sa Nehemias 1-6, itinayo ni Nehemias ang pader ng lungsod. Sa Nehemias 7-12, nakalista ang mga taong bumalik sa Jerusalem mula sa pagkatapon at ang kwento ng kanilang muling pagtanggap sa tipan ng Diyos. Sa Nehemias 13 ipinakita ang mga problemang naganap matapos ang pangalawang pagbabalik ni Nehemias sa Jerusalem. Ang ayos na ito ay nagpapakita na hindi sapat ang pisikal na pagtayo ng pader; kailangan ng Juda ang espirituwal na pagbabago upang matugunan ang orihinal na problema na naging dahilan ng kanilang pagkatapon.

## Mga Bagay na Inulit

Ang pag-uulit ay isang paraan din ng may-akda upang mabigyang-diin ang kanyang mensahe.

### *Mga Inulit na Salita o mga Parirala*

Ang salitang *alalahanin* ay inulit sa buong aklat ng Nehemias. Hiniling ni Nehemias sa Diyos na "alalahanin mo ang salita na iyong iniutos sa iyong lingkod na si Moises" (Nehemias 1:8). Nang bantaan ang mga tao sa Jerusalem, hiniling ni Nehemias sa kanila na "inyong alalahanin ang Panginoon, na dakila at kasindak-sindak" (Nehemias 4:14). Tatlong beses nanalangin si Nehemias na alalahanin siya ng Diyos at ang kanyang katapatan. Mahalaga kay Nehemias ang pag-alala; ang mga ginawa ng Diyos noon ang nagbibigay ng tiwala sa katapatan ng Diyos sa hinaharap.

► Basahin mo ang Awit 119:1-32. Sa bawat talata ay may salitang tumutukoy sa Salita ng Diyos. Mula dito, gumawa ka ng listahan kung ano ang pinaniniwalaan ng salmista tungkol sa kahalagahan ng Salita ng Diyos.

### *Mga Tauhang Paulit-ulit na Lumalabas*

Si Barnabas ay paulit-ulit na lumilitaw sa mahahalagang punto sa aklat ng Mga Gawa. Sa tuwing lumalabas si Barnabas, pinatutunayan niya ang kanyang pangalan na "anak ng pagpapalakas ng loob" (Mga Gawa 4:36). Si Barnabas ang nagdala kay Saul sa mga apostol at siya ang nagpapatotoo sa tunay ang pagbabago ni Saul (Mga Gawa 9:27). Kasama ni Saul, tinulungan ni Barnabas na lumago ang iglesia sa Antioquia (Mga Gawa 11:22-26). Kahit na may pag-aalinlangan si Pablo, pinalakas pa rin ni Barnabas ang loob ng batang si Juan Marcos (Mga Gawa 12:25 at Mga Gawa 15:36-39). Ang paulit-ulit na paglitaw ni Barnabas ay nagpapakita kung paano tinupad ng sinaunang iglesia ang utos ni Jesus na gawing alagad ang mga mananampalataya.

### *Mga Paulit-ulit na Pangyayari o Sitwasyon*

Sa aklat ng Mga Hukom nakapaloob ang paulit-ulit na mga kwento na nagpapakita ng unti-unting pagbagsak ng Israel mula sa dakilang tagumpay noong panahon ni Josue patungo sa kaguluhan ng kanilang lipunan. Pitong beses na paulit-ulit na nangyari ito kung saan gumawa ng masama ang mga anak ng Israel sa mata ng PANGINOON at sila ay natalo ng kanilang mga kalaban. Sa bawat pagkakataon nagpadala ang Diyos ng isang hukom upang siła ay mailigtas. Ang inulit na kwentong ito ay nagpapakita kung paano bumagsak ang Israel bilang isang bayan.

## Pagbabago ng Direksyon

Ang pagbabago ng direksyon ay isang pagbabago sa gustong bigyang-diin ng sumulat. Halimbawa, madalas na binabago ni Pablo ang direksyon ng kanyang sulat sa kalagitnaan ng aklat. Sa Efeso, nagsimula siya sa pagbibigay-diin sa mga ginawa ng Diyos para sa kanyang bayan; sa ikalawang bahagi naman ng Efeso, binibigyang-diin niya kung ano ang dapat gawin ng mga tao bilang pagsunod sa Diyos.

Sa Efeso 1-3, makikita natin ang mga pandiwang nagpapakita kung ano ang ginawa ng Diyos para sa atin. Ang Diyos ay:

- Pinagpala tayo (Efeso 1:3, 6)
- Pinili tayo (Efeso 1:4)
- Plano na mailigtas tayo (Efeso 1:5)

Mula Efeso 4:1, ipinakita naman ni Pablo ang responsibilidad ng mga mananampalataya kung paano sila dapat mamuhay ayon sa ginawang kaligtasan ng Diyos para sa atin. Sa Efeso 4-6, marami sa mga pandiwa ay utos. Ipinag-uutos ni Pablo sa atin na:

- Magsalita ng katotohanan (Efeso 4:25)
- Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo (Efeso 4:30)

- Lumakad kayo sa pag-ibig (Efeso 5:2)
- Maging maingat kayo sa inyong paglakad (Efeso 5:15)
- Igalang mo ang iyong ama at ina (Efeso 6:2)
- Isuot ninyo ang buong kasuotang pandigma ng Diyos (Efeso 6:11)

Ang pagbabago ng direksyon mula sa pagsasaya dahil sa ginawa ng Diyos tungo sa kung paano tayo mamumuhay bilang tugon sa kanyang biyaya ay makikita sa mga pandiwa. Ang maingat na pagsusuri sa mga ganitong pagbabago ang makakapaghanda sa atin upang maayos na maipakahulugan ang mensahe ni Pablo sa Efeso.

**Istrukturang Pampanitikan**

Habang may iba't ibang paraan kung paano inayos ang isang aklat, may tatlong uri ng istrukturang pampanitikan na madaling makilala:[16]

***Istruktura ng Talambuhay***

Ang mga aklat ng kasaysayan sa Biblia ay madalas nakaayos ayon sa mga tiyak na tao. Ang kuwento ay umiikot sa mga pangyayari sa buhay ng isang tao. Halimbawa:

| **Genesis 12-50: Apat na Dakilang Tao** | |
|---:|---|
| **Mga Kabanata** | **Tao** |
| Genesis 12-25 | Abraham |
| Genesis 25-26 | Isaac |
| Genesis 27-36 | Jacob |
| Genesis 37-50 | Jose |

[16] Ang impormasyong ito ay inangkop mula sa Kabanata 15 ng Howard G. Hendricks at William D. Hendricks, *Living by the Book* (Chicago: Moody Publishers, 2007).

Sa 1 at 2 Samuel makikita natin ang kwento ng pag-angat at pagbagsak ng unang dalawang hari ng Israel, sina Saul at David.

| 1 **& 2 Samuel: Mga Unang Hari ng Israel** | |
|---|---|
| **Mga Kabanata** | **Pag-angat at Pagbagsak ng mga Hari** |
| 1 Samuel 1-8 | Propetang si Samuel |
| 1 Samuel 9-12 | Pag-angat ni Saul |
| 1 Samuel 13-31 | Pagbagsak ni Saul at pag-angat ni David |
| 2 Samuel 1-10 | Mga tagumpay ni David |
| 2 Samuel 11-24 | Mga paghihirap ni David |

***Istruktura ng Heograpiya***

Ang heograpiya ang nagbibigay ng istruktura sa ilang mga aklat. Umuusad ang kwento habang may mga pangyayari sa iba't ibang lokasyon. Makakatulong ang aklat ng mga mapa sa mga lugar sa Biblia na ibalangkas ang istruktura ng mga aklat na ito.

| **Exodo: Paglalakbay ng Israel** | |
|---|---|
| **Sipi** | **Lokasyon** |
| Exodo 1:1-3:16 | Ang Israel sa Egipto |
| Exodo 13:17-18:27 | Ang Israel sa disyerto |
| Exodo 19-40 | Ang Israel sa Bundok Sinai |

Inutusan ni Jesus ang kanyang mga alagad na maging saksi “sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa” (Mga Gawa 1:8). Sa aklat ng Mga Gawa makikita natin kung paano tinupad ng sinaunang iglesia ang utos na ito.

| **Mga Gawa: Napaabot ang Ebanghelyo sa Mundo** | |
|---|---|
| **Mga Kabanata** | **Lokasyon** |
| Mga Gawa 1-7 | Jerusalem |
| Mga Gawa 8-12 | Judea at Samaria |
| Mga Gawa 13-28 | Sa dulo ng mundo |

### *Istruktura ayon sa Kasaysayan o Kronolohiya*

Ang ilang aklat sa Biblia ay nakaayos batay sa mahahalagang pangyayari sa kasaysayan, kadalasan ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga ito. Ang pagmamarka ng mga pangyayaring ito ang magbibigay ng kabuuang daloy ng aklat.

Makikita sa aklat ng Josue ang pananakop at paninirahan ng mga Israelita sa lupain ng Canaan. Ang istrukturang ito ng Josue ay sinundan ng mga pangunahing pangyayari ng pananakop:

- Pagtawid sa Canaan (Josue 1-5)
- Pagkabihag ng Jerico (Josue 6)
- Pagkatalo sa Ai (Josue 7-8)
- Pagpapanibago ng Tipan sa Shechem (Josue 9)
- Ang Kampanya sa Timog Canaan (Josue 10)
- Ang Kampanya sa Hilagang Canaan (Josue 11-12)
- Paghati-hati at Paninirahan sa Lupain (Josue 13-23)
- Pagpapanibago ng Tipan sa Shechem (Josue 24)

Ang layunin ni Juan sa pagsulat ng kanyang ebanghelyo ay nakasaad sa dulo ng aklat. "Gumawa si Jesus ng marami pang ibang mga tanda sa harapan ng kanyang mga alagad, na hindi naisulat sa aklat na ito. Ngunit ang mga ito ay isinulat upang kayo'y sumampalataya na si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos; at sa pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa kanyang pangalan" (Juan 20:30-31). Ang ebanghelyo ni Juan ay nakaayos ayon sa pitong himala na tumutupad sa kanyang layunin. Ang pitong tandang ito ang nagsilbing istruktura ng buong aklat:

- Ginawang alak ang tubig (Juan 2:1-12)
- Pinagaling ang anak ng opisyal (Juan 4:46-54)
- Pinagaling ang lalaki sa Bethesda (Juan 5:1-47)
- Pinakain ang 5,000 (Juan 6:1-14)
- Lumakad siya sa ibabaw ng tubig (Juan 6:15-21)
- Pinagaling ang lalaki na isinilang na bulag (Juan 9:1-41)
- Ang muling pagbuhay kay Lazaro (Juan 11:1-57)
- Muling pagkabuhay ni Jesus (Juan 20:1-31)

## Makita ang Kabuuang Larawan

Hanggang sa puntong ito, nakita natin ang mga detalye sa bawat talata, malalaking bahagi, at buong aklat.[17] Ang huling hakbang sa pagsusuri ay ayusin ang lahat ng nakita natin sa pagsusuri sa paraan na madaling gamitin. Isa sa pinakamagandang paraan upang gawin ito ay ang paggamit ng isang talaan ng buod. Makikita dito ang mga kaugnayan sa loob ng

[17] Ang impormasyong nasa bahaging ito ay batay sa Kabanata 24-25 ng Howard G. Hendricks at William D. Hendricks, *Living by the Book* (Chicago: Moody Publishers, 2007).

malalaking bahagi ng kasulatan. Mabibigyan ka rin dito ng malinaw na buod upang mapaghandaan ang yugto ng pagpapakahulugan sa pag-aaral ng Biblia.

May iba't ibang paraan kung paano ayusin ang talaan na ito. Ang mga bahagi na ilalagay mo sa talaan ay depende sa istilo ng sipi na iyong pinag-aaralan. Sa bahaging ito, gagamit tayo ng ilang uri ng talaan upang makita mo kung paano nakakatulong ang talaan sa pag-aaral ng Biblia.

**Paggamit ng Talaan Para sa Magkakasunod na mga Pangyayari**

Nabanggit na kanina na ang paghahati ng kabanata ay hindi laging katulad ng tamang pagkakahati ng aklat. Ang talaan na nagpapakita ng kaugnayan ng mga pangyayari ay nagpapakita rin ng pagkakaisa ng ilang mga pangyayari sa iba't ibang kabanata. Madalas ipakita nito kung ano ang pagkakatulad o pagkakasalungat sa pagitan ng mga pangyayari.

Sa Marcos 4:35 — Marcos 5:42 makikita ang apat na magkakasunod na himala. Kung ihahambing mo ang apat na kwento, makikita mo sa kwento ang pagkakaiba ng kawalan ng pananampalataya ng mga alagad ni Jesus sa bagyo at ang hindi inaasahang pananampalataya ng ilang tao: isang lalaking sinapian ng demonyo, isang babaeng dinudugo, at isang pinuno ng sinagoga. Ipinapakita rito ni Marcos na ang mga alagad ang saksi sa bawat kwento ng dakilang pananampalataya. Tingnan mo ang apat na kwento ito nang magkakatabi:

<table>
<tr><th colspan="3">Apat na Himala</th></tr>
<tr><th>Ang Himala</th><th>Mga Tao sa Kwento</th><th>Papel ng Pananampalataya</th></tr>
<tr><td>Pinatigil ang bagyo</td><td>• Si Jesus<br>• Mga alagad</td><td>Walang pananampalataya ang mga alagad (Marcos 4:40).</td></tr>
<tr><td>Pinagaling ang lalaking sinapian ng demonyo</td><td>• Si Jesus<br>• Ang lalaking sinapian ng demonyo<br>• Ang mga taga-bayan<br>• Ang mga alagad (nanonood)</td><td>• Ang lalaki ay sumamba kay Jesus (Marcos 5:6) at nagpatotoo tungkol kay Jesus (Marcos 5:18-20).<br>• Ang mga taga-bayan ay tumanggi kay Jesus (Marcos 5:17).</td></tr>
<tr><td>Pinagaling ang babaeng dinudugo</td><td>• Si Jesus<br>• Ang babae<br>• Mga alagad (nanonood)</td><td>May pananampalataya ang babae at siya mismo ang lumapit upang hawakan si Jesus (Marcos 5:28, 34)</td></tr>
<tr><td>Ang muling pagbuhay sa anak ni Jairo</td><td>• Si Jesus<br>• Si Jairo at ang kanyang anak na babae<br>• Ang mga nagluluksa<br>• Sina Pedro, Santiago, Juan</td><td>Si Jairo ay may pananampalataya (Marcos 5:23).</td></tr>
</table>

***Ikaw Naman***

Gumawa ka ng talaan batay sa Mateo 13:1-23.


1. Basahin mo ang kwento nang tatlong beses.
2. Markahan mo ang lahat ng pagsusuri na iyong mahahanap.
3. Punan mo ang talaan gamit ang mga pangunahing ideya sa talinghaga.

Tandaan, hindi ang paggawa ng talaan ang pinakalayunin mo; ang talaan ay isang kagamitan lamang upang makatulong sa iyong pag-aaral at pagsasabuhay ng Salita ng Diyos. Ang layunin sa pag-aaral ng Biblia ay ang pagbabago. Sa pag-aaral mo ng talinghagang ito, itanong, "Anong uri ako ng lupa? Hinahayaan ko bang mamunga ang Salita ng Diyos sa aking buhay?"

| **Mateo 13:1-23 - Ang Talinghaga ng mga Lupa** | | | |
|---|---|---|---|
| **Uri ng Lupa** | **Pagtubo** | **Mga Hadlang sa Pagtubo** | **Bunga** |
| Ang daanan | Walang paglago - agad na nakuha ang binhi. | Hindi naunawaan ang katotohanan. Ang lupa ay matigas. | Walang bunga |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

*Ikaw Naman*

Basahin ang Marcos 5:21-43. Isa itong kwento na may dalawang himala. Ang kwento ng babaeng dinudugo ay pumasok sa gitna ng kwento ni Jairo at ng kanyang anak na babae. Ano ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang kwentong ito? Ganito ang magiging ayos ng istruktura:




| **Marcos 5:21-43: Mga Paghahambing at Pagkakaiba** | | |
|---|---|---|
| | **Si Jairo** | **Babaeng Dinudugo** |
| **Paghahambing** | Ipinakita ang dakilang pananampalataya | Ipinakita ang dakilang pananampalataya |
| | | |
| | | |
| **Pagkakaiba** | Isang lalaki na may awtoridad | Isang babaeng walang katayuan sa lipunan |
| | Lumapit kay Jesus sa harap ng publiko. | Palihim na lumapit kay Jesus. |
| | | |
| | | |

**Paggawa ng Talaan para sa Buong Aklat**

Malaking tulong din ang talaan sa pagbubuod ng buong aklat. Maipapakita dito ang kabuuan ng aklat. Sa paggawa ng talaan, basahin mo nang ilang beses ang buong aklat. Tingnan mo ang malalaking bahagi. Habang ikaw ay nagbabasa, markahan mo ang mga inulit na salita, mga tanong at sagot, at iba pang mga kaugnayan na nagpapakita ng istruktura ng aklat.

| **Isang Pag-aaral sa 1 Pedro – Pagpapalakas ng Loob sa mga Kristiyanong Dumaranas ng Paghihirap** | | |
|---|---|---|
| **Kaligtasan (1:1–2:10)** | **Pagpapasakop (2:11–3:12)** | **Paghihirap (3:13–5:11)** |
| • Mga pribilehiyo ng kaligtasan (1:2-12)<br>• Mga bunga ng kaligtasan (1:13-25)<br>• Proseso ng kaligtasan (2:1-10) | • Sa estado (2:13-25)<br>• Sa pamilya (3:1-12) | • Bilang isang mamamayan (3:13–4:6)<br>• Bilang isang mananampalataya (4:7-19)<br>• Bilang isang pastol (5:1-11) |
| **Ang Patutunguhan ng Kristiyano** | **Ang Tungkulin ng Kristiyano** | **Ang Disiplina ng Kristiyano** |

Ang tatlong malalaking bahaging sa 1 Pedro ay magkakaugnay. Hindi natin mauunawaan ang paghihirap (3:13–5:11) hangga’t tayo ay hindi nagpapasakop sa kalooban ng Ama (2:11–3:12); at hindi tayo makakapagpasakop sa Ama hangga’t hindi natin naranasan ang Kanyang kapangyarihan na magligtas (1:1–2:10).

***Ikaw Naman***

Gumawa ng talaan tungkol sa Efeso. Ang talaan na ito ay makakatulong sa iyo upang sundan ang apat na tema sa sulat ni Pablo. Narito ang isang halimbawa. Kapag natapos mo na ito, itanong:

- Ano ang kaugnayan sa pagitan ng bawat tema?
- Ang isa ba sa mga tema na ito ay mas mahalaga kaysa sa iba?
- Paano nauugnay ang bawat tema sa kabuuan ng istruktura ng aklat?

| Tema | Mga Talata sa Temang ito | Buod ng katuruan ni Pablo |
|---|---|---|
| **Biyaya** | | |
| **Si Satanas** | 2:1-2 | |
| **Ating Pamumuhay** | | |
| **Panalangin** | | |

## Mahahalagang Punto sa Aralin 3

(1) Itutuloy mo ngayon ang proseso ng pagsusuri sa pamamagitan ng pag-aaral ng isang talata at pagkatapos ay ang buong aklat. Ang Biblia ay hindi orihinal na nahati sa mga kabanata at talata. Kaya dapat mong siguraduhin na sinusundan mo ang likas na pagkakahati ng teksto sa iyong pag-aaral.

(2) Kapag nagbabasa ka ng isang talata, hanapin mo ang:

- Pangkalahatan tungo sa mga tiyak na ugnayan
- Mga Bahagi ng tanong at sagot
- Pag-uusap
- Tono ng Damdamin

(3) Kapag nagbabasa ka ng isang buong aklat, hanapin mo ang:

- Mga bagay na binigyang-diin. Maaaring bigyang-diin ng manunulat ang mga bagay na may:
    - Kung gaano kahaba ang pagtalakay
    - Ang ipinahayag na layunin
    - Ang ayos ng kwento
- Mga bagay na inulit.
    - Mga inulit na salita o mga parirala
    - Mga tauhang paulit-ulit na lumalabas
    - Mga paulit-ulit na pangyayari o sitwasyon
- Pagbabago ng direksyon.
- Istrukturang Pampanitikan.
    - Istruktura ng Talambuhay
    - Istruktura ng Heograpiya
    - Istruktura ayon sa kasaysayan o kronolohiya

(4) Ang paggawa ng talaan ng isang bahagi ng kasulatan o ng buong aklat ay nakakatulong upang mas malinaw mong makita ang istruktura nito.

## Takdang-Aralin sa Aralin 3

Sa Aralin 1, pumili ka ng isang bahagi ng kasulatan na pag-aaralan mo sa buong kurso. Gamit ang mga hakbang na itinuro sa aralin na ito, gumawa ng maraming pagsusuri na kaya mo tungkol sa kasulatan na iyong napili. Tandaan, hindi ka pa gumagawa ng pagpapakahulugan ng talata o naghahanda ng balangkas ng isang sermon. Ang ginagawa mo pa lang ay ang pagtingin sa mga detalye ng talata. Kung makakatulong, gumawa ka ng talaan na magbubuod ng iyong mga pagsusuri. Kung nag-aaral kayo bilang grupo, ibahagi ang iyong mga pagsusuri sa inyong susunod na pagkikita.

# Aralin 4
# Pagpapakahulugan: Panimula

## Mga Layunin ng Aralin

(1) Maunawaan ang kahalagahan ng tamang pagpapakahulugan ng kasulatan.

(2) Makilala ang ilan sa mga hamon na nagpapahirap sa pagpapakahulugan ng Biblia.

(3) Magkaroon ng kamalayan sa mga karaniwang pagkakamali na nagdudulot ng maling pagpapakahulugan.

(4) Mapanatili ang kababaang-loob at pagtanggap sa iba't ibang opinyon sa pagpapakahulugan ng Biblia.

## Panimula

Naalala mo pa ba si Hun Hao mula sa Aralin 1? Araw-araw siyang nagbabasa ng Biblia ngunit hindi niya naririnig ang boses ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang binabasa. Ano ang mali? Si Hun Hao ay walang proseso para sa pagpapakahulugan ng kung ano ang kanyang binabasa. Siya ay nagbabasa ngunit hindi nakakaunawa.

Ang Mga Gawa 8 ay nagsasabi ng kuwento tungkol sa isang lalaki na nagbabasa pero hindi niya nauunawaan ang binabasa niya. Si Felipe, isang deakono sa unang iglesya, ay pinangunahan ng Banal na Espiritu papunta sa daang disyerto na mula Jerusalem patungong Gaza. Doon niya nakasalubong ang isang opisyal na taga-Etiopia na pauwi mula sa pagsamba sa Templo sa Jerusalem. Binabasa ng opisyal ang aklat ni Isaias habang siya ay naglalakbay.

> "Bigyan mo ako ng pang-unawa upang aking maingatan ang kautusan mo, at akin itong susundin ng buong puso ko."
>
> - Awit 119:34

Tinanong ni Felipe ang opisyal na ito, "Nauunawaan mo ba ang binabasa mo?" (Mga Gawa 8:30). Tumugon ang opisyal, "Paano nga ba, malibang may tumulong sa akin?" (Mga Gawa 8:31). Habang ipinapaliwanag ni Felipe ang Salita ng Diyos, ang lalaki ay sumampalataya na si Jesus ang Anak ng Diyos at nagpabautismo bilang bagong mananampalataya.

Ang malaman kung paano dapat ipakahulugan ang ating binabasa ay napakahalaga. Sa mga susunod na aralin pag-aaralan natin ang proseso ng pagpapakahulugan sa kasulatan. Matututo tayo ng mga praktikal na hakbang para sa pagpapakahulugan.

## Ang Kahalagahan ng Pagpapakahulugan

May tatlong hukom na nag-uusap tungkol sa kanilang trabaho sa korte. Sabi ng unang hukom, "May mga taong may sala at may mga taong inosente. Tinutukoy ko lang kung sino sila." Naniniwala ang hukom na ito na may tiyak na katotohanan. May mga taong may sala at may inosente, at ang trabaho ng isang hukom ay sabihin lang kung ano ang totoo.

Sabi naman ng pangalawang hukom, "May mga taong may sala at may inosente. Sinusubukan kong malaman kung ang taong ito ba ay may sala o inosente." Naniniwala rin ang hukom na may tiyak na katotohanan, ngunit naiintindihan din niya na maaari siyang magkamali sa kanyang opinyon tungkol sa isang tao.

Sabi ng pangatlong hukom, "Ang tao ay walang sala o inosente hangga't hindi ko sinasabi ang aking hatol." Ang hukom na ito ay hindi naniniwala sa tiyak na katotohanan. Naniniwala siya na ang kanyang pahayag ay sapat na para gawing totoo ang isang bagay.

Nakakalungkot, dahil maraming Kristiyano ngayon ang naniniwala na ang kasulatan ay walang tiyak na kahulugan. Sinasabi nila, "Yung totoo sa iyo ay maaaring hindi totoo para sa akin." Sa pananaw na ito, ang bawat mambabasa ang lumilikha ng sarili nilang "katotohanan". Akala nila ang pahayag sa Biblia ay mangangahulugan ng kahit ano na gusto nilang ipakahulugan.

Tulad ng pangalawang hukom sa kwento, kailangang maintindihan ng Kristiyano ang dalawang mahalagang bagay:

1. Ang ibig sabihin ng kasulatan ay tiyak, at ang ating trabaho ay ang subukan na maunawaan ang katotohanan ng Diyos sa teksto.
2. Ang ating pag-unawa ay limitado. Dahil dito, maaaring maging mali ang ating pagpapakahulugan. Tayo ay dapat na mapagpakumbaba.


Sa yugto ng **pagsusuri**, ang tanong natin ay, "Ano ang nakikita ko sa teksto?" Sa **pagpapakahulugan** naman, ang tanong natin ay, "Ano ang ibig sabihin ng teksto?" Mamaya, titignan natin ang **pagsasabuhay** ng kasulatan na ito.

Sinisimulan natin ang proseso ng pagpapakahulugan sa tanong na, "Ano ang ibig sabihin ng may-akda?" Inihahanda tayo nito para sa susunod na tanong, "Ano ang ibig sabihin ng kasulatang ito sa akin?"

## Mga Hamon sa Tamang Pagpapakahulugan

Maraming hamon sa isang modernong mambabasa sa pagpapakahulugan ng isang sinaunang teksto tulad ng Biblia. Ang haba ng panahon at distansya na naghihiwalay sa atin at sa orihinal na may-akda ang nagpapahirap sa pagpapakahulugan. Magkaiba ang wika natin. Magkaiba rin ang kultura natin kaysa sa kultura ng mga may-akda ng Biblia.

**Pagpapakahulugan ng Biblia [18]**



Ang larawang ito ay nagpapakita ng mga hamon sa pagpapakahulugan ng Biblia para sa panahon natin ngayon. Ang Biblia ay isinulat para sa sinaunang mundo (1). Ang mga unang mambabasa ay nabuhay sa ibang kultura kaysa sa atin ngayon. Ang ilog (2) na naghihiwalay sa kanilang mundo sa ngayon ang nagpapahirap para sa atin na maunawaan ang Biblia. Ang ilog na ito ay gawa ng mga pagkakaiba sa pagitan ng ating kultura at ng mundo ng Biblia. Ano ang mga pagkakaiba sa pagitan ng isang modernong mambabasa at ng orihinal na may-akda?

## Mga Pagkakaiba sa Wika

Ang Biblia ay isinulat sa tatlong wika: Hebreo, Griego, at Aramaiko. Ngayon, binabasa natin ang Biblia sa sarili nating wika. Kaya nagkakaroon ng distansya sa pagitan natin at ng may-akda. Ang sinumang marunong magsalita ng ibang wika ay nakakaunawa kung gaano kahirap ang pagkakaiba ng wika.

## Mga Pagkakaiba sa Kultura

Katulad ng kahirapan sa pagkakaiba ng wika ay ang kahirapan ng pagkakaiba ng kultura. Ang mga taong may-akda ng kasulatan ay bahagi ng isang kultura na maaaring ibang-iba sa ating mundo. Sa pag-aaral natin ng kasulatan, dapat nating itanong, "Ano ang

[18] Larawan: "Interpreting the Bible" iginuhit ni Anna Boggs, makukuha mula sa https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52377290578, licensed under CC BY 2.0. Concept from J. Scott Duvall and J. Daniel Hays, *Grasping God's Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2012)

matututuhan ko tungkol sa kultura ng sinaunang daigdig na tutulong sa akin na mas maunawaan at mabigyang-kahulugan ang mensahe ng Biblia?”

### Hindi Bihasa sa Heograpiya

Ang mga pangyayari sa Biblia ay nangyari sa tunay na mga tao sa tunay na mga lugar. Kapag alam natin ang heograpiya, mas madali nating matawid ang ilog na naghihiwalay sa mundo nila at mundo natin.

Ang kaalaman na ang daan mula Jerico hanggang Jerusalem ay dumadaan sa mapanganib na bulubunduking lugar ang nagpapaliwanag kung bakit naging maingat ang pari at ang Levita (Lucas 10:31-32). Ipinapakita rin dito kung gaano kahanga-hanga ang habag ng isang Samaritano na isinugal ang sarili niyang kaligtasan upang tulungan ang isang taong nasugatan (Lucas 10:33-34).

May mga mambabasang nagtanong, “Bakit nagduda ang mga alagad sa kakayahan ni Jesus na pakainin ang 4,000 sa Marcos 8, pagkatapos niyang pakainin ang 5,000 sa Marcos 6?” Isang mapa ang nagbibigay ng sagot. Sa Marcos 7, naglakbay si Jesus patungong Decapolis, isang lugar na tinitirhan ng mga Hentil. Ang tanong ng mga alagad ay hindi “**Kaya ba** ni Jesus pakainin ang mga taong ito?” kundi “**Papakainin ba** niya ang mga ito?” Hindi sila naniniwala na karapat-dapat din ang mga Hentil na makatanggap ng parehong himala. Hindi pa nila nauunawaan na dumating si Jesus para sa lahat ng tao.

| | **Marcos 6** | **Marcos 7** | **Marcos 8** |
|---|---|---|---|
| **Lugar** | Galilea | *PAGLALAKBAY* | Decapolis |
| **Mga Tao** | Mga Judio | - | Mga Hentil |

Sinasabi sa Marcos 4 kung paano pinatahimik ni Jesus ang isang malakas na bagyo sa Dagat ng Galilea. Sa isang aklat ng mga mapa sa mga lugar sa Biblia, malalaman natin na ang Dagat ng Galilea ay isang malaking lawa, na nasa 210 metro ang lalim mula sa lebel ng dagat. Dahil sa mas mataas na paligid ng lawa na parang imbudo, ang hangin ay madalas na bumubuo ang malalakas na bagyo sa loob lamang ng ilang minuto. Bilang mga mangingisda na buong buhay na nagtrabaho sa dagat na ito, sanay na ang mga disipulo sa mga malalakas na bagyo. Kaya nang matakot sila para sa kanilang mga buhay ang ibig sabihin ay hindi ito isang ordinaryong bagyo. Isa itong sobrang lakas na bagyo, ngunit ilang salita lang ang sinabi ni Jesus ang nagpanumbalik sa katahimikan ng dagat. Kaya't hindi na nakapagtataka na sinabi nila, "Sino nga ito, na pati ang hangin at ang dagat ay sumusunod sa kanya?" (Marcos 4:36-41).

### Hindi Bihasa sa mga Anyo ng Panitikan

Bawat uri ng panitikan sa Biblia ay dapat basahin sa iba’t ibang paraan. Kapag binabasa natin ang Roma, kailangang sundan natin nang maigi ang paliwanag ni Pablo kung paano tayo ginagawang matuwid sa harap ng Diyos. Kapag naman parabula ang binabasa natin,

nakikinig tayo sa isang tagapagsalaysay na nagtuturo gamit ang isang kahanga-hangang kwento.

### Pagwawakas

Tingnan mong muli ang larawan. Kahit may ilog ng pagkakaiba sa wika, kultura, heograpiya, at panitikan na naghihiwalay sa atin, ang Biblia ay may mensaheng para sa lahat ng kultura. Ito ang tulay (3) na tumatawid sa ilog. Ang tulay na ito ay binubuo ng mga prinsipyo na itinuturo ng Biblia. Ang mga prinsipyong ito ay totoo at naaangkop para sa lahat ng kultura sa lahat ng panahon.

Ang mapa (4) ay nagtuturo sa atin na alamin kung nasaan tayo sa kwento ng Biblia. Sa pagdating ni Cristo, natupad ang maraming hula at kautusan sa Lumang Tipan. Kapag naaalala natin ito mababago nito kung paano tayo nagpapakahulugan at isinasabuhay ang mga sipi na ito sa kasulatan.

Sa wakas, dumating tayo sa mundo natin ngayon (5). Sa hakbang na ito, tatanungin natin kung paano ang prinsipyo na nakita natin (3) ay maisasabuhay sa ating mundo.

Babalikan natin ang larawang ito sa mga susunod na mga aralin. Sa ngayon, ikaw ay dapat na magkaroon ng kamalayan sa mga hakbang.

## Mga Karaniwang Pagkakamali ng mga Nagpapakahulugan ng Biblia

May mga ilang pagkakamali ang karaniwang magagawa ng mga nagpapakahulugan ng Biblia.

### Maling Pagbasa ng Teksto

Ang ilang mga mangangaral ay nangaral na sinabi ni Pablo na, "Ang pera ang ugat ng lahat ng kasamaan." Ngunit hindi 'yan ang sinabi ni Pablo! Sinabi niya, "**Sapagkat ang pag-ibig sa salapi** ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan" (1 Timoteo 6:10). Maaaring may pera ka ngunit ito ay hindi mo minamahal, at posible rin na mahalin ang pera kahit konti lang ang meron ka. Ang babala ni Pablo ay hindi talaga tungkol sa pera; kundi tungkol sa puso na pinamumunuan ng pag-ibig sa pera.

May mga Kristiyanong mali sa pagkabasa ng Awit 37:4 na nagsasabing, "Ipinapangako ng Diyos na ibibigay niya ang gusto ng puso ko. Gusto kong yumaman, kaya yayaman ako." Sinabi ng Salmista na, "**Sa Panginoon** ikaw ay magpakaligaya, at ang mga nasa ng iyong puso sa iyo'y ibibigay niya." Ang pangako sa awit ay kung ang kaligayahan natin ay ang Panginoon, ang ibibigay ng Diyos ang magpapasaya sa atin – ang Panginoon. Nang maglaon, sinabi rin ni Jesus na kung tayo ay nagugutom at nauuhaw, tayo'y bubusugin – ng katuwiran (Mateo 5:6). Hindi ito pangako ng kaunlaran sa pananalapi; ito ay isang pangako ng isang bagay na mas mabuti – espirituwal na kaunlaran.

Ang unang hakbang na ating natutunan sa kursong ito ay pagsusuri. Kailangang tama ang ating mga pagsusuri, dahil kung hindi, mali rin ang magiging pagpapakahulugan natin. Mag-

ingat tayong huwag maliin ang pagkakabasa sa teksto. May nagsabi na ang unang tatlong hakbang sa pag-aaral ng Biblia ay:

1. Basahin mo ang teksto.
2. Basahin mo ulit ang teksto.
3. Pagkatapos ng Hakbang 2, basahin mo ulit ang teksto!

**Pagbaluktot ng Ibig Sabihin ng Teksto**

Sa buong kasaysayan, may mga huwad na tagapagturo na binabaluktot ang kasulatan para ipagtanggol ang kanilang kamalian. Nagbabala si Pablo na ang ilang mga tao ay babaluktutin ang kanyang turo sa pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya lamang upang ipagtanggol ang kanilang pagnanais na magpatuloy sa sinasadyang kasalanan (Roma 6:1-2). May mga panahon na ginamit ng mga tao ang kasulatan para ipagtanggol ang pang-aalipin o pagpatay ng gobyerno sa isang lahi. Sa panahon ngayon, may mga ebanghelista na binabaluktot ang mga pangako ng Diyos at ginagawa itong mensahe ng kasaganaan na salungat sa tunay na turo ng kasulatan.

Si Pedro ay nagbabala din laban sa mga taong bumabaluktot ng kasulatan na ikapapahamak nila (2 Pedro 3:16). Ganoon din si Santiago, nagbabala siya na mabigat ang responsibilidad ng mga nagtuturo (Santiago 3:1). Tayo na nagtuturo ng Biblia ay kailangang mag-ingat na hindi natin baluktutin ang kasulatan para suportahan ang mga huwad na ideya.

**Pagbibigay ng Kathang-isip na Kahulugan**

Ang kwento ng tatlong hukom ay nagpapakita ng isa pang karaniwang pagkakamali sa mga nagpapakahulugan ng Biblia: ang ideya na ang kahulugan ng kasulatan ay nanggagaling lamang sa sariling imahinasyon ng mambabasa. May mga tao na ang tinatanong lamang ay, "Ano ba ang **nararamdaman** ko na ibig sabihin ng kasulatan?" Bagamat mahalaga ang damdamin, ang tunay na katotohanan ng kasulatan ay nasa mismong sinulat ng may-akda, hindi sa nararamdaman ko tungkol sa sinulat niya.

**Sobrang Tiwala sa Sarili**

Masyadong nagtitiwala ang isang nagpapakahulugan sa kanyang sariling katwiran kung inaakala niya na hindi siya maaaring magkamali. Nag-aaral tayo ng Salita para malaman natin ang tamang kahulugan ng teksto; gayunpaman, tayo ay dapat na magkaroon ng kababaang-loob na aminin kung tayo ay mali. Walang sinuman ang nagtataglay ng lahat ng kasagutan.

Napakahalaga ng kababaang-loob sa pagpapakahulugan. Habang pinag-aaralan mo ang Biblia, makikita mo na may mga bahagi na hindi pagkakasunduan ng kahit na mga tapat na Kristiyano. Hindi ibig sabihin nito na may isang grupo na sadyang binabaluktot ang kasulatan; maaaring ito ay tapat na hindi pagkakaintindihan ng dalawang grupo na pareho namang naniniwala sa katotohanan ng kasulatan. Kaya tayo ay dapat na mapagpakumbaba sa ating pagpapakahulugan at igalang din natin ang ibang opinyon ng mga tao.

**Ikaw Naman**

Nasa ibaba ang ilang maling pahayag na sinasabi ng mga tao, na nag-aakalang sinisipi nila ang kasulatan. Upang magkaroon ng higit na pagpapahalaga sa maingat na pagbabasa, hanapin ang teksto na binaluktot sa bawat halimbawa at pansinin kung ano talaga ang sinasabi ng Biblia. Ang unang halimbawa ay nakumpleto na para sa iyo.

| Ano ang Sinasabi ng Ilang Tao | Ano ang Sinasabi ng Biblia |
|---|---|
| "Ang pera ay ugat ng lahat ng kasamaan." | "Ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan" (1 Timoteo 6:10). |
| "Ang trabaho ay isang sumpa." | |
| "Hindi ka bibigyan ng Diyos ng pagsubok na di mo kaya." | |

**Mahahalagang Punto sa Aralin 4**

(1) Sa pagpapakahulugan tinatanong natin, "Ano ang ibig sabihin ng teksto?"

(2) Ilan sa mga hamon na nagpapahirap sa pagpapakahulugan ay ang:

- Mga pagkakaiba sa wika
- Mga pagkakaiba sa kultura
- Hindi bihasa sa heograpiya
- Hindi bihasa sa mga anyo ng panitikan

(3) Ilan sa mga pagkakamali na nagging sanhi ng maling pagpapakahulugan ay ang:

- Maling pagbasa ng teksto
- Pagbaluktot ng ibig sabihin ng teksto
- Pagbibigay ng kathang-isip na kahulugan
- Sobrang tiwala sa sarili

# Aralin 5
# Pagpapakahulugan: Konteksto

## Mga Layunin ng Aralin

(1) Maunawaan ang kahalagahan ng makasaysayan-kultural na pinagmulan sa tamang pagpapakahulugan ng kasulatan.

(2) Gumamit ng mga tanong upang matuklasan ang makasaysayan-kultural na pinagmulan ng isang sipi.

(3) Kilalanin kung paano nauugnay ang isang talata sa mga nakapaligid na talata dito.

(4) Maiwasan ang mga karaniwang pagkakamali kapag pinag-aaralan ang konteksto.

## Panimula

► May salita ka bang alam sa iyong wika na may maraming kahulugan? Kapag ginagamit ang salitang iyon, paano mo nalalaman kung ano ang ibig sabihin ng mga ito?

Isa sa pinakamahalagang bahagi ng pagpapakahulugan ng Biblia ay ang pag-aaral ng konteksto ng sipi na ating pinag-aaralan. Sa araling ito, matututunan natin kung paano pag-aaralan ang makasaysayan-kultural na konteksto at ang kontekstong ayon sa Biblia na nakapaligid sa isang sipi.[19]

## Ang Makasaysayan -Kultural na Konteksto

► Basahin ang 2 Timoteo 4:6-22.

Sinabi ni Pablo kay Timoteo, "Magsikap kang pumarito bago dumating ang taglamig" (2 Timoteo 4:21). Pakinggan ang kahilingan ni Pablo sa liwanag ng sumusunod na pinagmulan:

- Nakakulong si Pablo sa Roma at malapit na siyang patayin dahil sa kanyang pananampalataya.
- Si Timoteo ay nagmiministeryo sa Efeso, daan-daang kilometro ang layo mula kay Pablo.
- Mapanganib ang paglalakbay sa dagat pagsapit ng taglagas at imposible na sa panahon ng taglamig. Para makarating si Timothy bago ang taglamig, kailangan niyang umalis kaagad pagkatapos niyang matanggap ang liham na ito.

---


[19] Much of the material in this lesson comes from Chapters 6-7 of J. Scott Duvall at J. Daniel Hays, *Grasping God's Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2012).

Ang konteksto ng kasaysayan ay nagdaragdag sa ating pagpapahalaga sa damdamin sa likod ng kahilingan ni Pablo. Higit pa ang sinasabi ni Pablo kaysa sa, "Pakibisita kapag ito ay maginhawa." Nagsusumamo siya sa kaniyang espirituwal na anak, "Gusto kitang makitang muli bago ako mamatay. Kung maghihintay ka hanggang taglamig, magiging imposible ang paglalakbay. Mangyaring pumunta bago maging huli ang lahat." Ang sulat ay may parehong mensahe kahit na wala kang alam sa makasaysayang konteksto, ngunit ang konteksto ay nagpapakita ng tindi ng kahilingan ni Pablo.

Mahalaga ang konteksto sa kasaysayan at kultura dahil hindi ibinigay ng Diyos ang Biblia sa iisang wika na nauunawan ng lahat sa mundo. Dalawang pahayag tungkol sa kasulatan ang mahalaga:

1. Ang mga prinsipyo ng kasulatan ay totoo para sa bawat tao sa bawat lugar sa bawat panahon.
2. Ang mga prinsipyo ng kasulatan ay ibinigay sa isang tiyak na tao sa isang tiyak na lugar sa isang tiyak na panahon.

**Pagpapakahulugan ng Biblia**[20]




[20] Larawan: "Interpreting the Bible" iginuhit ni Anna Boggs, makukuha mula sa https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52377290578, licensed under CC BY 2.0. Concept from J. Scott Duvall and J. Daniel Hays, *Grasping God's Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2012)

| | | |
|---|---|---|
| **1** | Ang kanilang bayan | Ang orihinal na mensahe ng kasulatan |
| **2** | Ang ilog | Ito ang mga pagkakaibang pangkasaysayan at pangkultura na naghihiwalay sa mundo natin at sa sinaunang mundo. |
| **3** | Ang tulay | Ang prinsipyo na itinuro sa teksto |
| **4** | Ang mapa | Ang kaugnayan ng Bagong Tipan (para sa mga sipi sa Lumang Tipan) |
| **5** | Ang ating bayan | Ang pagsasabuhay ng prinsipyo sa ating mundo ngayon |

Kung mas nauunawaan natin ang kasaysayan at kultural na pinagmulan ng kasulatan, mas mauunawaan natin ang mga pangkalahatang prinsipyo ng Biblia.

Habang pinag-aaralan natin ang makasaysayan-kultural na konteksto, binabasa natin ang Biblia sa "kanilang bayan" upang maunawaan ang mensahe para sa orihinal na tagapakinig. Tinitingnan din natin ang "ilog" – mga pagkakaibang kultural na naghihiwalay sa ating mundo at sa sinaunang mundo. Kapag mas nauunawaan natin ang mundo ng Biblia, mas malinaw nating maririnig ang Salita ng Diyos na nagsasalita sa ating mundo ngayon.

Mahalaga ang pagbasa ng kasulatan sa orihinal nitong konteksto dahil ito ang pundasyon para sa isang mahalagang prinsipyo sa pagpapakahulugan ng Biblia: **Ang anumang wastong pagpapakahulugan ng isang teksto sa Biblia ngayon ay dapat naaayon sa orihinal na mensahe ng teksto.** Hindi ako dapat maghanap ng kahulugan na salungat sa orihinal na mensahe ng teksto.

Ano ang makasaysayan-kultural na konteksto? Ang makasaysayan-kultural na konteksto ay anumang bagay na nasa labas ng teksto na makakatulong sa atin upang maunawaan ang mismong teksto. Kasama rito ang mga sagot sa mga tanong tulad ng:

- Ano ang buhay ng mga Israelita sa disyerto (ang konteksto para sa Exodo—Deuteronomio)?
- Ano ang kultura ng Palestina noong unang siglo (ang konteksto para sa mga Ebanghelyo)?
- Sino ang mga huwad na tagapagturo na naging sanhi ng kalungkutan kay Pablo sa Galacia at Filipos?

Ang ilang mga tanong na maaaring itanong kapag pinag-aaralan ang makasaysayan at kultural na konteksto ay kinabibilangan ng:

**(1) Ano ba ang alam natin tungkol sa sumulat ng Biblia?**

Dahil ang Diyos ay nangusap sa pamamagitan ng mga taong may-akda, ang kaalaman sa mga may-akda ay nakakatulong sa atin upang mas maunawaan natin ang Salita ng Diyos.

Kapag binabasa mo ang mga sulat ni Pablo, isipin mo ang kanyang buhay bago siya maligtas. Kapag sinasabi niya ang tungkol sa dati niyang "pagtitiwala sa laman" (Filipos 3:4-6), tandaan na mataas ang tingin sa mga Pariseo noon dahil masipag sila sa pagsunod sa Kautusan. Habang naaalala natin ang kanilang pagpapaimbabaw at pagtanggi na tanggapin si Jesus, dapat din nating alalahanin ang kanilang pagmamahal sa mga detalye ng kautusan ng Diyos.

Sa kabilang banda, kapag sinabi ni Pablo na siya ang "pangunahin" sa mga makasalanan (1 Timoteo 1:15), tandaan na dati siyang taga-usig ng iglesia at marami siyang Kristiyanong ipinahuli at ipinapatay. Hindi niya nakakalimutan ang masamang buhay niya bago niya makilala si Cristo sa daan papuntang Damasco.

Kapag binabasa natin ang Exodo, alamin natin ang mga pribilehiyo ni Moises sa palasyo ni Faraon. Kung iisipin natin ang marangyang buhay sa palasyo, mas malinaw sa atin ang sinabi sa Hebreo 11:25, "...na pinili pa ang mapasama sa kaapihan ng bayan ng Diyos, kaysa magkaroon ng pansamantalang kasiyahan ng kasalanan." Habang nakikita natin ang mga pagkakataong pang-edukasyon at pangkultura na tinatamasa ng kabataang si Moises, nakikita natin na inihahanda ng Diyos ang kanyang lingkod na pamunuan ang isang dakilang bansa.

**(2) Ano ba ang alam natin tungkol sa tagapakinig sa Biblia?**

Kasabay ng pag-aaral tungkol sa may-akda ng Biblia, dapat tayong matuto hangga't maaari tungkol sa orihinal na tagapakinig.

Maraming bahagi ng 1 at 2 Cronica ay inulit mula sa Samuel at Kings. Bakit kaya? Isinulat ang Cronica pagkatapos makabalik ng mga Israelita mula sa pagkabihag. Ipinapakita sa Kings kung bakit hinayaan ng Diyos na maparusahan ang Israel, ngunit sa Cronica naman, ipinakita na hindi iniwan ng Diyos ang kanyang bayan.

Si Jeremias ay nangaral noong panahon bago masira ang Jerusalem. Habang binabasa mo ang mga salita niya tungkol sa paparating na paghatol, tandaan mo na malapit na itong mangyari. ngunit sinabi rin ni Jeremias na may magandang plano ang Diyos para sa Israel: "Sapagkat nalalaman ko ang aking mga panukala para sa inyo, sabi ng Panginoon, mga panukala para sa ikabubuti at hindi sa ikasasama, upang bigyan kayo ng kinabukasan at ng pag-asa" (Jeremias 29:11). Ibinigay ng Diyos ang pangakong ito habang malapit nang dalhin sa ibang bayan ang mga Israelita bilang bihag. Kasama sa plano ng Diyos para sa kanyang mga tao ang mga paghatol na magdadala sa kanila sa pagsisisi.

Ang liham na 1 Juan ay isinulat para sa mga Kristiyanong humaharap sa huwad na katuruan: na ang espiritu lamang ang mabuti at masama ang mga bagay na materyal. Ayon

sa mga huwad na guro, si Jesus ay hindi talaga tao; kundi nagmukhang tao lamang. Ipinaalala ni Juan na si Jesus ay may pisikal na katawan: "Yaong buhat sa pasimula, na aming narinig, nakita ng aming mga mata, aming napagmasdan, at nahipo ng aming mga kamay" (1 Juan 1:1).

Sinabi rin ng mga huwad na guro na ang kaligtasan ay dumating sa pamamagitan ng lihim na kaalaman na nahayag sa iilang tao lamang. Ipinakita ni Juan na dapat tayong sumunod upang magkaroon ng tunay na kaalaman sa Diyos; “At sa ganito'y nalalaman natin na siya'y kilala natin, kung tinutupad natin ang kanyang mga utos” (1 Juan 2:3). Ang kaalaman na nagdudulot ng buhay na walang hanggan ay kinapapalooban ng pag-ibig; “Nalalaman nating tayo'y dumaan na mula sa kamatayan patungo sa buhay, sapagkat iniibig natin ang isa't isa” (1 Juan 3:14).

**(3) Ano ba ang alam natin tungkol sa makasaysayang tagpuan ng aklat?**

Isipin ang isang mangangaral na nagsasabi, "Ngayon ay mangangaral ako kung paano dapat magkaroon ng asawa ang isang Kristiyano. Sinasabi sa atin ng Mga Hukom 21:20-21 na dapat tayong pumunta sa isang kalapit na nayon at maghintay sa mga kakahuyan. Kapag dumaan ang isa sa mga dalaga mula sa nayon, kunin siya at dalhin sa bahay. Ito ang huwaran ng Biblia sa pagpili ng mapapangasawa." Dapat mong pagdudahan ang pagsasabuhay ng kasulatan ng mangangaral na ito!

Ano ang mali sa pagsasabuhay ng mangangaral? Sinasabi sa Mga Hukom na ang mga lalaki mula sa lipi ng Benjamin ay kumuha ng mga asawa sa ganitong paraan sa isang pagkakataon. Sinasabi pa nga na ginawa nila ito sa mabuting dahilan — para mapanatili ang isa sa mga tribo ng Israel. Gayunpaman, binalewala ng mangangaral ang konteksto ng kasaysayan. Ang kwentong ito ay nasa huling bahagi ng Mga Hukom, isang aklat na nagpapakita kung paano bumagsak ang Israel mula sa plano ng Diyos patungo sa kaguluhan. Sa halip na ipakita ang plano ng Diyos para sa pag-aasawa, ang kwentong ito ay nagpapakita kung ano ang nangyayari kapag ang bayan ng Diyos ay nagrerebelde.

Minsan kaunti lang ang alam natin tungkol sa may-akda o sa mga tagapakinig, ngunit alam natin ang tungkol sa pangkalahatang makasaysayan na tagpuan. Hindi natin alam kung sino ang sumulat ng aklat ng Ruth, ngunit alam natin na ang mga pangyayari ay naganap noong panahon ng paghahari ng mga hukom (Ruth 1:1). Ito ay panahon ng kaguluhan sa Israel (Mga Hukom 21:25). Sa gitna ng kataksilan ng Israel sa Diyos, itinatampok naman ng aklat ng Ruth ang katapatan ni Ruth, isang biyudang Moabita.

Ikinuwento rin kung paano buong-pusong pinakasalan ni Boaz si Ruth upang bigyan ng legal na tagapagmana ang mga namatay na anak ni Naomi. Bilang kamag-anak na tagapagligtas, isinakripisyo ni Boaz ang sarili niyang karapatan sa mana para maibigay ang isang anak para kay Naomi. Sa paggawa nito, nagkaroon si Boaz ng bahagi sa talaan ng angkan ni David (Mateo 1:6, 16).

Ang makasaysayang pinagmulan ay mahalaga kapag nagpapakahulugan sa aklat ng Jonas.

- Ang Nineve ay kabisera ng Asiria, ang pinakamapanganib na kaaway ng Israel.
- Sa halos parehong panahon na nangangaral si Jonas sa Nineve, sina Amos at Hoseas naman ay nagbabala na darating ang hatol ng Diyos sa Israel sa kamay ng mga Asirio.

Kung titingnan sa mata ng tao, maiintindihan ang pag-aatubili ni Jonas na mangaral sa mga Asirio. Ngunit ipinapakita ng aklat ng Jonas ang pananaw ng Diyos, ang pananaw ng isang Diyos na nagmamahal sa lahat ng tao nang walang kinikilingan.

**(4) Ano ba ang alam natin tungkol sa kultural na tagpuan ng aklat?**

Tinitingnan din ng makasaysayan-kultural na konteksto ng kasulatan ang mga kaugalian ng mga tao noon sa mundo ng Biblia. Mas nauunawaan natin ang mga talinghaga ni Jesus kapag binabasa natin ito ayon sa tagpuan ng mga kaugalian noong unang siglo sa Palestina:

- Ang talinghaga ng mabuting Samaritano (Lucas 10:30-35) ay nakakagulat para sa mga Judiong tagapakinig. Ang mga nakikinig kay Jesus ay hindi magtataka kung ang mga pinuno ng relihiyon ay hindi tumulong sa isang lalaking nasugatan sa daan. Gayunpaman, inaasahan nila na ang tutulong sana ay isang rabbi o isang Pariseo. Sa halip, itinuro ni Jesus ang isang kinamumuhiang Samaritano bilang halimbawa ng tunay na pag-ibig.

- Sa talinghaga ng alibughang anak (Lucas 15:11-32), kailangan nating tandaan na ang mga amang Judio noon ay mga kagalang-galang. Inaasahan ng mga nakikinig noon na maririnig nila na hindi tatanggapin ng ama ang anak, o kung tatanggapin man, bilang isang alipin lamang. Ngunit sa halip, isinantabi ng ama ang kanyang dignidad dahil sa labis na tuwa sa pagbabalik ng kanyang nawawalang anak. Ang kilos na ito ay nakakagulat kaya tinawag ng ilang kulturang silangan ang kuwentong ito na "Talinghaga ng Tumatakbong Ama." Sa parehong paraan, ang ating makalangit na Ama ay hindi naghihintay para sa atin na makamit ang kapatawaran; sa halip, hinahanap niya ang mga rebeldeng makasalanan. Ito ay larawan ng labis na pag-ibig ng ating Ama.

Ang mga sulat ni Pablo ay dapat basahin nang may pagsasaalang-alang sa mga kalagayang pangkultura noong unang siglo. Ang Efeso 5:21–6:9 ay nakagugulat sa mga mambabasa ni Pablo. Ang utos ni Pablo na ang isang babae ay magpasakop sa kanyang asawa ay normal; ang kanyang utos na sundin ng mga asawang lalaki ang mapagsakripisyong halimbawa ni Kristo ay hindi karaniwan sa mga tagapakinig ng Roma. Inaasahang susundin ng mga anak ang kanilang mga magulang, ngunit walang sinuman sa daigdig ng Roma ang nagsabi sa mga ama na huwag pukawin ang kanilang mga anak sa galit.

Nang sinabi ni Pablo sa mga taga-Filipos na mamuhay sila na para bang ang kanilang pagkamamamamayan ay nasa langit (Filipos 3:20), sinusulatan niya ang isang lungsod na may espesyal na pribilehiyo ng pagkamamamamayan sa Imperyong Romano. Dahil ang lungsod ay itinayo bilang kolonya para sa mga retiradong sundalo, mataas ang pagpapahalaga ng mga

mamamayan ng Filipos sa kanilang pagkamamamayan. Pinaalalahanan sila ni Pablo na ang tunay nilang pagkamamamayan ay nasa langit, hindi sa isang lungsod sa lupa. Ang pag-alam sa kasaysayan at kultura na pinagmulan ay nakakatulong para mas maunawaan ang Filipos.

**Pagtuklas sa ng Makasaysayan-Kultural na Konteksto**

Gaya ng nakita natin, ang pag-aaral natin sa makasaysayan-kultural na konteksto ng isang sipi ay nagsisimula sa pamamagitan ng pagtatanong. Paano natin matutuklasan ang mga sagot sa ating mga tanong? Sa appendise ng kursong ito ipinaliwanag ang ilang mga sanggunian sa pag-aaral ng Biblia na makakapagbigay ng mga sagot. Iminumungkahi rin namin ang paggamit ng mga pambungad na kurso sa Lumang Tipan at Bagong Tipan na ginawa ng Shepherds Global Classroom. Ang mga kursong ito ay nagbibigay ng pinagmulan para sa bawat aklat ng Biblia.

## Ang Biblikal na Konteksto

Isa pang mahalagang konsiderasyon sa pagpapakahulugan ng Biblia ay ang nakapaligid na konteksto. Mahalagang itanong natin, “Paano nauugnay ang talata, kabanata, at aklat na ito sa kabuuan ng Biblia?”

Isipin mong may nakita kang kapirasong papel na may isang pangungusap na galing sa isang liham. Ang sabi sa papel ay, “Oo, okay ang 7.” Ano ang ibig sabihin nito?

- Baka may tipanan ang sumulat at kinukumpirma niya na okay ang alas-7 ng gabi para sa kanilang pagkikita.
- Baka nagtanong ang asawa ng sumulat, “Ilan ang dapat kong imbitahin sa hapunan sa Biyernes?” Tumugon siya, “OK na ang pito (na tao).”
- Baka may ibinebentang aklat ang sumulat sa halagang ₱8.00. May humiling na, “Maaari mo bang babaan ang presyo sa ₱7.00?” Tumugon ang manunulat ng, “Oo, OK na ang ₱7.”

Mauunawaan lamang natin ang isang pangungusap kung alam natin ang konteksto nito. Binabasa natin ang isang pangungusap batay sa buong talata. Binabasa naman natin ang talata sa konteksto ng buong sulat. Sa mas malawak na pananaw, maaari nating basahin ang sulat bilang bahagi ng mga sulat na nagpalitan sa pagitan ng dalawang tao.

Ganito rin ang kasulatan. Dapat basahin ang bawat talata ayon sa konteksto ng nakapaligid na mga talata, kabanata, at aklat. Ang konteksto ay mula sa isang bahagi ng sipi hanggang sa buong Biblia.

Para maunawaan nang tama ang isang talata, kailangan nating tingnan ang konteksto na nakapaligid dito. Ang Awit 1:3 ay nagbibigay ng magandang pangako para sa taong nagagalak sa kautusan ng Diyos. Inihalintulad siya sa isang punong kahoy na laging nadidiligan at namumunga. "Sa lahat ng kanyang ginagawa ay nagtatagumpay siya." May


mga tao na inaangkin ito bilang pangako ng materyal na kasaganaan para sa bawat tapat na mananampalataya.

Gayunpaman, kapag binasa natin ang buong Awit 1, malinaw na hindi materyal na pagpapala ang tinutukoy kundi ang espiritwal na bunga mula sa pagsunod sa kautusan ng Panginoon. Nagtatapos ang Awit sa isang pangako na: "Sapagkat ang lakad ng matuwid ang Panginoon ang nakakaalam, ngunit mapapahamak ang lakad ng makasalanan" (Awit 1:6). Ang kaibahan ay sa pagitan ng isang landas na kilala (sinusubaybayan at pinahintulutan) ng Diyos at isang landas na hahantong sa kapahamakan.

Habang sinusundan natin ang iba pang bahagi ng Mga Awit at ng buong Biblia, makikita nating kumpirmado ang mensaheng ito. Ang tunay na kasaganaan ng isang mananampalataya ay hindi nasusukat sa yaman, kundi sa pagsang-ayon ng Diyos. Ito ang totoong kasaganaan.

Upang basahin ang isang bahagi sa tamang konteksto, sundin ang tatlong hakbang:

1. Alamin kung paano nahahati sa mga talata ang aklat. Ano ang agarang konteksto ng binabasa mong talata?
2. Ibuod ang pangunahing ideya ng talata sa isa o dalawang pangungusap. Makakatulong ito para mas maunawaan mo ang mensahe ng buong bahagi.
3. Basahin ang buong aklat at itanong, "Paano umaakma ang talatang aking pinag-aaralan sa kabuuang mensahe ng aklat?"




*Buong Biblia > buong aklat > talata o kabanata > talata*

*Ang Biblia > mga sulat ni Pablo > Roma > Roma 12-15 > Roma* 12:1-2

Sa Roma 12:1-2, hinihikayat tayo sa ganap na pagsuko sa Diyos.

> Kaya nga, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong ialay ang inyong mga katawan na isang handog na buháy, banal, na kasiya-siya sa Diyos, na siya ninyong makatuwirang paglilingkod. Huwag ninyong tularan ang sanlibutang ito; kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kasiya-siya, at lubos na kalooban ng Diyos.

Ito ang simula ng bahagi (Roma 12–15) na nagpapakita kung paano makikita sa araw-araw na buhay ng isang Kristiyano ang pagsuko na ito. Kung titingnan ang mas malawak na konteksto, ang Roma 12–15 ay sumusunod pagkatapos ng 11 kabanata ng pagtuturo tungkol sa doktrina na nagpapaliwanag kung paano tayo itinuturing na matuwid sa harap ng Diyos.

Bukod sa konteksto ng Roma, makikita sa bawat sulat ni Pablo ang kanyang malasakit na maisabuhay talaga ng mga Kristiyano ang kanilang pananampalataya. Sa huli, ang Roma 12:1-2 ay akma sa kabuuang mensahe ng Biblia tungkol sa pagsunod at pagsuko sa Diyos. Halimbawa, ang mga salita sa Roma 12:1-2 ay sumasalamin sa wika ng paghahandog sa Levitico. Kapag mas nauunawaan natin ang mas malawak na konteksto ng Biblia, mas tumitindi ang dating ng mga salita ni Pablo.

### Ikaw Naman

► Basahin ang sumusunod na mga talata pati ang kanilang agarang konteksto. Talakayin kung paano naapektuhan ng konteksto ang iyong pagkaunawa sa talata.

1. Basahin ang Mateo 18:20. Ano ang ibig sabihin nito?
2. Ngayon basahin naman ang Mateo 18:15-20. Naaapektuhan ba nito ang kahulugan ng 18:20?

1. Basahin ang Roma 8:28. Ano ang ipinapangako nito?
2. Ngayon basahin naman ang Roma 8:28-30. Ano ang mabuting pangako sa 8:28?

1. Basahin ang Apocalipsis 3:20. Sino ang inanyayahan dito?
2. Ngayon basahin naman ang Apocalipsis 3:14-21. Para kanino talaga ang paanyayang ito?

## Mga Karaniwang Pagkakamali sa Pag-aaral ng Konteksto

Para tapusin ang araling ito, dapat nating pag-isipan ang ilang karaniwang pagkakamali na nagagawa ng mga nagpapakahulugan ng Biblia pagdating sa pag-aaral ng konteksto ng kasulatan.

### Gamit ang Maling Impormasyon

May isang mag-aaral ang nagbigay ng isang pahayag tungkol sa Mateo 19:23-24. Sinabi niya na may isang maliit na pintuan sa Jerusalem noong panahon ni Jesus na tinawag na "Butas ng isang Karayom." Ang pintuang ito ay napakababa na kailangang alisin ang pasanin ng kamelyo para makadaan ito.

May dalawang problema sa pahayag na ito ng mag-aaral:

1. Walang makasaysayang katibayan na may ganitong pintuan sa panahon ni Jesus. Ang ibig sabihin ng "butas ng isang karayom" noong panahon ni Jesus ay pareho rin ng ibig sabihin nito ngayon, ang butas ng isang karayom na ginagamit sa pananahi.

2. Dahil mali ang impormasyon tungkol sa pinagmulan, mali rin naging pagwawakas ng mag-aaral tungkol sa teksto. Lumabas sa kanyang paliwanag na kailangan nating alisin lahat ng sobra sa ating buhay para lang makapasok tayo sa kaharian ng langit.

Gayunpaman, hindi itinuturo ni Jesus na napakahirap para sa mayayaman at makapangyarihan na makapasok sa kaharian ng Diyos; ang itinuturo niya ay imposibleng mangyari ito! Kaya naman lubhang namangha ang mga alagad na sila ay tumugon ng, "Kung gayon, sino kaya ang maliligtas?"

Hindi sumagot si Jesus ng, "Mahirap, ngunit kung magsisikap kayo nang husto, makakapasok kayo." Tumugon siya gamit ang magandang balita ng ebanghelyo: "Sa mga tao, ito ay hindi maaaring mangyari, ngunit sa Diyos, ang lahat ng mga bagay ay maaaring mangyari." Sa pag-aaral ng konteksto, huwag mong hayaan na iligaw ka ng mga maling impormasyon.

**Unahin ang Pag-aaral ng Konteksto kaysa sa Mensahe**

Ang pangalawang panganib ay nagpapahintulot sa pag-aaral ng konteksto na maging mas mahalaga kaysa sa mensahe ng teksto. Pinaalalahanan ni Pablo ang mga Kristiyano sa Corinto na ang maling uri ng kaalaman ay nagdudulot ng kayabangan, ngunit sa pag-ibig ay nakikinabang ang iba (1 Corinto 8:1).[21] Posible na maging sobrang abala sa mga detalye ng konteksto na makalimutan na natin ang mensahe ng teksto na ating pinag-aaralan.

Maaaring matutunan ng isang tao ang lahat tungkol sa kultura ng mga Samaritano ngunit makalimutan naman ang layunin ng talinghaga ng mabuting Samaritano: "Humayo ka, at gayundin ang gawin mo" (Lucas 10:37). Sa ganitong kaso, mawawalang saysay ang lahat ng natutunan natin. Mag-aral upang maunawaan ang mensahe ng kasulatan, hindi para lang mabaon sa pag-aaral para sa sarili nitong layunin. Mag-aral upang makapangaral at makapagturo nang mas epektibo, hindi lang upang maipagmalaki ang dami ng ating nalalaman!

---

[21] Hindi laban si Pablo sa kaalaman; isinulat niya ang kanyang mga sulat upang makapagbigay ng mabuting pagtuturo para sa mga bagong iglesia. Gayunpaman, ang mapagmataas na "kaalaman" ng mga taga-Corinto ay humantong sa kapahamakan, hindi ng pagpapatibay.

**Mahahalagang Punto sa Aralin 5**

(1) Ang pag-aaral ng konteksto ng anumang sipi sa Kasulatan ay kinakailangan para sa tamang pagpapakahulugan.

(2) Ang makasaysayan-kultural na konteksto ay tumutukoy sa kalagayang pangkultura noong panahon ng Biblia. Titanong nito:

- Ano ba ang alam natin tungkol sa sumulat ng Biblia?
- Ano ba ang alam natin tungkol sa tagapakinig sa Biblia?
- Ano ba ang alam natin tungkol sa makasaysayang tagpuan ng aklat?
- Ano ba ang alam natin tungkol sa kultural na tagpuan ng aklat?

(3) Ang biblikal na konteksto ay nagtatanong kung paano nauugnay ang isang talata sa kabuuan ng kasulatan.

**Takdang-Aralin sa Aralin 5**

Sa Aralin 1, pumili ka ng isang bahagi ng kasulatan na pag-aaralan mo sa buong kurso.

Pag-aralan ang makasaysayan-kultural at biblikal na konteksto ng sipi na pinili mo. Maghanda ng isang pahina ng mga tala kung saan sasagutin mo ang pinakamaraming tanong na kaya mo mula sa tinalakay sa araling ito tungkol sa konteksto.

Itanong:

- Sino ang may-akda?
- Kailan siya sumulat?
- Ano ang kanyang pinagmulan?
- Sino ang kanyang mga tagapakinig?
- Anong mga problema ang hinarap nila?
- Ano ang mga kalagayan na nakapaligid sa sipi na ito?
- Anong mga pangyayaring pangkasaysayan ang naganap noong panahon ng aklat na ito?
- Anong mga bagay sa kultura ang makakatulong para maipaliwanang ang aklat?

Basahin ang nakapaligid na kabanata upang matukoy ang konteksto ng Biblia sa bahagi ng sipi na ito.

# Aralin 6
# Pagpapakahulugan: Mga Anyo ng Panitikan

## Mga Layunin ng Aralin

(1) Tukuyin ang mga katangian ng iba't ibang anyo ng panitikan na mahahanap sa kasulatan.

(2) Unawain kung paano naaapektuhan ng anyo ng panitikan ang pagpapakahulugan sa teksto.

(3) Alamin kung ang isang tiyak na pangyayari sa kasaysayan ay dapat ipakahulugan bilang isang halimbawa na dapat sundan.

(4) Kilalanin ang mga prinsipyo na naaangkop sa lahat ng tao sa lahat ng panahon sa anumang sipi ng kasulatan.

(5) Ilarawan kung paano ginagamit ng mga mananampalataya ngayon ang mga bahagi ng Lumang Tipan.

## Panimula

*Paalala sa namumuno ng klase: Iminumungkahi namin na hatiin sa dalawang klase ang pagtuturo ng aralin na ito dahil marami itong sinakop. Magkakaroon lang ng takdang-aralin ang mga mag-aaral pagkatapos ng pangalawang klase.*

Kung alam mo ang anyo ng panitikan makakatulong ito sa pagpapakahulugan ng kasulatan.

Kapag sinabi sa Biblia na si David ay nag-alaga ng mga tupa (1 Samuel 16:11), alam natin na ang tinutukoy ay literal na mga tupa, dahil siya ay isang pastol. Pero kapag sinabi sa aklat ng Apocalipsis na nakita ni Juan ang isang dragon (Apocalipsis 12:3) o isang bagay na kahawig ng leon o oso, alam natin na ang mga hayop na ito ay kumakatawan sa ibang bagay dahil ang aklat ng Apocalipsis ay puno ng mga simbolo.

Kapag sinabi sa 1 Mga Hari 5:6 na bumili si Solomon ng mga kahoy na cedar para sa templo, alam natin na literal na puno iyon. Kapag sinabi naman ng Awit 1:3 na parang puno sa tabing-ilog ang taong matuwid, alam natin na ginamit lang ito bilang paghahambing. Kapag sinabi ng Isaias 55:12 na pumalakpak ang mga puno, ibig sabihin nito ay magkakaroon ng subrang kasiyahan na parang nagdiriwang din pati na ang kalikasan.

Mahalaga ang pag-unawa sa anyo ng panitikan sa pagpapakahulugan ng Biblia. Ang isang aklat ng tula (Mga Awit) ay nagpapahayag sa ibang paraan kumpara sa isang sulat (Roma). Ang pag-unawa sa pagkakaiba nito ay tumutulong sa atin na magpakahulugan ang bawat aklat ayon sa nais ng may-akda. Narito ang isang maikling pagpapakilala sa mga pangunahing uri ng panitikan sa kasulatan.

## Anyo ng Panitikan : Kasaysayan

Malaking bahagi ng Biblia ay kasaysayan: ang Pentateuch, mga Aklat ng Kasaysayan, ang mga Ebanghelyo, at Mga Gawa, at ibang maiikling bahagi ay tama, tapat na tala ng mga tunay na tao at totoong mga pangyayari sa kasaysayan.

(Mayroon ding mga kathang-isip na paglalarawan na ginamit ng mga propeta at mga talinghagang ginamit ni Jesus. Tatalakayin natin ang pagpapakahulugan ng mga ito sa ibang bahagi dahil naiiba ito sa pagpapakahulugan ng mga makasaysayang tala.)

### Mga Tanong na Dapat Itanong Kapag Nagbabasa ng Kasaysayan

Habang binabasa mo ang kasaysayan sa Biblia itanong ang mga sumusunod:

**(1) Ano ang kwento?**

Kapag nagbabasa tayo ng kasaysayan, hinahanap natin ang kabuuang pagkakaayos ng kuwento. Halimbawa, sinusundan ng ebanghelyo ni Lucas ang ministeryo ni Jesus sa Galilea; pagkatapos ay tinutukan ang paglalakbay ni Jesus papuntang Jerusalem at ang mga turo niya tungkol sa pagiging alagad; Si Lucas ay nagwakas sa pamamagitan ng pagtuon sa kamatayan at muling pagkabuhay ni Jesus sa Jerusalem. Sa aklat ng Mga Gawa, ipinapakita ni Lucas ang lumalagong ministeryo ng iglesia. Muli, sinusunod niya ang istruktura batay sa heograpiya. Ipinangaral muna ang ebanghelyo sa Jerusalem; pagkatapos ay dinala ang ebanghelyo sa buong Judea at Samaria; at sa huli, umabot ang ebanghelyo sa dulo ng mundo sa pamamagitan ng ministeryo ni Pablo sa Roma.

**(2) Sino ang mga tao sa kwento?**

Kapag nagbabasa tayo tungkol sa mga taong makasaysayan sa Biblia, natututo tayo ng mga ugaling dapat nating linangin at mga kahinaang dapat iwasan. Tinanong natin ang mga tanong tulad ng, "Ano ang dahilan kung bakit naging mabisa si Nehemias bilang pinuno?" at "Ano ang naging kaibahan ng pagkabigo ni Saul at tagumpay ni David?" Inihahambing din natin ang paraan ng pangangaral nina Pedro at Pablo. Sa mga kasaysayan sa Biblia, nakakakuha tayo ng malinaw na larawan ng mga tao.

**(3) Ang kwento bang ito ng kasaysayan ay nagbibigay ng halimbawa na dapat tularan?**

Kapag nagbabasa ng kasaysayan, kailangan nating tanungin kung ang gawain ay isang halimbawa na dapat nating tularan. Ang isang kwento ng kasaysayan ay maaaring magbigay ng huwaran kung ano ang inaasahan ng Diyos sa kanyang mga tao. Sa kabaligtaran, maaaring magbigay ito ng mahalagang kasaysayan na hindi dapat gawing huwaran na tutularan.

Naalala mo ba yung halimbawa tungkol sa isang mangangaral na gumamit ng Mga Hukom 21 para mangaral kung paano magkaroon ng asawa? Sa halimbawang iyon, hindi niya

naitanong, “Inuutos ba sa Mga Hukom ba ang gawaing ito o ikinukuwento lang?” Ang Mga Hukom 21 ay naglalarawan lang ng ginawa ng Israel; hindi nito inuutos ang ganoong asal.

Kapag nagbabasa ng kasaysayan, dapat mong itanong: “Halimbawa ba ito na dapat tularan?” o “Paglalarawan lang ba ito?” Kadalasan, ay malinaw ang sagot; walang mag-iisip na ang Mga Hukom 21 ay nag-uutos ang pagdukot ng asawa! Gayunpaman, minsan ay hindi ganoon kalinaw. Ang aklat ng Mga Gawa ay bahagyang mahirap unawain. Dapat bang asahan ng iglesia ngayon ang parehong himala gaya ng unang iglesia? Ang lahat ba ng puspos ng Espiritu ay magsasalita sa ibang wika?

Paano natin malalaman kung ang isang sipi ay nagbibigay sa atin ng halimbawa na dapat sundan? Kung hindi natin masasagot ito nang tama, mali ang magiging pag-intindi natin sa mga aklat ng kasaysayan gaya ng Mga Hukom at Mga Gawa. Kung hindi natin ito masasagot nang tama, mamimili lang tayo ng mga detalye sa Biblia depende lamang sa gusto natin. Tandaan ang prinsipyong ito: **Kung ang isang kwento ng kasaysayan ay nagbibigay ng halimbawa na dapat tularan, makakakita tayo ng malinaw na utos o inulit na mga halimbawa sa iba pang mga sipi.**

Halimbawa, ipinapakita sa Mga Gawa na ang mga unang Kristiyano ay masigasig sa pangangaral ng ebanghelyo. Alam nating ito ay isang halimbawa na dapat nating sundan dahil inuutos sa atin sa Mateo 28:19-20 na gumawa ng mga alagad. Ipinapakita rin sa Mga Gawa ang mga gawain ng Banal na Espiritu sa iglesia. Alam natin na karaniwang bahagi ito sa buhay ng iglesia dahil ipinangako ni Jesus na bibigyan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ang ministeryo ng kanyang mga tagasunod (Mga Gawa 1:8). Kapag hindi tayo nangangaral ng ebanghelyo o hindi natin ipinapakita ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa ating ministeryo, hindi natin natutupad ang huwarang ipinakita sa Mga Gawa. Ang mga kwentong ito ay mga halimbawa para sa iglesia.

Sinasabi rin sa atin ng Mga Gawa na ang mga Kristiyano noon ay may lahat ng bagay na magkakasama at sumasamba sa mga pribadong tahanan. Iniuutos ba ang mga gawaing ito sa kasulatan? Hindi. Ang pagbabahagi ng ari-arian ay kusa at hindi sapilitan, gaya ng sinabi ni Pedro kay Ananias (Mga Gawa 5:3-4). Gayundin, hindi inuutos sa kasulatan na ang pagsamba ay kailangang gawin sa mga pribadong tahanan.[22]

Dahil ang mga gawaing ito ay hindi iniutos sa kasulatan, masasabi natin na bahagi lamang sila ng kasaysayan ng iglesia at hindi kailangang tularan sa lahat ng panahon. Inilalarawan lang ng Mga Gawa ang isang tiyak na panahon sa kasaysayan; hindi nito iniuutos na ang mga gawaing iyon ay dapat gawin sa lahat ng panahon.

[22] Sa ilang bahagi ng mundo ngayon mas ligtas para sa mga Kristiyano ang sumamba sa kanilang mga tahanan kaysa magtipon sa pampublikong gusali. Batay ito sa kalagayan ng bawat lugar, hindi ito isang pangkalahatang kautusan.

**(4) Ano ang mga prinsipyo ang itinuro ng makasaysayang kwento na ito?**

Ayon kay Pablo, ang kasaysayan sa Biblia ay ibinigay para tayo'y matuto (1 Corinto 10:11). Ipinapakita nito kung paano kumikilos ang Diyos sa kasaysayan ng tao at kung ano ang nakalulugod o hindi kalugud-lugod sa kanya. Bilang mga mambabasa, kailangan nating hanapin ang mga prinsipyo mula sa mga kasaysayang ito.

Bihira nating mabasa sa kwento ang, "Nagreklamo ang mga Israelita laban sa Diyos at sila'y pinarusahan. Kaya huwag kayong magreklamo sa Diyos." Sa halip, ipinapakita sa atin na nagreklamo ang Israel laban sa Diyos; nakikita natin ang mga bunga ng kanilang kasalanan, at dapat nating maunawaan ang prinsipyo na itinuturo. Sa halip na mga tuwirang utos, ang kasaysayan ay nagbibigay ng magagandang halimbawa na dapat tularan at masasamang halimbawa na dapat iwasan. Sa aklat ni Josue, makikita natin na ang pagsunod sa Diyos ay nagdudulot ng tagumpay; sa aklat ng Mga Hukom, makikita natin na ang pagsuway ay nagdudulot ng kaguluhan.

**Ang Aklat ng Mga Gawa**

Ang aklat ng Mga Gawa ay nagbibigay ng tala ng kasaysayan ng mga pangyayari matapos ang buhay ni Jesus dito sa mundo. Para sa mga nagbabasa ng Bagong Tipan, ang Mga Gawa ang nagbibigay ng konteksto ng mga sulat na isinulat para sa mga iglesia.

Ipinapakita ng aklat ng Mga Gawa na ang iglesia, sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, ay hindi mapipigilan sa misyon nitong ipalaganap ang ebanghelyo. Hinarap ng iglesia ang mga isyu sa doktrina, hidwaan sa loob, huwad na tagapagturo ng doktrina, kahirapan sa pamamahala, pagkukunwari, paglaban ng mga demonyo, pag-uusig mula sa lipunan at gobyerno, at mga sakuna sa paglalakbay. Gayunpaman, nagpatuloy pa rin ang iglesia nang may kagalakan at tagumpay. Dahil sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, nabago ang mga tao at mga komunidad sa pamamagitan ng ebanghelyo.

Ang layunin ni Lucas sa pagsulat ng Mga Gawa ay bigyan ng lakas ng loob ang iglesia para ipagpatuloy ang misyon nitong abutin ang buong mundo sa pamamagitan ng ebanghelyo. Makikita ang layuning ito sa buong aklat sa mga sumusunod na punto. May iba pang katulad na mga punto na maaaring idagdag.

- Sinabi ni Jesus na dadalhin ng mga disipulo niya ang ebanghelyo hanggang sa pinakamalayong bahagi ng mundo (Mga Gawa 1:8).
- Pinalakas ng Espiritu ang mga alagad para ipangaral ang ebanghelyo sa araw ng Pentecostes, at 3,000 katao ang sumampalataya (Mga Gawa 2:41).
- Araw-araw may mga taong nadaragdag sa iglesia (Mga Gawa 2:47).
- Sinabi rin ng pinuno ng mga Judio na si Gamaliel na ang gawain ng Diyos ay hindi kayang mapigilan (Mga Gawa 5:39).

- Dahil sa pag-uusig umalis ang mga Kristiyano sa Jerusalem at ikinalat nila ang ebanghelyo (Mga Gawa 8:1, 4).
- Ang pinuno ng pag-uusig ay naligtas at naging pinakadakilang mangangaral (Mga Gawa 9:13-22).
- Si Pablo at ang iba pa ay gumawa ng mga paglalakbay bilang misyonero sa mga kilalang bahagi ng mundo noon (Mga Gawa 13–21).
- Nangaral si Pablo sa harap ng mga pinuno (Mga Gawa 24-26).
- Nangaral si Pablo maging sa Roma, ang kapital ng imperyo (Mga Gawa 28).

### *Pagsasabuhay ng Aklat ng Mga Gawa*

Minsan iniisip ng mambabasa na ang aklat ng Mga Gawa ay nagtuturo kung **paano** gumawa ng gawain sa misyon, magbautismo, mag-ayos ng iglesia, at maranasan ang Banal na Espiritu. Itinala ng Mga Gawa ang kasaysayan kung paano ginawa ng unang iglesia ang mga bagay na ito; pero hindi layunin ng sumulat na gawing gabay ang aklat ng Mga Gawa para sa gawain ng ministeryo.

Hindi natin dapat isipin na kailangan nating gawin lahat ng bagay sa parehong paraan ng iglesia sa aklat ng Mga Gawa, ngunit marami tayong matututunan sa kung paano nila hinarap ang mga pagsubok.

Ipinapakita ng Mga Gawa na ang iglesia ay dapat patuloy na lumalawak sa pagpapahayag ng ebanghelyo, na laging sumusulong, hinaharap ang lahat ng suliranin sa pamamagitan ng kapangyarihan at karunungan ng Banal na Espiritu, at bumubuo ng mga istrukturang kailangan upang malutas ang mga praktikal na isyu.

## Anyo ng Panitikan: Kautusan sa Lumang Tipan

### Ang Halaga ng Kautusan sa Lumang Tipan

Iniisip ng ilang Kristiyano na wala nang masyadong silbi ang Lumang Tipan para sa mga mananampalataya ngayon maliban sa pagiging halimbawa ng mga prinsipyo ng mga Kristiyano sa pamamagitan ng kasaysayan. Akala nila na ang mga batas sa Lumang Tipan ay hindi na maisasabuhay ng mga Kristiyano sa ngayon.

Ilang beses isinulat ni Apostol Pablo ang tungkol sa pagbabagong gamit ng kautusan sa Lumang Tipan para sa mga mananampalataya. Sabi niya, inalis ng kamatayan ni Cristo ang parusa ng kautusan, at hindi dapat husgahan ang mga mananampalataya na hindi na sumusunod sa mga ritwal ng kautusan (Colosas 2:14-17). Sabi rin niya na ang mga apostol ay hindi na namumuhay sa ilalim ng mga utos ng mga Judio (Galacia 2:14-16). Tumanggi siyang pilitin ang isang Hentil na pastor na magpatuli (Galacia 2:3). Sabi niya na dapat sundin ng bawat tao ang kanyang konsensiya tungkol sa pagkain ng mga Judio at mga espesyal na araw, at hindi dapat maghusgahan ang mga mananampalataya tungkol dito (Roma 14). Sabi rin niya na ang mananampalataya ay patay na sa kautusan at ngayon ay

naglilingkod sa Diyos sa paraang tumutupad sa layunin ng kautusan kahit hindi na sumusunod sa mismong mga detalye nito (Roma 7:4, 6). Ang pinakamahalaga, sinabi niya na walang sinuman ang maituturing na matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa mga gawa ng kautusan (Roma 3:20).

May mga sinabi rin ang Biblia tungkol sa kautusan sa Lumang Tipan na nagpapakita na ito ay mahalaga pa rin para sa mga mananampalataya. Dahil ang kautusan sa Lumang Tipan ay nagpapahayag ng kalikasan ng Diyos, ang taong umiibig sa Diyos ay iniibig din ang kanyang kautusan (tingnan ang Awit 1:2, Awit 119:7, 16, 70). Sinabi ni Pablo na ang kautusan ay banal, matuwid, at mabuti (Roma 7:12). Sinabi rin niya, "Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran" (2 Timoteo 3:16). Noong panahon na sinabi niya ito, ang salitang *kasulatan* ay tumutukoy lalo na sa Lumang Tipan. Sinabi rin ni Pablo kay Timoteo na ang mga kasulatan ay magbibigay ng karunungan sa kanya tungo sa kaligtasan (2 Timoteo 3:15). Ipinapakita ng mga pahayag na ito na bilang mga mananampalataya, hindi natin dapat balewalain ang anumang bahagi ng Lumang Tipan. Kahit hindi tayo naliligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, gusto pa rin nating maunawaan ang kanyang kalooban para masiyahan siya sa ating buhay (2 Corinto 5:9-10).

**Pag-uuri ng mga Kautusan sa Lumang Tipan**

Upang matulungan tayo na maunawaan kung paano gagamitin ngayon ang kautusan sa Lumang Tipan, suriin natin ang ilan sa mga uri ng kautusan.

**Seremonyal na mga kautusan** ay tungkol sa mga paghahandog, ritwal, pagkain, at mga espesyal na araw. Sabi ni Pablo, natupad na ang mga kautusan na ito kay Cristo (Colosas 2:16-17). Ang aklat ng Hebreo ay nagpapaliwanag kung paano natin maiintindihan ang kahulugan ng mga seremonya sa Lumang Tipan. Halimbawa, ang mga bagay sa templo ay nililinis gamit ang dugo, na simbolo sa dugo ni Cristo na maglilinis sa mga mananampalataya (Hebreo 9:14, 21-24).

**Panlipunang kautusan** ay ibinigay sa Israel bilang isang bansa. Ang mga panlipunang kautusan ay hindi ipinatutupad ng bawat mamamayan, kundi ng mga itinalagang may awtoridad. Halimbawa, ang mga taong nagsasagawa ng pangkukulam ay kailangang patawan ng kamatayan (Exodo 22:18), ngunit ang paglilitis at pagpapatupad ng hatol ay ginagawa ng mga opisyal na may awtoridad, hindi ng bawat mamamayan. Inilalarawan sa Deuteronomio 17:2-12 ang proseso ng pamahalaang lokal sa pakikinig sa mga saksi at pagbibigay ng katarungan; may mas mataas na hukuman din para sa mga mas mahihirap na kaso.

Ang mga kautusan ng isang bansa ngayon ay maaaring iba na, at ang bawat mananampalataya ay hindi dapat personal na managot sa pagpapatupad ng mga panlipunang kautusan ng sinaunang Israel. Gayunpaman, itinuturo sa atin ng mga kautusan na ito ang tungkol sa katuwiran ng Diyos at sa katuwiran na inaasahan niya mula sa kanyang

bayan. Halimbawa, itinuturo ng kautusan sa Exodo 22:18 na mali para sa isang tao na magsagawa ng pangkukulam. Ang iba pang mga panlipunang kautusan ay nagtuturo na nais ng Diyos na ang isang bansa ay kumalinga sa mga mahihirap at pigilan ang anumang uri ng kawalang-katarungan laban sa lahat ng uri ng tao (Deuteronomio 24:14-15, 17-22).

Ang tagapagpakahulugan ng Biblia ay kailangang unawain muna kung ano ang prinsipyo sa likod ng isang panlipunang kautusan sa Lumang Tipan, bago niya isipin kung paano ito maisasabuhay ng isang mananampalataya sa ngayon. Dapat natin tanungin, "Ano ang pinahahalagahan ng Diyos? Ano ang layunin ng Diyos? Anong pananaw ng Diyos ang ipinapakita ng kautusan na ito?" Pagkatapos noon, iisipin natin kung anong uri ng pagsasabuhay sa panahon natin ngayon ang magpapasaya sa Diyos.

**Moral na mga kautusan** ay nagsasaad ng permanenteng kahilingan ng Diyos para sa tamang pamumuhay. Ang moral na mga kautusang ay nagpapahayg tungkol sa katapatan, seksuwalidad, pagsamba sa diyus-diyosan, at iba pang mga isyu (Exodo 20:4-5, 13-16). Marami sa moral na mga kautusang ang inulit sa Bagong Tipan. Ang moral na mga kautusang ay naging pundasyon ng mga panlipunang kautusan ng mga bansa ngayon, bagaman ang mga kautusan ng mga bansa ay hindi ganap o palaging sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. Ang mga kautusan ng Diyos para sa kanyang mga tao ay higit pa sa hinihingi ng lipunan.

Ang paghahati natin ng mga kautusan sa iba't ibang pag-uuri ay hindi perpekto. May mga sipi sa Lumang Tipan na kinapapalooban ng tatlong kategorya ng kautusan at may mga kautusan din na hindi madaling uriin. Kahit hindi perpekto ang ganitong pag-uuri, nakakatulong ito upang maunawaan natin kung paano isinasabuhay ang mga kautusan ng Lumang Tipan sa mga mananampalataya sa Bagong Tipan.

### Pagbibigay-Kahulugan sa Kautusan sa Lumang Tipan[23]

Kapag pinag-aarlaan mo ang kautusan sa Lumang Tipan, mahalagang isaalang-alang ang mas malawak na konteksto ng kautusan na iyong pinag-aaralan. Pansinin ang mga pangyayaring nakapaligid dito. Paano umaangkop ang kautusan na ito konteksto nito?

Pagkatapos ay itanong:

### (1) Ano ba ang ibig sabihin ng tekstong ito sa mga orihinal na tagapakinig?

Upang maunawaan mo kung paano tinanggap ng Israel ang kautusan, itanong mo:

- May kaugnayan ba sa pagitan ng kautusan at mga talatang nakapaligid dito?
- Ang batas ba ay tugon sa isang tiyak na sitwasyon na may kaugnayan sa kasaysayan ng Israel?

---

[23] Ang bahaging ito ay inangkop mula sa J. Scott Duvall at J. Daniel Hays, *Grasping God's Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2012).

- Kaugnay ba ang kautusan sa sistema ng pagsasakripisyo sa Lumang Tipan?

**(2) Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga unang tagapakinig ng Biblia noon sa atin ngayon?**

Mas malaki ang kaibahan ng panahon natin sa panahon ng Lumang Tipan kaysa sa panahon natin ngayon at panahon ng Bagong Tipan. Halimbawa:

- Hindi na tayo pumupunta sa nag-iisa, sentrong Templo; dahil nananahan na ang Banal na Espiritu sa bawat mananampalataya.
- Hindi na rin tayo lumalapit sa Diyos sa pamamagitan ng mga sakripisyo; minsanan nang namatay si Cristo, para sa lahat (Hebreo 10:10).
- Ang Salita ng Diyos ay hindi kautusan ng ating bansa. Tayo ay namumuhay na sa ilalim ng mga sekular na gobyerno.

**(3) Anong mga prinsipyo ang itinuturo ng teksto na ito?**

Ang tiyak na utos sa isang kautusan sa Lumang Tipan ay maaaring hindi na kailangang sundin sa panahon ngayon. Dapat nating hanapin ang permanenteng prinsipyo na itinuro ng kautusan. Ito ang tulay na nagdadala sa kasulatan mula sa sinaunang tagpuan patungo sa makabagong mundo. Ang prinsipyong ito ay magiging may kaugnayan kapwa sa Lumang Tipan na tagapakinig at sa isang kontemporaryong tagapakinig.

Ipahayag mo ang prinsipyong ito sa 1-2 pangungusap. Upang makasiguro na ang prinsipyo ay ayon sa Biblia, itanong ang mga ito:

- Ang prinsipyong ito ba ay nagpapakita ng malinaw ng kautusan?
- Ang prinsipyong ito ba ay maaari maisabuhay ng lahat ng tao sa anumang panahon at lugar?
- Ang prinsipyong ito ba ay naaayon sa kabuuang turo ng kasulatan?

**(4) Iniangkop ba ng Bagong Tipan ang prinsipyong ito sa anumang paraan?**

Ang mga naunang tatlong tanong ay maaari mong gamitin sa pagpapakahulugan sa anumang sipi ng kasulatan. Idagdag mo ang huling tanong na ito lalo na są proseso ng pagpapakahulugan kapag pinag-aaralan mo ang Lumang Tipan. Kung nakakita ka ng prinsipyo sa sipi ng Lumang Tipan na para sa lahat ng panahon, nananatili pa rin ang prinsipyong ito ngayon. Gayunpaman, ipinapakita ng Bagong Tipan na iba na ang pagsasabuhay nito ngayon kaysa sa panahon ng Lumang Tipan.

Halimbawa, inuutos sa Exodo 20:14, "Huwag kang mangangalunya." Sa Pangaral sa Bundok, pinalalim ni Jesus ang utos na ito at ipinakita na pati ang pag-iisip ng mahalay ay paglabag na rin (Mateo 5:28). Hindi kinansela ni Jesus ang prinsipyo ng Exodo 20:14; pinalalim niya ang pagsasabuhay dito.

## Anyo ng Panitikan: Tula

Maraming tula sa Biblia. Ang Job, Mga Awit, Mga Kawikaan, at Ang Awit ng Mga Awit ay halos puro tula, at ang Eclesiastes ay may bahagi rin ng tula. Marami ring tula sa mga aklat ng mga propeta. Ang tula ay isang paraan ng pagsulat na ginamit upang ipahayag ang matinding damdamin. Hindi ito idinisenyo upang magbigay ng detalyadong kasaysayan o upang lumikha ng lohikal na paliwanag. Sa tula, nakikinig tayo sa puso ng manunula; pinapakinggan natin nang mabuti ang damdamin na ipinapahayag sa tula.

Ang tula ay madalas gumagamit ng matalinghagang pananalita, at ang mga paglalarawan dito ay hindi laging dapat intindihin nang literal.

Narito ang isang halimbawa ng makatang pahayag mula sa Mga Awit: "[Ang Diyos] iyong iaakma sa kanilang mga mukha ang iyong mga pana" (Awit 21:12). Nauunawaan natin na wala namang literal na pana ang Diyos na ipapana sa kanila. Ang ibig sabihin ng manunulat ay kaya ng Diyos na talunin ang sinumang kalabanin siya. Ipinapaalala ng manunulat sa mga mananampalataya na magtiwala sa tagumpay ng Diyos.

Madalas na ginagamit ang tula upang malikhaing ipahayag ang mga katotohanang mas tuwirang itinuro sa ibang bahagi ng Biblia. Huwag bumuo ng isang doktrina o kaugalian batay lamang sa isang sipi ng tula kung hindi rin ito itinuturo sa mas tuwirang sipi.

Ang tulang Hebreo ay minsang gumagamit ng mga tunog na may kaayusan, ngunit hindi ito gumagamit ng tugma gaya ng tradisyunal na tulang Filipino. Ang pag-unawa sa mga katangian ng tulang Hebreo ay makatutulong sa iyo na higit na pahalagahan ang kagandahan nito.

### Mga Katangian ng Tulang Hebreo

#### *Paralelismo*

Ang tulang Hebreo ay madalas nakabatay sa paralelismo. Dalawang magkatambal na pahayag ang ginagamit; ang ikalawang pahayag ay nagdadagdag ng kahulugan sa unang pahayag ngunit hindi ito laging nagpapakilala ng karagdagang punto.

May tatlong uri ng paralelismo:

- Ang isang talata ay nagsasabi ng parehong bagay sa dalawang paraan. (Awit 25:4, Awit 103:10, at Mga Kawikaan 12:28).
- Ang isang talata ay nagpapakita kung paano magkaiba ang dalawang bagay. (Awit 37:21, Mga Kawikaan 10:1, 7).
- Ang isang talata ay gumagawa muna ng isang pahayag tapos ay dinadagdagan ito ng mas maraming detalye sa susunod na pahayag. (Awit 14:2, Awit 23:1, at Kawikaan 4:23).

Kapag binibigyang-kahulugan mo ang paralelismo, itanong mo kung ano ang idinagdag ng pangalawang linya sa unang linya. Pinalalakas ba nito ang unang linya, kinokontra ba nito ang unang linya, o nagbibigay ba ito ng bagong impormasyon?

### *Mga Tayutay*

Bagamat lahat ng aklat sa Biblia ay may mga tayutay, mas madalas itong ginagamit sa mga tula. Ang mga tayutay na makikita sa tula ng mga Hebreo ay kinabibilangan ng:

1. Paghahalintulad ng dalawang bagay na may pagkakapareho gaya ng "Ang Panginoon ay aking pastol" (Awit 23:1).
2. Paggamit ng pagmamalabis upang mabigyang-diin ang isang punto. Ganito inilarawan ni David ang kanyang matinding dalamhati: "Bawat gabi ay pinalalangoy ko ang aking higaan, dinidilig ko ang aking higaan ng aking mga pagluha" (Awit 6:6).
3. Paglalarawan tungkol sa isang bagay na parang ito ay isang tao: "Ang karunungan ay sumisigaw nang malakas sa lansangan; kanyang inilalakas ang kanyang tinig sa mga pamilihan" (Mga Kawikaan 1:20).
4. Paglalarawan sa Diyos gamit ang mga katangian ng tao: "Ang mga talukap ng kanyang mata ay sumusubok sa mga anak ng mga tao" (Awit 11:4).

Kapag nagpapakahulugan sa mga ganitong tayutay, itanong mo kung ano ang ipinapakita ng larawang ginamit na hindi agad mauunawaan kung simpleng pangungusap lang ang ginamit. Halimbawa, "Ang Panginoon ay aking pastol" ay higit pa sa "Inaalagaan ako ng Diyos." Ipinapakita nito ang kanyang pag-ibig, pamumuno, pag-ngangalaga laban sa ating mga kaaway, at disiplina kapag tayo ay lumalayo mula sa kanyang pag-aalaga.

## Ang Aklat ng Mga Awit

### *Mga Uri ng Mga Awit*

Mayroong ilang mga uri ng Mga Awit. Mga Awit ng papuring nagpaparangal sa Diyos para sa kanyang mga katangian, pagpapala, at pamamagitan (Awit 23, 29). Ang Mga Awit ay tungkol sa kautusan ng Diyos na nagpupuri sa karunungan at katuwiran ng Diyos (Awit 119). Ang Mga Awit ng kalungkutan ay nagpapahayag ng damdamin sa Diyos, paghingi sa kanya ng tulong, at pagpapasakop sa kanyang kalooban (Awit 3, 13, 22). Ang Mga Awit tungkol sa hari ay naglalarawan ng mga pagpapalang dumarating sa isang bansa sa pamamagitan ng isang hari na nagpaparangal sa Diyos, at ang Mga Awit na ito ay tumutukoy din sa paparating na kaharian ng mesyaniko (Awit 21, 72). Ang Mga Awit ng galit ay tumatawag sa Diyos na hatulan ang masasamang tao at ipagtanggol ang kanyang mga lingkod (Awit 69:21-28, Awit 59). Maaaring ilista ang iba pang uri ng Mga Awit.

### *Pagsasabuhay ng Mga Awit*

Sinasabi ng Bagong Tipan ang ilang paraan kung paano gamitin ang Mga Awit. Ang Mga Awit ay nagpapahayag ng ating pagsamba sa Diyos (Efeso 5:19). Kapaki-pakinabang din ito sa pagtuturo ng aral at pagbibigay ng lakas ng loob (Colosas 3:16).

Hindi lahat ng ugali na ipinapahayag sa Mga Awit ay isang halimbawa ng ugali na dapat nating taglayin. Gayunpaman, natutunan natin mula sa Mga Awit na ang bawat ugali ay dapat isuko sa Diyos. Sa panalangin, maaari mong ipahayag sa Diyos ang anumang nararamdaman mo. Ang Mga Awit ay nagpapakita sa atin na maaaring maipanumbalik ng Diyos ang pananampalataya ng isang mananampalataya na nahihirapan sa panghihina ng loob, takot, o galit.

## Anyo ng Panitikan: Karunungang Panitikan

Ang Job, Mga Kawikaan, Eclesiastes, at ilang bahagi ng Mga Awit at Santiago ay kabilang sa panitikang tinatawag na karunungan. Sa Mga Kawikaan at Eclesiastes, ang mga aral ay para sa mga kabataan na natututo pa lamang tungkol sa mga prinsipyo ng buhay.

### Ang Aklat ng Job

Mahahabang sipi sa aklat ng Job ang nagpapakita ng mga salita ng iba't ibang tao, kasama na si Job. Iba-iba ang opinyon na ipinapahayag ng mga nagsasalita. Ang isang nagpapakahulugan ng Biblia ay hindi dapat basta kumuha ng pahayag mula sa isa sa mga tao sa aklat at ituro ito bilang prinsipyong galing sa Biblia. Sinusuri ng aklat ng Job ang mga sinabi ng mga tao sa pamamagitan ng mga salita at pananaw ng Diyos. Sa Job 38-42, tumugon ang Diyos sa mga sinabi ng mga tao, at sa Job 1-2 ipinapakita rin ang pananaw ng Diyos sa nangyayari.

### Anyo ng Panitikan: Kawikaan

Ang mga Kawikaan ay mga pagsusuri tungkol sa buhay na maikli at malinaw ang pagkakasabi. Sinasabi nito ang madalas mangyari, ngunit hindi ibig sabihin ay wala nang ibang posibleng mangyari.

Sa unang tingin, madali lang ipakahulugan ang isang kawikaan. Gayunpaman, ang anyo ng panitikan na ito ay may hamon. Ang isang kawikaan ay nagsasabi ng isang pangkalahatang prinsipyo tungkol sa buhay, ngunit hindi ito laging maisasabuhay sa bawat sitwasyon. Halimbawa, sabi sa Mga Kawikaan 21:17,

> Ang umiibig sa kalayawan ay magiging dukha, ang umiibig sa alak at langis ay hindi sasagana.

Bilang pangkalahatang tuntunin, ang mga taong inuuna ang layaw kaysa sa pagtatrabaho ay madalas na nauuwi sa kahirapan. Totoo ito bilang isang pangkalahatang tuntunin, ngunit may mga maraming pagbubukod. May mga mayayamang tao na namana lang ang kanilang yaman at hindi na kailangang magtrabaho. Ginugugol nila ang kanilang araw sa pag-inom

at paglilibang, ngunit mayaman pa rin sila. Mayroon namang mga taong masipag pero nananatiling mahirap. Itinuturo ng kawikaan ang isang pangkalahatang prinsipyo, hindi isang patakaran na laging totoo sa lahat ng pagkakataon.

Maraming kawikaan sa Biblia, hindi lang sa aklat ng Mga Kawikaan. Narito ang isang halimbawa ng kawikaan na sinabi ni Jesus: "…Sapagkat ang lahat ng humahawak ng tabak ay sa tabak mamatay" (Mateo 26:52). May mga mararahas na tao na hindi namatay sa marahas na paraan. Muli, ang kawikaan ay totoo bilang isang pangkalahatang pagsusuri, ngunit may mga pagkakataon na may mga pagbubukod dito.

Kapag ikaw ay nagpapakahulugan ng kawikaan, itanong mo ang mga ito:

**(1) Ano ang pangkalahatang prinsipyo na itinuro sa kasulatan na ito?**

Ang prinsipyo na makikita natin sa Mga Kawikaan 21:17 ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagsisikap at disiplina. Karamihan sa mga kawikaan ay nagbubuod ng isang prinsipyo na kung ipapaliwanag nang buo ay kakailanganin ng isang buong talata.

**(2) Anong mga pagbubukod sa prinsipyong ito ang umiiral?**

Sa kaso ng Mga Kawikaan 21:17, makikita natin ang mga pagbubukod sa araw-araw na buhay. Hindi nito sinasalungat ang prinsipyo; ipinapakita lang nito na ang isang matalinong tao ay kailangang maunawaan na may mga pagbubukod sa mga pangkalahatang prinsipyo.

**(3) Sino-sinong tao sa Biblia ang huwaran ng prinsipyong ito?**

Kapag nagpapakahulugan tayo ng isang kawikaan, makakatulong kung makakahanap tayo ng tauhan sa Biblia na huwaran ng prinsipyong tinuturo ng kawikaan. Halimbawa, sinasabi sa Mga Kawikaan, "Kapag dumarating ang pagmamataas ay dumarating din ang kahihiyan; ngunit kasama ng mapagpakumbaba ay ang karunungan" (Mga Kawikaan 11:2). Ang pagmamataas ni Saul at ang mapagpakumbabang si David na umamin ng kasalanan ay nagpapakita kung paano nagiging totoo ang kawikaang ito sa tunay na buhay.

**Ang Aklat ng Mga Kawikaan**

Maraming bahagi ng Mga Kawikaan ay isinulat ni Solomon. Ang ipinahayag na layunin ng aklat ay ang tulungan ang tao na wala pa sa gulang na magkaroon ng karunungan at tulungan pa ang mga may karunungan na (Mga Kawikaan 1:4-5).

Ang aklat ng Mga Kawikaan ay nagpapahayag tungkol sa tatlong uri ng tao: **Ang walang muwang** ay taong nasa hustong gulang na ngunit kulang pa sa karanasan at pang-unawa sa buhay. Kailangang matuto siya ng karunungan upang siya ay hindi gumawa ng mga kamalian na magpapahamak sa kanya.

**Ang marunong** ay taong nakakaunawa kung paano mamuhay ayon sa mga prinsipyo ng Diyos. Ang mga tao ay kailangang magkaroon ng takot sa Diyos upang maging marunong (Mga Kawikaan 9:10). Ang taong marunong ay patuloy na natututo.

**Ang hangal** ay tumanggi sa karunungan (mga prinsipyo ng Diyos) at ayaw makinig. Ipinapakita niya ang masamang ugali at naghihirap dahil sa mga maling desisyon. Ang hangal ay hindi dahil sa kulang siya sa talino ngunit hindi niya nauunawaan ang buhay dahil tinanggihan niya ang gabay ng Diyos.

Ilang madalas na paksa sa aklat ng Mga Kawikaan ay (1) panganib ng pagiging tamad at kahalagahan ng kasipagan, (2) kapahamakan na resulta ng kasalanang sekswal, at (3) tamang pag-uugali sa iba't ibang uri ng ugnayan.

### Ang Aklat ng Eclesiastes

Ang aklat ng Eclesiastes ay isinulat ni Solomon (Eclesiastes 1:1).

Ang mensahe ng Eclesiastes: **Kung** hanggang dito lamang sa lupa ang buhay, walang hustisya at layunin ang buhay o anumang dakilang tagumpay.

Ipinapaliwanag ng Eclesiastes kung bakit ang buhay sa mundo ay hindi makakapagbigay sa mga tao ng tunay na kaligayahan at layunin. Sa buhay na ito:

- Walang hustisya.
- Lahat ng tao ay mamamatay at malilimutan.
- Mas maginhawa pa ang buhay ng masasama.
- Ang karunungan ang pinakamakapangyarihan ngunit kadalasang minamaliit ito.
- Ang karunungan at kaalaman ay nagpapatindi ng pagdadalamhati.

Ipinapakita sa atin ng Eclesiastes na ang taong namumuhay na may pananaw na pangwalang-hanggan ay:

- Magiging masaya ngunit seryoso pa rin tungkol sa mg isyu sa buhay.
- Alam niya na darating din ang kamatayan.
- Tinatangkilik ang magagandang bagay at kasiyahan sa mga ito ngunit may pananagutan pa rin sa Diyos.
- Hindi niya hinahayaang maging pinakamahalaga ang anumang bagay dito sa lupa.

Ito ang naging pagwawakas ni Solomon: Dahil may darating na paghatol, maglingkod sa Diyos at sundin ang Kanyang mga utos mula pa sa kabataan.

### Anyo ng Panitikan: Propesiya sa Lumang Tipan

Ang mga aklat ng mga propeta sa Lumang Tipan ay mga nakasulat na koleksyon ng mga mensaheng ipinangaral. 16 na propeta ang may mga mensahe na naitala sa kasulatan. Si Jeremias lamang ang may dalawang aklat. May ilang propetang sumulat ng mga aklat na wala sa kasulatan (1 Mga Cronica 29:29). At may daan-daang propeta rin na ayon sa alam natin ay walang isinulat.

Ang 16 na propetang ito ay naglingkod mula taong 760 hanggang 460 B.C. (Ang Israel ay bumagsak noong 722. Ang Juda ay bumagsak noong 587.) Sa panahong ito ng kasaysayan, ang pag-angat at pagbagsak ng ilang makapangyarihang kaharian sa mundo ay nakaapekto sa Israel sa larangan ng pulitika, ekonomiya, at relihiyon. Sa maraming pagkakataon, ang karamihan sa mga tao ng Israel at Juda ay lumabag sa tipan nila sa Diyos at sumamba sa mga diyus-diyosan.

Ang mga propeta ay tagapagtanggol ng tipan ng Diyos. Ipinaalala nila sa mga tao tungkol sa mga hinihingi ng Diyos. Noon pa, nangako ang Diyos na pagpapalain o isusumpa ang Israel depende kung susunod sila o susuway sa kanya (Levitico 26, Deuteronomio 28-32). Inihula ng mga propeta ang katuparan ng mga pangakong ito. Kasama sa mga pagpapala ng pagsunod ang buhay, kalusugan, kasaganaan, masaganang ani, kalayaan, at kaligtasan. Kasama naman sa mga sumpa ng pagsuway ang kamatayan, sakit, tagtuyot, taggutom, pagkasira ng mga bahay at siyudad, pagkatalo sa labanan, pagkatapon sa sariling bayan, pagkawala ng kalayaan, kahirapan, at kahihiyan.

**Ang propesiya ay mensahe na nagmula sa Diyos**. Ang propesiya ay pangangaral, tumutugon sa kasalukuyang sitwasyon at nananawagan ng agarang pagsunod. Madalas may hula sa mensahe ng mga propeta. Gayunpaman, ang propeta ay isang mangangaral. Ang kanyang mensahe ay tinatawag na propetiko ito man ay naglalaman ng hula o wala.

Sa maraming pagkakataon, hindi natin alam kung paano o kailan natupad ang isang hula sa propesiya. Pero hindi kailangan malaman ito para matuto tayo mula sa mga sipi na iyon. Madalas, ang katuparan ay hindi nangyari sa panahon ng propeta o ng mga unang nakarinig ng mensahe, ngunit ipinangaral pa rin ito para sa agarang pagsasabuhay at pagtugon. Itinuro ng mga propeta ang kaharian ng Diyos na darating bilang dahilan kung bakit kailangang magsisi at sumunod ang mga tao sa Diyos sa kasalukuyan (Habakuk 2:14).

Madalas kakaiba at dramatiko ang paraan ng mga propeta sa paghahatid ng mensahe. Ginagamit nila ang mga simbolo at kung minsan ay ipinapakita nila sa kilos. **Gayunpaman, hindi nila ipinangaral na ang mga tao ay dapat gumawa ng bago at kakaiba, kundi ang sundin ang naipahayag na kautusan ng Diyos.**

Ang pangangaral ng mga propeta, na layuning ibalik ang mga tao sa mga tuntunin ng tipan (ang kanilang ugnayan sa Diyos), ay maaari pa rin na maipangaral sa ngayon upang tawagin ang mga tao na bumalik sa tamang ugnayan nila sa Diyos.

Ang mga prediksyon (kahit ang mga matagal pang mangyayari sa hinaharap) ay binibigay upang magbunga agad ng pagbabago. Ang layunin ay himukin ang mga tao na magsisi at sumunod sa Diyos. Ganito rin ang layunin ng pangangaral ngayon.

May mga prediksyon na may kondisyon. Maaari pang makaiwas sa nakatakdang parusa ang mga makikinig sa pamamagitan ng pagsisisi (Jeremias 18:7-11, Jeremias 26:13-19). Ang mga nakinig kay Jonas sa Nineve ay hindi naparusahan kahit na ang mensahe ni Jonas ay walang ipinapahayag na awa (Jonas 3:4-5, 9-10).

Ang katuparan ng mga dakilang layunin ng Diyos ay hindi nakabatay sa anumang kondisyon; halimbawa, sa Isaias 43:5-6, ipinangako ng Diyos na ibabalik niya ang mga ipinatapon pabalik sa Israel sa pamamagitan ng kanyang sariling kapangyarihan, ngunit hindi sinabi sa sipi na may kailangang tuparin ang Israel upang mangyari ito. Gayunman, ang magiging bahagi ng isang tao sa mga pangyayaring ito ay nakadepende sa sarili niyang mga desisyon.

Ang mga aklat ng propesiya ay may mga sipi na naglalaman ng kwento ng kasaysayan, ngunit ang mga talumpati ay kadalasan na nasa anyong tula. Hindi mahirap tukuyin kung alin ang kwento ng kasaysayan na dapat ipakahulugan nang literal at alin ang mga tulang sipi na gumagamit ng mga simbolo.

**Mga Mahahalagang Katawagan at Konsepto sa mga Propeta:**

**Pagsamba sa Diyus-diyosan:** Ang pangunahing paglabag sa kasunduan sa Diyos.

**Pangangalunya:** Ang kasalanang madalas na kasama ng pagsamba sa diyus-diyosan at kadalasang ginagamit na talinghaga upang tukuyin ang pagsamba sa diyus-diyosan.

**Mga Bansa:** Tumutukoy sa mundo na wala sa tipan na ugnayan sa Diyos. Dalawang maliliit na tema:

1. Mga bansa na kadalasang lumalaban sa Israel.
2. Layunin ng Diyos na luwalhatiin siya ng Israel sa harap ng mga bansa.

**Templo:** Sentro ng presensya ng Diyos. Dalawa ang kaugnay na tema dito:

1. Ang paimbabaw na pagsamba ay walang galang sa Diyos.
2. Ang paglusob ng mga kaaway sa Templo ay nagpapakita ng lubos na pagkatalo ng Israel at pagkawala ng presensya ng Diyos.

**Lupa o Mana:** Ang espesyal na lugar na inilaan ng Diyos para sa mga Israelita upang sila ay pagpalain.

**Pagkabihag:** Ang pag-alis mula sa lugar na ibinigay ng Diyos, at ang pagkaalipin sa ibang mga bansa. Ang pagkabihag ay nangangahulugan na nawala na sa Israel ang pagpapala ng Diyos.

**Ulan (at mag kaugnay na katawagan):** Isang simbolo ng patuloy na pagpapala ng Diyos sa lupa. Ang kakulangan ng ulan ay tanda ng pagsalungat ng Diyos.

**Ani (at mag kaugnay na katawagan)**: Pagpapala mula sa Diyos na kaugnay ng ulan at lupa.

**Araw ng Panginoon:** Isang hinaharap, biglaang paghuhukom ng Diyos na lilipulin ang masasama. Inisip ng Israel na ang paghatol ay para sa ibang mga bansa at natakot na marinig na sila ay hahatulan din.

**Mga Kabayo:** Kinakatawan ng puwersang militar.

**Paglaya mula sa Egipto:** Ang pangyayari sa kasaysayan na naging dahilan kung bakit naging bansa ang Israel at naging hari nila ang Diyos. Ang pagsamba sa diyus-diyosan ay insulto sa tipan na nabuo pagkatapos ng pagpapalaya.

### Pagpapakahulugan sa Propetikong Panitikan

Ang propetikong panitikan ay isa sa pinakamahirap na uri ng panitikan na maipapakahulugan. Upang epektibong maipakahulugan ang propetikong panitikan, itanong ang mga ito:

#### (1) Ano ang sinabi ng propeta sa mundo niya?

Taliwas sa karaniwang paniniwala, ang propetikong panitikan ay hindi lang tumatalakay sa mga hula tungkol sa hinaharap. Ang propeta ay unang nagsasalita sa mga tao sa sarili niyang mundo.

Halimbawa, si Amos ay nangaral sa bansang Israel, na sumusuway sa Diyos. Ang mga tao ay mayaman at akala nila na kahit suwayin nila ang kautusan ng Diyos walang mangyayaring masama. Nagpahayag si Amos ng mensahe ng paghahatol: na hahtulan ng Diyos ang Israel dahil kinalimutan nila ang hustisya at katuwiran (Amos 5:7).

#### (2) Ano ang naging tugon ng mga tao sa kanyang mensahe?

Makikita ang naging tugon ng Israel kay Amos sa naging sagot ni Amazias, ang mataas na pari sa Bethel. Pinauwi niya si Amos sa Juda at sinabihan na huwag nang mangaral pa sa hilagang bahagi ng Israel (Amos 7:10-13).

#### (3) Anong prinsipyo mula sa mensahe ng propeta ang nangungusap pa rin sa ating mundo sa ngayon?

Kung paanong ang katarungan at katuwiran ang naging pamantayan ng Diyos para sa kanyang bayan sa sinaunang Israel, hinihingi pa rin ng Diyos ang katarungan at katuwiran mula sa kanyang mga anak sa ngayon. Hindi natin maaaring sambahin ang Diyos sa kanyang tahanan habang binabalewala ang kanyang panawagan na mamuhay nang matuwid (Amos 5:22-24).

Ang mga tanong na ito ay nagdadala ng katotohanan mula sa panahon ng propeta tungo sa panahon natin ngayon. Sa ating pagmamasid sa mundo ng propeta, makakasiguro tayo na ang ating pagpapakahulugan sa ngayon ay nag-uugat mula sa orihinal na mensahe.

### Anyo ng Panitikan: Apokaliptikong Panitikan

Ang mga kasulatan na apokaliptiko ay kinabibilangan ng Daniel, Zacarias, Joel, Apocalipsis, at ilang mga sipi mula sa iba pang aklat sa Biblia.

Ang manunulat ng isang aklat sa apokaliptiko ay tumatanggap ng mensahe sa isang pangitain o panaginip. Ito ay may maraming simbolo. Madalas itong gumagamit ng mga hayop o kakaiba, halimaw na nilalang bilang mga simbolo.

Sa halip na ilarawan ang mga kaganapan ng magkakasunud-sunod, maaaring paulit-ulit na pag-uusapan ng sumulat ang tungkol sa parehong mga kaganapan/tagpo, na may iba't ibang mga detalye na isiniwalat sa bawat pagsasalaysay.

Ang karaniwang paraan ng pagpapakahulugan sa kasulatan ay ang literal na pag-unawa sa mga detalye maliban na lamang kung malinaw na nilayon ng manunulat na maging matalinghaga ang paglalarawan. Sa kaso ng apokaliptikong panitikan, dapat mapagtanto ng nagpapakahulugan na nilayon ng may-akda na maging matalinghaga ang karamihan sa mga detalye. Ang mga halimbawa ng malinaw na matalinghagang paglalarawan ay ang sa mga hayop at halimaw sa mga pangitain ni Daniel.

- Halimbawa ng mga hayop na simbolo: Daniel 7:3-7, Apocalipsis 12:3, Apocalipsis 16:13, at Zacarias 6:1-3.

Ang mga sulat na apokaliptiko ay kadalasang tumatalakay sa pagsubok ng pananatili sa pananampalataya sa kabila ng kasamaan at kawalang-katarungan sa mundo ngayon. Inilalarawan nito ang isang pandaigdigang labanan na may matinding digmaan.

Ang mga sulat na apokaliptiko sa Biblia ay nagpapakita ng tiyak na tagumpay ng Diyos, na nagpaparusa sa kasamaan at nagbibigay gantimpala sa mabubuti. Ito ay nakatuon sa makapangyarihang Diyos na tumutulong sa kanyang mga tao.

Ang pangunahing mensahe ng sulat na apokaliptiko ay maaaring maunawaan kahit hindi lubos na nauunawaan ang lahat ng simbolo at kahit na ang nagpapakahulugan ay walang kakayahan na gumawa ng tiyak na talaan ng mga pangyayaring darating.

- Halimbawa ng mga sipi na nagsasalaysay ng isang dakilang huling labanan: Joel 2:9-11, Apocalipsis 19:11-21, at Apocalipsis 20:7-9.
- Mga halimbawa ng mga sipi na nagtuturo tungkol sa huling tagumpay at walang hanggang kaharian ng Diyos: Daniel 7:14, 27 at Zacarias 14:9.

Bukod sa mga aklat na apokaliptiko, may iba pang bahagi ng kasulatan na maituturing na apokaliptikong sulat dahil nagsasabi ito ng tungkol sa biglaang pamamagitan ng Diyos upang hatulan ang masasamang kapangyarihan at iligtas ang matuwid. Hindi lahat ng mga kasulatang ito ay may ibang katangian ng apokaliptikong sulat, tulad ng pangitain o simbolo ng hayop. (Halimbawa: Ezekiel 37-39, Isaias 24-27, Mateo 24, Marcos 13, Lucas 21, 2 Tesalonica 2, at 2 Pedro 3.)

**Pangkalahatang Pagsasabuhay ng Kasulatang Apokaliptiko:**

Ang tunay na lunas sa problema ng mundo ay hindi ang pag-unlad ng kultura o lipunan. Hindi ito pagbabagong pulitikal o rebolusyon. Ang lunas ay ang pakikialam ng Diyos. Sa kasalukuyan, ibinibigay niya ang pananampalataya, lakas, at awa sa kanyang mga tao. Sa hinaharap, darating siya upang bigla at ganap nang baguhin ang mundo.

Ang mga mananampalataya ay dapat magtiis nang may pananampalataya. Hindi kailangan na lubos na maintindihan ang buong plano ng Diyos o ang mga pangyayari sa mundo. Ang pananampalataya ay hindi nangangahulugang kaya nating hulaan ang mga mangyayari. Sa halip, ang totoong pananampalataya ay ang pagsunod sa Diyos sa lahat ng pagkakataon, dahil alam nating sa huli, ang pagsunod ay hindi masasayang.

## Anyo ng Panitikan: Talinghaga

Ang talinghaga ay isang kasangkapan sa pagtuturo na gumagamit ng paghahambing ng katotohanang espirituwal sa mga bagay sa kalikasan o mga sitwasyon sa buhay. Ipinapakita ang pagkakatulad ng katotohanang espirituwal at likas na katotohanan upang mas madali nating maunawaan ang katotohanang espirituwal.

Ang paggamit ng mga talinghaga ay isa sa mga paboritong paraan ni Jesus sa pagtuturo (Mateo 13:34). Nagpahayag siya ng 30 talinghaga at gumamit ng marami pang matalinghagang paghahambing.

Sa pamamagitan ng mga talinghaga, nagturo si Jesus tungkol sa panalangin (ang Pariseo at ang maniningil ng buwis sa Templo, Lucas 18:9-14), pag-ibig sa kapwa (ang mabuting Samaritano, Lucas 10:29-37), ang kalikasan ng kaharian ng Diyos (mga talinghaga sa Mateo 13), at ang habag ng Diyos sa mga makasalanan (ang alibughang anak, Lucas 15:11-32).

Naging daan ang mga talinghaga na sawayin ni Jesus ang kanyang mga tagapakinig nang walang direktang paghaharap. Dahil kawili-wili ang mga talinghaga na sinabi ni Jesus, nabuksan nila ang mga tainga ng mga tagapakinig ni Jesus sa kanyang mga salita hanggang sa bigla silang nagulat nang mapagtanto nila na "Ako ang tinutukoy niya!" Ganoon din ang ginawa ng propetang si Nathan nang sabihin niya kay David ang isang talinghaga tungkol sa mga tupa ng isang dukha (2 Samuel 12:1–10). Hanggang sa sinabi ni Nathan na, “Ikaw ang lalaking iyon,” napagtanto ni David na ang talinghaga ay tungkol sa kanyang sarili.

### Pagpapakahulugan ng mga Talinghaga

Dapat pansinin ng nagpapakahulugan ang mga sumusunod:

- Paano sinimulan ang talinghaga?
- Ano ang pagwawakas ng talinghaga?
- Anong tugon o pagbabago sa ugali ang hinihingi ng talinghaga?
- Ano ang magiging reaksyon ng orihinal na tagapakinig?

### (1) Paano sinimulan ang talinghaga?

Si Jesus ay madalas na nagsasabi ng isang talinghaga bilang tugon sa isang tanong o isang saloobin. Ang pag-alam sa sitwasyon kung saan sinabi ang talinghaga ay nakakatulong sa nagpapakahulugan na maunawaan ang mensahe nito.

Kung ang pagpapakahulugan natin sa talinghaga ay walang direktang kaugnayan sa pag-uusap o sitwasyon na nag-udyok kay Jesus para sabihin ito, malamang na mali ang pagkaunawa natin.

**Mga talinghaga bilang tugon sa isang tanong.** Habang nag-uusap sila, tinanong si Jesus ng isang abogado, "Sino ang aking kapwa?" Maaari sanang sumagot si Jesus ng, "Ang nangangailangang tao na nasa iyong daraanan ang iyong kapwa—at responsibilidad mo." Sa halip, ibinigay ni Jesus ang parehong sagot sa pamamagitan ng pagsasalaysay ng talinghaga ng mabuting Samaritano.

Mali ang naging paliwanag ni Augustine sa talinghaga dahil hindi niya pinansin ang tanong na sinasagot nito. Ganito ang pagpapakahulugan na ibinigay ni Augustine: Si Jesus (ang Samaritano) ang nagligtas kay Adan (ang lalaki) mula kay Satanas (ang mga tulisan) at dinala siya sa iglesia (ang bahay-panuluyan) para sa kaligtasan. Binigyan daw ni Jesus si Pablo (ang tagapamahala ng bahay-panuluyan) ng dalawang denaryo (ang pangakong buhay sa mundong ito at sa darating na buhay) para pagalingin ang kasalanan (ang mga sugat). Hindi tama ang paliwanag ni Augustine dahil wala itong kaugnayan sa pinag-uusapan nina Jesus at ng abogado.

**Mga talinghagang tugon sa ugali.** Sinasabi sa Lucas 15:1-3 na, "Noon, ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan ay lumalapit sa kanya upang makinig. Ang mga Fariseo at mga eskriba ay nagbulung-bulungan, na nagsasabi, "Tinatanggap ng taong ito ang mga makasalanan at kumakaing kasalo nila."

Kaya't isinalaysay niya sa kanila ang talinghagang ito:

- Isang pastol ang nawalan ng tupa. Tingnan mo kung gaano siya natuwa nang ito'y matagpuan!
- Isang babae ang nawalan ng salaping pilak. Tingnan mo kung gaano siya natuwa nang ito'y matagpuan!
- Isang ama ang nawalan ng anak. Tingnan mo kung gaano siya natuwa nang ito'y bumalik!

Sa pamamagitan ng tatlong talinghagang ito, parang sinasabi ni Jesus, "Hindi niyo dapat ikagulat na ako'y kumakain kasama ng mga makasalanan. Tingnan niyo kung gaano kasaya sa langit kapag may isang makasalanan na nagsisisi!"

Napakahalaga na tandaan **ang pangunahing aral ng isang talinghaga ay laging may kaugnayan sa tanong o sitwasyong nag-udyok kay Jesus na sabihin ito.**

**(2) Ano ang pagwawakas ng talinghaga? Anong tugon o pagbabago sa ugali ang hinihingi ng talinghaga?**

Karaniwang may isang malinaw na punto ang isang talinghaga, kahit may iba pang mga pagsasabuhay na posible. Ang bawat pangunahing tauhan sa talinghaga ay maaaring magpakita ng isang aral.

Nakita na natin ang pangunahing aral ng talinghaga ng alibughang anak: May malaking kagalakan sa langit sa isang makasalanang nagsisi. Sinasagot ng pangunahing puntong ito ang sitwasyong nagbigay inspirasyon sa talinghaga ni Jesus: ang ayaw ng mga Pariseo na magpatawad sa mga makasalanan. Ang bawat isa sa tatlong tauhan ay nagtuturo din ng isang aral na direktang nauugnay sa pangunahing punto ng talinghaga.

| Tauhan | Aral |
|---|---|
| **Ang alibughang anak** | Mga makasalanan na nagbalik-loob sa Diyos sa pagsisisi ang makikitang handa sa kapatawaran |
| **Ang mapagmahal na ama** | Sa halip na ayaw magpatawad, ang ating makalangit na Ama ay nagagalak sa pagpapatawad |
| **Ang nakakatandang kapatid na lalaki** | Ang sang tao na ayaw magpatawad ay walang pagmamahal tulad ng Ama. |

Ikinumpara ni Jesus ang hindi pagpapatawad ng nakatatandang kapatid sa pagpapatawad ng ama. Layunin ni Jesus na pagsabihan ang mga Pariseo tungkol sa kanilang hindi pagpapatawad. Nais niyang pagsisihan nila ang kanilang maling saloobin.

Ang isang nangangaral mula sa talinghagang ito ay maaaring magbigay-diin sa pagmamahal at pagpapatawad ng ama para sa layuning mahikayat ang isang makasalanan na magsisi. Maaari din niyang i ipangaral na ang mga mananampalataya ay dapat magkaroon ng saloobin ng pagpapatawad ng Diyos para sa mga hindi mananampalataya.

**(3) Ano ang magiging reaksyon ng orihinal na tagapakinig?**

Upang maunawaan kung paano makakaapekto ang isang talinghaga sa unang tagapakinig, dapat nating maunawaan ang kanilang kultura. Ang mga talinghaga ni Jesus ay madalas na sumasalungat sa inaasahang pamantayan ng kanyang kultura. Nagulat sila nito.

Halimbawa, isipin ulit ang talinghaga ng alibughang anak. Para sa mga tagapakinig ni Jesus napakalaking kawalang-galang para sa isang anak na hingin agad ang kanyang mana. Pagkatapos ay nilustay pa ng anak ang lahat ng kanyang mana. Inaasahan ng mga nakikinig na kapag bumalik ang anak, itataboy siya ng ama, hindi siya haharapin, at baka pa nga siya ay paluin at palayasin. Isipin mo kung gaano kalaki ang gulat ng mga nakikinig nang ang ama ay tumakbo para salubungin ang kanyang anak!

Sa talinghaga naman ng mabuting Samaritano, hindi sila nagulat na nilampasan lang ng pari at Levita ang sugatang lalaki, dahil alam nilang maraming pinuno ng templo ay mapagkunwari. Nirerespeto nila ang mga Pariseo, kaya inasahan nilang ang tutulong sa sugatang lalaki ay isang Pariseo. Isipin ang kanilang pagkagulat nang ang ikatlong tao ay isang Samaritano, isang taong hinamak nila dahil sa kanyang lahi at kawalan ng estado sa relihiyon!

Kung mas nauunawaan natin ang kultural na tagpuan ng parabula, mas malinaw na nakikita natin ang mensahe.

**Mga Detalye at Simbolo sa mga Talinghaga**

May ilang tagapagturo na nagkakamali sa pag-aakala na ang bawat detalye sa talinghaga ay may simbolikong kahulugan. Halimbawa, sa talinghaga ng mabuting Samaritano, may nagsabi na ang paglalakbay ng lalaki mula Jerusalem papuntang Jerico ay isang maling pagpili dahil siya ay patungo sa isang lungsod na isinumpa. Hindi ito tamang pagpapakahulugan ng talinghaga, dahil ang layunin ng talinghaga ay upang maipaliwanang kung paano magmahal ang isang tao sa kanyang kapwa. Ang mga detalye ay hindi simbolo ng kahit ano.

Sa talinghaga sa Marcos 4:30-32, iniisip ng ilan na ang mga ibon sa puno ay may malalim na kahulugan. Ngunit nabanggit lang ang mga ibon para ipakita na ang maliit na binhi ay lumaki at naging malaking puno na maaaring pahingahan ng mga ibon.

Sa talinghaga ng alibughang anak, hindi kailangang hanapan ng simbolikong kahulugan ang bawat detalye. Halimbawa, ang mga baboy ay hindi mga simbolo. Binanggit ang mga baboy para ipakita kung gaano kasama ang kalagayan ng anak: Ang isang batang Judio ay hindi karaniwang napapalapit sa mga baboy.

Bihira ang mga talinghagang may simbolikong detalye. Isang halimbawa ay ang talinghaga ng trigo at damo sa (Mateo 13:38-39). Alam nating may simbolo ito dahil sinabi mismo ni Jesus na ang mga detalye ay may ibig sabihin.

**Pangangaral Gamit ang mga Talinghaga**

Maaaring iakma ng isang mangangaral ang isang talinghaga sa isang pamilyar na sitwasyon sa kanyang sariling kultura. Gayunpaman, dapat siyang maglaan ng panahon upang maunawaan kung ano ang kahulugan ng talinghaga para sa mga unang tagapakinig. Kung hindi, hindi niya maipapahayag ang parehong mensahe sa kanyang mga tagapakinig.

Ang isang nagpapakahulugan ay hindi dapat gumamit ng talinghaga bilang batayan ng isang doktrina o pagsasabuhay na hindi sinusuportahan ng ibang malinaw na kasulatan.

## Anyo ng Panitikan: Sulat

### Mga Katangian ng mga Sulat[24]

Maraming aklat sa Bagong Tipan ay mga sulat mula kina Pablo, Santiago, Pedro, Juan, at Judas. Bagaman may pagkakaiba-iba sa pagitan ng mga sulat, ang ilang mga katangian ay karaniwan sa mga sulat. Ang mga sulat sa Bagong Tipan ay:

1. **May awtoridad.** Ang mga sulat ay pamalit sa presensya ng may-akda. Ang sulat ay kumakatawan sa awtoridad ng sumulat; ang awtoridad na ito ay kadalasang sinasabi sa unang bahagi ng sulat.[25]

2. **Batay sa Sitwasyon**. Ang mga sulat sa Bagong Tipan ay sinulat para sa isang tiyak na problema o sitwasyon. Halimbawa, ang Galacia ay sinulat sa iglesya na naniwala na ang kaligtasan ay nakadepende sa pagsunod sa batas ng mga Judio. Itinuro ni Pablo ang kalayaan kay Cristo. Sa kabaligtaran, ang simbahan sa Corinto ay labis na pinahihintulutan ang kalayaan—pinapayagan nila ang kasalanang sekswal. Sa 1 Corinto, binigyang-diin ni Pablo na ating responsibilidad ang pagsunod.

3. **Para sa mga Mananampalataya.** Ang mga sulat ay isinulat para sa mga iglesia sa iba't ibang lugar (Roma) o para sa mga indibidwal na mananampalataya (Filemon) o para sa mga mananampalataya sa pangkalahatan (Judas). Hindi lahat ng tagatanggap ng mga sulat ay namumuhay sa isang malapit na ugnayan sa Diyos. Tinawag ni Pablo ang mga mananampalataya sa Corinto na magsisi sa ilang ginagawa nila; tinawag niya ang mga taga-Galacia na bumalik sa ebanghelyo; at sinabi ni Santiago sa mga mayayamang hindi makatarungan na asahan nila ang paghatol. Gayunman, ang mga sulat ay isinulat sa loob ng konteksto ng Kristiyanong pamilya ng pananampalataya.

[24] Ang mga konsepto sa bahaging ito ay inangkop mula sa J. Scott Duvall at J. Daniel Hays, *Grasping God's Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2012).
[25] Halimbawa, nakasaad sa Efeso 1:1 ang apostolikong awtoridad ni Pablo: "Si Pablo, apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos."

| Istruktura ng mga Sulat sa BT |
| --- |
| Panimula<br>• Pangalan at posisyon ng may-akda<br>• Tagatanggap<br>• Pagbati<br>• Panimulang Panalangin<br><br>Katawan (Pangunahing mensahe ng sulat)<br><br>Pagwawakas (Maaaring kasama ang mga sumusunod)<br>• Mga plano ng paglalakbay(Tito 3:12)<br>• Mga papuri at pagbati (Roma 16)<br>• Huling paalala (Colosas 4:16-17)<br>• Pagpapala (Efeso 6:23-24)<br>• Papuri sa Diyos (Judas 24-25) |

**Pagpapakahulugan sa mga Sulat**

Kapag nakatanggap ka ng sulat mula sa isang kaibigan, ikaw ay uupo upang basahin ang buong sulat. Ganoon din ang gawin mo sa mga sulat sa Bagong Tipan. Basahin mo nang buo upang makita mo ang mensahe ng may-akda. Habang nagbabasa, gumawa ng listahan ng mga pagsusuri. Ang mas maraming mga detalye na iyong masususri, mas handa ka na magpakahulugan ang sulat.

May ilang mga katanungan na itatanong kapag nagbabasa tayo ng isang sulat na ayon sa Biblia:

**(1) Sino ang tagatanggap ng sulat?**

Habana mas nakikilala natin ang iglesia or tao na nakatanggap ng sulat, mas mauunawaan natin ang sulat. Kapag pinag-aaralan natin ang sulat ni Pablo, makakatulong kung sisimulan natin ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbasa ng mga tala sa Mga Gawa tungkol sa iglesiang tagatanggap ng sulat. Madalas nakakatulong ito para mas maunawaan natin ang sulat. Halimbawa:

- Ang iglesya sa Filipos ay nagsimula sa gitna ng pag-uusig (Mga Gawa 16:12-40). Itinatampok nito ang tagubilin ni Pablo na dapat silang magsaya kahit sa mahihirap na kalagayan.
- Ang Efeso (tulad ng ibang sulat ni Pablo) ay para sa mga mananampalataya. Nang ipinanalangin ni Pablo na ang lahat ng mananampalataya ay mapuno ng lahat ng kapuspusan ng Diyos, (Efeso 3:19) ipinapanalangin niya na ang mga anak ng Diyos ay tumanggap ng higit pang kapuspusan ng Diyos. Ipinapanalangin niya na ang mga

Kristiyano ay maging “banal at walang dungis sa harapan niya [ng Diyos]” (Efeso 1:4).

**(2) Sino ang may-akda? Ano ang ugnayan niya sa tagatanggap?**

Kapag ikaw ay may natanggap na sulat, gusto mong malaman: "Sino ang sumulat nito?" Kung mas kilala mo ang may-akda, mas magiging kawili-wili ang liham. Katulad nito, kapag mas marami tayong nalalaman tungkol sa may-akda ng isang liham sa Biblia, mas mauunawaan natin ang kanyang mensahe.

Sa kaniyang mga sulat, binigyang-diin ni apostol Juan ang pag-ibig. Nakilala noon si John bilang isa sa mga “mga Anak ng Kulog” (Marcos 3:17). Noon, siya at ang kanyang kapatid ay humingi ng pahintulot ni Jesus na magpababa ng apoy mula sa langit (Lucas 9:54). Ang mga liham ni Juan, na isinulat kalaunan, ay nagpapakita sa atin na siya ay nabago sa pamamagitan ng pagpupuspos ng Banal na Espiritu noong Pentecostes.

Sumulat si Pedro para palakasin ang loob ng mga Kristiyanong dumaranas ng paghihirap. Sinabi niyang kaya nilang maging matatag sa harap ng tukso ni Satanas (1 Pedro 5:8-9). Sa unang bahagi ng buhay ni Pedro, itinanggi niya na kilala niya si Jesus dahil sa kanyang takot (Marcos 14:66-72). Ang mga liham ni Pedro ay nagpapakita sa atin ng pagbabagong nangyari sa kanyang buhay.

Ang pag-alam sa kaugnayan ng sumulat at ng tagatanggap ay kadalasang nakakatulong sa pagbasa ng isang sulat. Ang mainit na ugnayan ni Pablo sa iglesia sa Filipos ay makikita sa kabuuan ng kanyang masayang sulat. Sa kabilang banda, ang hindi pagkakasundo sa pagitan ni Pablo at ng mga suwail na miyembro sa Corinto ang nagbunsod sa matitinding pagsaway sa 1 at 2 Corinto.

**(3) Ano ang mga pangyayari sa ang nagbigay ng inspirasyon sa sulat?**

Alam natin ang mga pangyayari na nagbigay inspirasyon sa ilan sa mga liham ni Pablo. Ang 1 at 2 Corinto ay isinulat bilang tugon sa mga problema at mga tanong sa Corinto. Ang Filemon ay isinulat bilang isang pagsusumamo sa ngalan ng isang tumakas na alipin, si Onesimo.

Ang sulat sa mga taga-Galacia ay nagpapakita kung gaano kahalaga ang pagunawa sa kalagayan sa likod ng isang sulat. Pagkaraan lamang ng ilang talata sa Galacia, mapapatanong ka, “Ano ba ang nangyayari sa Galacia?” Sinimulan ni Pablo ang sulat niya sa pagsasabing, “Ako'y namamangha na napakabilis ninyong iniwan siya na tumawag sa inyo sa biyaya ni Cristo at bumaling kayo sa ibang ebanghelyo” (Galacia 1:6). Nging malinaw sa kalaunan na ang mga bagong mananampalatayang ito ay tumalikod sa ebanghelyo ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Sa halip, naniwala sila sa mensahe na ang tao ay pinapawalang-sala sa pamamagitan ng mga gawa. Ang matinding pananalita ni Pablo ay bunga ng kanyang pagmamahal sa mga taong ito. Inalay niya ang kanyang buhay sa pagpapahayag ng mensahe ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Labis ang

pagkagulat niya sa pagtalikod sa katotohanan at pagtanggap ang isang hugad na ebanghelyo ng mga taga-Galacia.

**Anyo ng Panitikan: Paglalahad**

Ang paglalahad ay maayos na pagtuturo. Ito ay kumikilos sa isang lohikal na paraan mula sa punto 1 hanggang punto 2. Ang anyo ng panitikan na ito ay karaniwan sa mga liham sa Bagong Tipan, lalo na sa mga sulat ni Pablo. Sa mga sulat na ito, malinaw na ipinapakita ni Pablo ang katotohanan tulad ng isang mahusay na guro.

Ang paglalahad ay gumagamit ng mga salitang nag-uugnay tulad ng *kaya*, *at*, o *ngunit*. Madalas din itong may mga tanong at sagot. Ang paglalahad ay nagbibigay ng malinaw at lohikal na pagpapahayag ng katotohanan.

Sa Colosas, ipinakita ni Pablo ang paglalahad tungkol sa kung sino si Cristo. Itinuturo ni Pablo na si Cristo ay mas mataas kaysa sa lahat ng pilosopiya at tradisyon ng tao. Si Pablo ay sumusunod sa lohikal na huwaran na ito:

1. Nagbigay si Pablo ng katibayan para sa kahigitan ni Cristo (Colosas 1:15-23)
    - Siya ang panganay sa lahat ng mga nilalang.
    - Sa pamamagitan niya nilalang ang lahat ng mga bagay.
    - Siya ang ulo ng katawan, ang iglesya.
    - Ang pagkakasundo ay dumarating sa pamamagitan niya.
2. Ipinaalala ni Pablo sa kanyang mga mambabasa ang kanyang layunin sa pagsusulat. Ang mensahe tungkol kay Cristo na niluwalhati ay ibinigay kay Pablo para dalhin sa mga Hentil (Colosas 1:24–2:5).
3. Nagbababala si Pablo laban sa mga turo na hindi kinikilala ang kahigitan ni Cristo (Colosas 2:6-23).
    - Ang turo na maliligtas ang mga tao sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan ng Diyos
    - Ang pagsasagawa ng mapanganib na pakikipag-ugnayan sa mga espiritu
    - Ang maling pagbibigay-diin sa pisikal na disiplina para sa mga espiritwal na resulta
4. Kaya, dahil sa kahigitan ni Cristo, ganito dapat ang pamumuhay ninyo (Colosas 3-4):
    - Ang pagpapasakop kay Kristo ay makakaapekto sa ating moral na pag-uugali.
        - Hindi na tayo mag-aasal ng imoral (Colosas 3:1-11).
        - Mamumuhay tayo sa kapayapaan at pagpapasalamat (Colosas 3:12-17).

- Ang pagpapasakop kay Cristo ay makakaapekto sa ating ugnayan sa iba ng tao (Colosas 3:18–4:6).

5. Ang pangwakas na pagbati ay nagpapaalala sa mga mambabasa ng personal na pagmamalasakit ni Pablo para sa mga mananampalataya sa Colosas (Colosas 4:7-18).

Ang liham ni Pablo ay isang paglalahad ng doktrina ng pagkapanginoon ni Cristo. Itinuturo nito ang tungkol sa kalikasan ni Cristo at ang epekto ng katotohanang ito sa ating buhay bilang mga mananampalataya.

**Mahahalagang Punto sa Aralin 6**

(1) Ang tamang pagpapakahulugan ay nangangailangan na maunawaan natin ang anyo ng panitikan ng talatang pinag-aaralan natin.

(2) Ilan sa mga mahahalagang anyo ng panitikan na matatagpuan sa Biblia ay kinabibilangan ng:

- Kasaysayan: Tapat na tala ng mga tunay na tao at totoong mga pangyayari sa kasaysayan.

  Kapag nagpapakahulugan tayo ng kasaysayan, tanungin natin:

  - Ano ang kwento?
  - Sino ang mga tao sa kwento?
  - Ang kwento bang ito ng kasaysayan ay nagbibigay ng halimbawa na dapat tularan?
  - Ano ang mga prinsipyo ang itinuro ng makasaysayang kwento na ito?

- Ang Kautusan sa Lumang Tipan

  Ang kautusan sa Lumang Tipan ay mahalaga para sa mga mananampalataya sa Bagong Tipan dahil:

  - Ito ay pagpapahayag ng kalikasan ng Diyos.
  - Ito ay magbibigay ng karunungan sa atin tungo sa kaligtasan.
  - Tumutulong ito sa atin na malaman ang kalooban ng Diyos.

  Makatutulong na isipin ang tungkol sa tatlong uri ng Kautusan sa Lumang Tipan:

  - Seremonyal na mga kautusan
  - Panlipunang kautusan
  - Moral na mga kautusan

  Kapag nagpapakahulugan ng kautusan sa Lumang Tipan, itanong:

  - Ano ba ang ibig sabihin ng tekstong ito sa mga orihinal na tagapakinig?

- Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga unang tagapakinig ng Biblia noon sa atin ngayon?
- Anong mga prinsipyo ang itinuturo ng teksto na ito?
- Iniangkop ba ng Bagong Tipan ang prinsipyong ito sa anumang paraan?

- Tula

  Mga Katangian ng Tulang Hebreo

  - Paralelismo
  - Mga Tayutay

- Karunungang Panitikan: nagtuturo kung paano gumagana ang buhay.

- Mga Kawikaan — mga pangkalahatang pagsusuri ng buhay na nakasaad nang maikli at malinaw.

  Kapag nagpapakahulugan ng Kawikaan, itanong:

  - Ano ang pangkalahatang prinsipyo na itinuro sa kasulatan na ito?
  - Anong mga pagbubukod sa prinsipyong ito ang umiiral?
  - Sino-sinong tao sa Biblia ang huwaran ng prinsipyong ito?

- Ang propesiya sa Lumang Tipan ay mensahe mula sa Diyos.

  Kapag nagpapakahulugan ng propesiya sa Lumang Tipan, itanong:

  - Ano ang sinabi ng propeta sa mundo niya?
  - Ano ang naging tugon ng mga tao sa kanyang mensahe?
  - Anong prinsipyo mula sa mensahe ng propeta ang nangungusap pa rin sa ating mundo sa ngayon?

- Apokaliptikong Panitikan

  Kapag nagpapakahulugan ng apokaliptikong panitikan, tandaan:

  - Ito ay may maraming simbolo.
  - Hindi ito laging sunod-sunod ayon sa panahon.
  - Maaari itong paulit-ulit na naglalarawan ng parehong mga kaganapan, na nagbibigay ng iba't ibang mga detalye.

  Ang pinakamahalagang tema ng apokaliptikong panitikan ay:

  - Ang pagsubok na panatilihin ang pananampalataya sa gitna ng masamang mundo.
  - Ang makapangyarihang Diyos na tumutulong sa kanyang bayan.

- Talinghaga: pagtuturo na naghahambing sa katotohanang espiritwal sa mga bagay sa kalikasan o mga kalagayan sa buhay. Kadalasan ang mga talinghaga ay sinabi bilang tugon sa isang tanong o isang saloobin.

  Kapag nagpapakahulugan ng talinghaga, itanong:

  - Paano sinimulan ang talinghaga?
  - Ano ang pagwawakas ng talinghaga?
  - Anong tugon o pagbabago sa ugali ang hinihingi ng talinghaga?
  - Ano ang magiging reaksyon ng orihinal na tagapakinig?

- Sulat

  Ang mga sulat sa Bagong Tipan ay:

  - May awtoridad
  - Batay sa sitwasyon
  - Isinusulat para sa mga mananampalataya

  Kapag nagpapakahulugan ng mga sulat, itanong:

  - Sino ang tagatanggap ng sulat?
  - Sino ang may-akda? Ano ang ugnayan niya sa tagatanggap?
  - Ano ang mga pangyayari sa ang nagbigay ng inspirasyon sa sulat?

- Paglalahad: maayos na pagtuturo

**Takdang-Aralin sa Aralin 6**

Sa Aralin 1, pumili ka ng isang bahagi ng kasulatan na pag-aaralan mo sa buong kurso. Ano ang anyo ng panitikan ng bahagi ng Kasulatan na pinili mo? Gamitin mo ang mga impormasyon sa araling ito para mas maunawaan mo ang tungkol sa iyong piniling bahagi. Sagutin mo ang mga tanong sa pag-unawa na may kinalaman sa tiyak na anyo ng panitikang iyong pinag-aaralan.

# Aralin 7
# Pagpapakahulugan: Pag-aaral ng Salita

## Mga Layunin ng Aralin

(1) Pahalagahan ang halaga ng malalim na pag-aaral ng salita.
(2) Maiwasan ang mga karaniwang pagkakamali sa pag-aaral ng salita.
(3) Maunawaan at gamitin ang proseso sa pag-aaral ng salita.
(4) Makilala ang matalinghagang wika sa Biblia.

## Panimula

Ang Biblia ay puno ng kahulugan, ngunit nakalulungkot, may ilang mga tao na nagbabasa ng kasulatan nang hindi nauunawaan ang mensahe nito.[26] Ang Biblia ay binubuo ng mga aklat, mga kabanata, mga talata, at mga salita. Ang pag-unawa sa kahulugan ng mga salita ay tumutulong sa atin na mapakahulugan nang tama ang sipi na ating pinag-aaralan. Ang araling ito ay tungkol sa kung paano pag-aralan ang mga salita. Pinag-aaralan natin ang isang salita upang maunawaan kung ano ang ibig sabihin nito sa isang tiyak na konteksto ng Biblia.

Minsan may mga tao na nag-aaral ng mga orihinal na salitang Griyego at Hebreo ng Biblia gamit ang mga sanggunian sa pag-aaral ng Biblia. Ang mga sanggunian na ginagamit para sa ganitong klase ng pag-aaral ng salita ay hindi madaling mahanap, kaya hindi na natin ito tatalakayin sa araling ito. Sa halip, pag-aaralan natin kung paano pag-aralan ang mga salita sa ating lokal na pagsasalin ng Biblia.

Gagamit tayo ng tatlong hakbang para pag-aaral ng salita:

1. Pumili ng mga salitang pag-aaralan.
2. Ilista ang lahat ng posibleng kahulugan ng bawat salitang napili.
3. Alamin kung ano ang kahulugan ng bawat salitang napili ayon sa konteksto ng sipi.

## Mga Karaniwang Pagkakamali sa Pag-aaral ng Salita

Habang nagsisimula tayong magsagawa ng mga pag-aaral ng salita, may ilang mga pagkakamali na dapat nating iwasan. Ang mga pagkakamaling ito ay kadalasang humahantong sa mga maling pagpapakahulugan.

---

[26] Karamihan sa impormasyong nasa aralin na ito ay mula sa Kabanata 9 ng J. Scott Duvall at J. Daniel Hays, *Grasping God's Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2012).

### Hindi Pagsasaalang-alang sa Dating Kahulugan ng Salita

Minsan nagbabago ang gamit ng isang salita habang lumilipas ang panahon. Kung ang pagsasalin ng ating Biblia ay ginawa maraming taon na ang nakaraan, kailangan nating magkaroon ng kamalayan dahil maaaring iba na ang kahulugan ng ilang salita sa Biblia kumpara sa kahulugan ng mga salita ngayon. Kung hindi natin nauunawaan kung paano ginamit ang salita noon, maaari tayong magkaroon ng maling pagkaunawa tungkol sa sinasabi ng talata na ating pinag-aaralan. (Hindi naman ito gaanong isyu kung ang Biblia na binabasa natin ay bagong salin lamang sa mga nakaraang taon.)

► Pag-usapan ang tungkol sa isang salita sa iyong wika na iba ang ibig sabihin ngayon sa kung ano ang ibig sabihin noon.

### Pagpapalagay na ang Salita ay May Parehong Kahulugan sa Bawat Konteksto

Gumamit ang mga may-akda ng Biblia ng mga salitang may higit pa sa isang posibleng kahulugan. Ang parehong salita ay maaaring gamitin na may isang kahulugan sa isang konteksto, at may ibang kahulugan sa iba pang konteksto. Kailangan nating tingnan ang konteksto kung saan ginamit ang salita upang malaman kung aling kahulugan ang tamang kahulugan sa talatang ating pinag-aaralan.

## Proseso ng Pag-aaral ng Salita

### Hakbang Isa: Pumili ng mga Salita mula sa Sipi na Pag-aaralan

Hindi natin kailangang pag-aralan nang malalim ang bawat salita sa Biblia. Minsan malinaw na ang kahulugan ng isang salita. Halimbawa, noong sinabi sa Biblia na kumuha si David ng limang bato (1 Samuel 17:40), hindi na natin kailangang pag-aralan pa nang malalim ang salitang *bato* para maintindihan ang ibig sabihin nito.

Sa pagpili ng mga salitang pag-aaralan, hanapin ang:

- Mga salitang mahalaga para sa kahulugan ng sipi
- Mga inuulit na salita
- Tayutay
- Mga malabo o mahirap na salita

► Basahin ang Roma 12:1-2 at bilugan ang mga mahalagang salita para pag-aralan. Sa tabi ng salita, lagyan ng marka kung bakit mo ito pinili:

1 = Mahalagang salita
2 = Inulit na salita
3 = Tayutay
4 = Malabo o mahirap na salita

Kaya nga, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong ialay ang inyong mga katawan na isang handog na buháy, banal, na kasiya-siya sa Diyos, na siya ninyong makatuwirang paglilingkod. Huwag ninyong tularan ang sanlibutang ito; kundi magbago kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti, kasiya-siya, at lubos na kalooban ng Diyos.

Ang ilang mga salita na maaaring namarkahan mo ay ang:

1 = Mahalagang salita: *isinasamo, ialay, tularan, magbago, pagbabago*
2 = Inulit na salita: wala sa sipi na ito
3 = Tayutay: *handog na buháy*
4 = Malabo o mahirap na salita: *makatuwirang paglilingkod*

**Hakbang Dalawa: Gumawa ng Listahan ng mga Posibleng Kahulugan ng Salita**

Sa halos lahat ng wika, may mga salita na ginagamit sa maraming paraan, na may magkaibang kahulugan. Karaniwang alam ng isang tagapakinig kung ano ang ibig sabihin ng isang tagapagsalita dahil sa konteksto. Ngunit minsan, ang mga nakakatawa o malubhang hindi pagkakaunawaan ay nangyayari kapag hindi isinasaalang-alang ng isang tagapakinig ang konteksto at mali tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng nagsasalita.

► Makakaisip ka ba ang isang pagkakataon kung kailan nagkamali ang isang tao dahil hindi nila naiintindihan ang ibig sabihin ng isang salita?

Sa ikalawang hakbang na ito, dapat nating subukang isipin ang bawat posibleng paraan na magagamit ang salita. Kung luma na ang ating pagsasalin ng ating Biblia, dapat din nating isipin kung may karagdagang kahulugan ang salita noon.[27] Kung mayroon tayong diksyunaryo, makakatulong ito sa atin na gumawa ng listahan ng lahat ng posibleng kahulugan. Kung nag-aaral tayo kasama ng ibang tao, makakatulong din sila sa atin na mag-isip ng mga kahulugan na hindi natin naisip.

[27] Kung gumagamit tayo ng mas lumang salin ng Biblia, ang paggamit sa mas bagong salin ay maaari ring makapagbigay sa atin ng pananaw tungkol sa posibleng kahulugan ng isang salita sa tiyak na konteksto.

Kung posible, tingnan din ang ibang pagsasalin ng Biblia upang makita kung pareho ang salitang ginamit.[28] Kung gumamit ng ang pagsasalin ng ibang salita, ihambing ang mga salita upang makita kung ano ang mga pagkakaiba. Magkatulad ba ang kanilang kahulugan? Kung hindi, paano nagkaiba ang mga ito? Nagbabago ba ang kahulugan ng sipi kung iba ang salitang ginamit?

► Ang *ialay* isa sa mga salitang minarkahan natin para pag-aralan mula sa Roma 12:1-2. Magtulungan kayong gumawa ng listahan ng lahat ng posibleng kahulugan ng salitang *ialay.*

**Hakbang Tatlo: Tukuyin ang Kahulugan ng Salita Base sa Konteksto**

Pagkatapos tingnan ang iba't ibang gamit ng salita at gumawa ng listahan ng mga kahulugan, handa ka nang tuklasin kung ano talaga ang kahulugan ng sipi na pinag-aaralan mo. Ang konteksto ang gagabay sa iyo. Tandaan, hindi nais ng may-akda na gamitin ang kakaibang kahulugan na kakaunti lang ang makakaalam. Nais ng may-akda na maunawaan siya ng mambabasa.

Tiningnan natin ang kahalagahan ng konteksto sa Aralin 5, kaya hindi na tayo magbabalik-aral nang detalyado ang bahaging ito. Upang ibuod ang papel ng konteksto: Tinitingnan natin ang nakapaligid na taludtod, kabanata, at aklat upang matukoy ang pinakamahusay na kahulugan para sa isang salita.

May ilang tanong na maaaring pag-isipan habang tinitingnan ang konteksto at subukang tuklasin ang kahulugan ng salita.

**(1) May pagkakasalungat o paghahambing ba sa sipi na tumutulong upang matukoy ang salita?**

► Basahin ang Juan 3:16: "Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Magtulungan kayong gumawa ng listahan ng lahat ng posibleng kahulugan ng mapahamak. (Maaaring gumamit ng diksyunaryo kung meron.) Ngayon, pag-isipan ang kabaligtaran sa talata. **Ang mapahamak** ay kabaligtaran ng **magkaroon ng buhay na walang hanggan**. Sa inyong listahan, ano ang malamang na pakay ni Jesus sa pangungusap na ito?

**(2) Paano ginagamit ng may-akda ang salitang ito sa ibang bahagi ng kanyang sulat?**

Ang salitang *sanlibutan* ay ginamit din sa Juan 3:16. Ang salitang *sanlibutan* ay maaaring magkaroon ng iba't ibang kahulugan:

- Ang pisikal na mundo

---

[28] Tingnan ang apendise para sa listahan ng mga website kung saan maaari mong basahin ang Biblia sa iba't ibang mga wika at salin.

- Lahat ng tao
- Mga kilalang sibilisadong bansa
- Pangkalahatang lipunan na tumatanggi sa Diyos

Ginamit ng mga manunulat ang *sanlibutan* upang tukuyin ang bawat isa sa mga bagay na ito sa iba't ibang bahagi ng kasulatan. Upang malaman kung anong kahulugan ng *sanlibutan* sa Juan 3:16, dapat nating tingnan ang iba pang mga halimbawa ng paggamit ni Juan ng salita.

- Juan 1:10, "Siya noon ay nasa sanlibutan at ang sanlibutan ay ginawa sa pamamagitan niya, gayunma'y hindi siya nakilala ng sanlibutan." Ang talatang ito ay tungkol kay Jesus. Hindi siya nakilala ng sanlibutan.

- Juan 7:7, "Hindi kayo maaaring kapootan ng sanlibutan, ngunit ako'y kinapopootan nito, sapagkat ako'y nagpapatotoo laban dito na masasama ang kanyang mga gawa." Si Jesus ang nagsasalita sa talatang ito. Kinapopootan siya ng sanlibutan.

- Juan 14:17, "Ito ang Espiritu ng katotohanan na hindi kayang tanggapin ng sanlibutan; sapagkat siya'y hindi nito nakikita o nakikilala man. Siya'y nakikilala ninyo, sapagkat siya'y nananatiling kasama ninyo at siya ay mapapasa inyo." Hindi tinatanggap ng sanlibutan ang Espiritu ng katotohanan.

- 1 Juan 2:15-17, "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang pag-ibig ng Ama ay wala sa sinumang umiibig sa sanlibutan. Sapagkat ang lahat na nasa sanlibutan, ang masamang pagnanasa ng laman, ang pagnanasa ng mga mata, at ang pagmamataas sa buhay, ay hindi mula sa Ama kundi sa sanlibutan. Ang sanlibutan at ang pagnanasa nito ay lumilipas, ngunit ang gumagawa ng kalooban ng Diyos ay nananatili magpakailanman." Ang mga halaga at hangarin ng mundo ay ganap na kabaligtaran ng sa Diyos.

Karaniwang ginagamit ni Apostol Juan ang katagang *sanlibutan* upang tukuyin ang pangkalahatang lipunan na tumatanggi sa Diyos. Ipinakikita nito ang lawak ng pangako ni Jesus: Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa mga hiwalay sa kaniyang sarili anupat ibinigay niya ang kaniyang Anak upang ang lahat ay maligtas.

**(3) Ano ang ipinapakita ng konteksto tungkol sa kahulugan ng salita?**

► Tingnan ang Lucas 1:68-79.

Sa Lucas 1:71, nananalangin si Zacarias na *maligtas* ang Israel. Ano ang tinutukoy niya? Ano ang ibig sabihin ng *maligtas* sa talatang ito?

Ang konsepto ng *kaligtasan* ay higit pa sa isang kahulugan sa kasulatan. Maaaring ito ay:

- Pagkaligtas mula sa kaaway o panganib
- Pagkaligtas mula sa sakit
- Pagkaligtas mula sa kasalanan

Ang pinakamalapit na konteksto (Lucas 1:68-74) ay nagpapakita na ang salitang *maligtas* ay tumutukoy sa pagliligtas mula sa kaaway. Ang pagliligtas (kaligtasan) ay katuparan ng pangako ng Diyos kay Abraham (Lucas 1:73).

Pagkatapos ng ilang talata, ginamit ni Lucas ang *kaligtasan* sa mas malalim na kahulugan (Lucas 1:77). Sa pamumuno ng Banal na Espiritu, nakita ni Zacarias na ang kanyang anak ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan. Ang anak ni Zacarias ang magbibigay ng kaalaman tungkol sa kaligtasan sa bayan ng Panginoon sa pamamagitan ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan. Dito, ang *kaligtasan* ay konektado sa kapatawaran ng kasalanan.

Iba't ibang kahulugan ng *kaligtasan* ang ginamit sa panalanging ito. Malalaman natin ang tamang kahulugan mula sa konteksto.

### Mga Gawain sa Pagsasanay

*Paalala sa namumuno ng klase: Maglaan ng sapat na oras sa klase para sa mga gawaing pagsasanay na ito. Kung karaniwang isang oras lang ang bawat sesyon ng klase, gamitin ang buong oras na iyon para sa mga pagsasanay. May nakalaang tagal ng oras para sa bawat gawain. Ang sama-samang pagsasanay sa loob ng klase ay makakatulong sa mga mag-aaral na maisabuhay ang mga ideyang kanilang natutunan. Ang paggawa ng pag-aaral ng salita kasama ang iba ay makakatulong din upang makita nila ang ibang pananaw at detalye na maaaring hindi nila mapansin kung sila lang ang gagawa nito.*

*Para sa mga gawain ng maliliit na grupo, pagsamahin ang tatlong mag-aaral sa bawat grupo. Pagsamahin uli ang buong grupo sa huling limang minuto ng klase upang talakayin kung ano ang mga natutunan.*

► **Gawain ng maliit na grupo (20 minuto).** Sa inyong grupo, humanap ng ilang talata kung saan ginamit ang isang salita sa iba't ibang kahulugan. Narito ang ilang mga ideya: *bahay, pangitain, araw, bunga*. Kapag may nahanap na kayong mga talata na gumagamit ng parehong salita sa iba't ibang paraan, gumawa kayo ng listahan ng lahat ng maaaring gamit ng salitang iyon. Paano nakakatulong ang pag-aaral ng salita para sa tamang pagpapakahulugan sa bawat talata?

► **Gawain ng buong grupo (10 minuto).** Balikan ang Roma 12:1 at ang listahan ninyo ng mga posibleng kahulugan ng salitang *ialay.* Gamitin ang mga tanong na tinalakay sa itaas upang matukoy kung alin sa mga kahulugang iyon ang ginamit sa talatang iyon.

► **Gawain ng maliit na grupo (30 minuto).** Sa inyong grupo, magsanay sa proseso ng pag-aaral ng salita. Namarkahan na ninyo ang mga salita sa Roma 12:1-2 na dapat pag-aralan nang mabuti. Para sa bawat isa sa mga salitang iyon, ilista ang bawat posibleng kahulugan at tukuyin kung aling kahulugan mayroon ang salita sa kontekstong iyon..

## Isang Natatanging Kaso: Matalinghagang Wika

Sa Aralin 6, tiningnan natin nang sandali ang paggamit ng matalinghagang wika. Kahit gaano pa kaingat ang pag-aaral ng salita, magiging mali pa rin ang ating pagwawakas kung mali ang pag-unawa sa matalinghagang wika ng may-akda. Sa mga talinghaga, hindi literal na kahulugan ng salita ang mahalaga, kundi ang ideya na sinisimbolo nito.[29]

Lahat tayo ay gumagamit ng matalinghagang wika. Isipin mo na ang isang kaibigang Amerikano ay nagpapakita sa'yo ng mga larawan ng kanyang hardin. Namangha ka sa ganda ng kanyang mga tanim at tinanong mo siya, "Paano mo napalago nang ganyan kagaganda ang mga halaman?" Sumagot siya, "Mayroon akong berdeng hinlalaki." Hindi niya ibig sabihin na literal na berde ang hinlalaki niya. Gumamit siya ng isang tayutay sa Ingles na ang ibig sabihin ay, "May kakaiba akong kakayahan sa pagpapalago ng mga halaman."

► Ano ang mga halimbawa ng kasabihan sa wika ninyo na hindi literal ang ibig sabihin?

Minsan ginagamit ang isang salita para kumatawan sa ibang bagay. Hindi ito pareho sa pagkakaroon ng maraming kahulugan ng isang salita. Halimbawa, sa Biblia may mga taong tinawag na aso (Apocalipsis 22:15). Ang pahayag na ito ay pagpuna sa mga taong may ugaling hindi dapat tularan gaya ng mga ugali ng aso. Ang salitang *aso* ay nananatiling tumutukoy sa hayop na tinatawag nating aso, pero ginamit ito sa isang talinghaga para tukuyin ang mga tao. Tinawag ni Jesus si Simon sa pangalang Pedro, na ang ibig sabihin ay *bato*, dahil si Pedro ay may katangian ng isang bato na maganda para sa isang tao na taglayin (Mateo 16:18). Ginamit ni Jesus ang karaniwang kahulugan ng salitang *bato* para ipakita na si Simon ay parang isang bato sa isang tiyak na paraan.

Tinawag ni Jesus si Herodes na isang alamid (Lucas 13:32). Hindi natin kailangang alamin ang literal na mga kahulugan ng *alamid* para malaman kung anong hayop ang tinutukoy ni Jesus. Isa itong matalinghagang pahayag, kaya dapat natin unawain kung ano ang gustong ipahiwatig ni Jesus tungkol kay Herodes nang tawagin siya na isang alamid. Ang ibig sabihin ni Jesus ay matalino si Herodes ngunit hindi mapagkakatiwalaan dahil sa masama niyang ugali.

► Ano ang hayop na ginagamit sa wika ninyo para pintasan ang isang tao?

Paano natin malalaman kung ang isang pahayag ay literal o talinghaga? Narito ang dalawang patnubay na dapat isaalang-alang:

1. **Gamitin ang matalinghagang kahulugan kapag sinabi mismo ng sipi na gawin ito.** Sa Genesis 37 ay may dalawang panaginip. Sa Biblia, karaniwan na ang panaginip ay may dalang matalinghagang mensahe. Dahil dito, hindi natin dapat

[29] Ang impormasyon sa bahaging ito ay inangkop mula sa Kabanata 36 ng Howard G. Hendricks at William D. Hendricks, *Living by the Book* (Chicago: Moody Publishers, 2007).

isipin na ang panaginip ni Jose ay nangangahulugan na literal na yuyuko ang mga bigkis ng trigo, o na luluhod ang araw, buwan, at mga bituin sa harap ni Jose. Sa halip, ang pahayag na ito ay isang panaginip na nagsasabi sa atin na asahan ang isang matalinghagang wika. Sa kasong ito, ang pagpapakahulugan ay ibinigay sa Genesis 37:8 at 10.

2. **Gamitin ang matalinghagang kahulugan kung ang literal na kahulugan ay imposible o walang katotohanan.** Sa Apocalipsis 1:16, nagpakita ang Panginoon na may matalim na espadang may dalawang talim na lumalabas sa kanyang bibig. Sa aklat na puno ng larawan, tila hindi ito ang literal na larawan ni Jesus! Habang tayo ay nagpapatuloy sa Apocalipsis, makikita natin ang larawan ni Jesus na may malaking espada na may dalawang talim ay tumutukoy sa pangwakas na tagumpay na siyang mensahe ng Diyos laban sa kapangyarihan ng kasamaan.

Tandaan natin na ibinigay ng Diyos ang kanyang Salita upang ipahayag ang katotohanan, hindi para ito'y itago. Karamihan sa matalinghagang wika sa Biblia ay madaling maintindihan. Nakita natin ang listahan ng mga tayutay sa Aralin 6. Makakatulong ito upang mas maintindihan mo kung paano mapapakahulugan ang isang matalinghagang wika. Pagkatapos mo makilala ang tayutay na ginamit, itanong mo, "Bakit ito ang larawang ginamit ng Diyos? Anong katotohanan ang nais iparating sa pamamagitan ng larawang ito?"

Minsan ginagamit ang isang salita sa matalinghagang paraan at nagiging permanenteng simbolo. Noong sinabi ni Jesus, "Pinapakinggan ng aking mga tupa ang aking tinig…" (Juan 10:27), alam ng mga nakikinig na ang tinutukoy niya ay ang mga taong sumusunod sa kanya, at ginagamit din ng Biblia ang simbolo na ito sa ibang bahagi (gaya ng sa Awit 23). Sa Apocalipsis 5, lumilitaw ang *Leon sa lipi ni Juda* sa harap ng trono ng Diyos. Ipinaliliwanag ng isang diksyunaryo ng Biblia na ang "Leon sa lipi ni Juda" ay isang pantawag na tumutukoy sa Mesiyas. Kapag alam mo na ito, itatanong mo, "Bakit ginamit ni Juan ang pantawag na ito? Ano ang sinasabi ng pantawag na ito tungkol kay Jesus?" Ang pagkilala sa tayutay ay nakakatulong upang maunawaan natin ang larawan ni Juan tungkol sa kapangyarihan ng pagtubos ni Jesus.

Ang katotohanan na ang mga may-akda ng Biblia kung minsan ay gumagamit ng matalinghagang wika ay hindi nangangahulugan na hindi natin dapat ipakahulugan ang kasulatan nang literal. Sa halip, sa kaalaman na ginagamit minsan ang matalinghagang wika, dapat nating sikaping unawain ang teksto sa paraang nilayon ng may-akda. Hindi natin dapat gamitin ang ating mga imahinasyon upang gumawa ng isang pahayag sa Biblia na nangangahulugan ng isang bagay na hindi ang sinusubukang sabihin ng manunulat.

## Pagwawakas

Ipinangako ng manunulat ng Mga Kawikaan ang taong naghahanap ng karunungan; "kung kagaya ng pilak, ito'y iyong hahanapin, at tulad ng nakatagong kayamanan, ito'y sasaliksikin, kung magkagayo'y ang takot sa Panginoon ay iyong mauunawaan, at ang kaalaman sa Diyos ay iyong matatagpuan" (Mga Kawikaan 2:4-5). Wala nang mas dakilang pinanggagalingan ng karunungan kundi ang Salita ng Diyos. Ang pag-aaral mo ng kasulatan ay may gantimpala na walang hanggan.

## Mahahalagang Punto sa Aralin 7

(1) Ang pag-aaral ng salita ay ang pagsisiyasat ng mga mahalagang salita sa isang sipi na may layunin na matuklasan ang kahulugan ng mga ito ayon sa konteksto. Ang pag-aaral ng salita ay tumutulong sa atin na mapakahulugan nang tama ang sipi na ating pinag-aaralan.

(2) Dalawang karaniwang pagkakamali na dapat iwasan sa mga pag-aaral ng salita:

- Hindi pagsasaalang-alang sa dating kahulugan ng salita
- Pagpapalagay na ang salita ay may parehong kahulugan sa bawat konteksto

(3) Ang proseso ng pag-aaral ng salita:

- Pumili ng mga salitang pag-aaralan.
    - Mga salitang mahalaga para sa kahulugan ng sipi
    - Mga inulit na salita
    - Mga tayutay
    - Mga malabo o mahirap na salita
- Ilista ang lahat ng posibleng kahulugan ng bawat salitang napili.
- Alamin kung ano ang kahulugan ng bawat salitang napili ayon sa konteksto ng sipi.

(4) Mga tanong na makakatulong sa iyo na malaman ang kahulugan ng salita ayon sa konteksto:

- May pagkakasalungat o paghahambing ba sa sipi na tumutulong upang matukoy ang salita?
- Paano ginagamit ng may-akda ang salitang ito sa ibang bahagi ng kanyang sulat?
- Ano ang ipinapakita ng konteksto tungkol sa kahulugan ng salita?

(5) Mga bagay na dapat tandaan sa pag-aaral ng matalinghagang wika:

- Ang ideyang kinakatawan ng simbolo ang mahalaga.
- Ang isang matalinghagang larawan, parirala, o salita ay kumakatawan sa ibang bagay.
- Ang matalinghagang wika ay nagbibigay pansin sa mga katangian ng kinakatawan nito.
- Dapat nating sikaping unawain ang teksto sa paraang nilayon ng may-akda na nais ipaunawa ng may-akda—kung ang kahulugan man ay literal o matalinghaga.

(6) Kailan dapat ipakahulugan ang isang pahayag sa kasulatan bilang isang talinghaga:

- Kapag sinabi mismo ng sipi na gawin ito
- Kung ang literal na kahulugan ay imposible o walang katotohanan

**Mga Takdang-Aralin sa Aralin 7**

(1) Sa Aralin 1, pumili ka ng isang bahagi ng kasulatan na pag-aaralan mo sa buong kurso. Mula sa bahagi ng kasulatan na iyon, gumawa ng listahan ng mga salitang sa tingin mo ay mahalagang pag-aralan. Hanapin ang mga mahalagang salita, inulit na salita, tayutay, o malabo o mahirap na salita. Pag-aralan ang bawat salita gamit ang prosesong ipinaliwanag sa araling ito. Para sa bawat salita, gumawa ng listahan ng lahat ng posibleng kahulugan. Isaalang-alang ang konteksto. Tukuyin ang kahulugan ng bawat salita ayon sa konteksto ng talatang iyong pinag-aaralan.

(2) Isaalang-alang ang bawat salita na iyong pinag-aralan. Balikan mo ang listahan na iyong ginawa para sa mga posibleng kahulugan ng bawat salita. Paano maaaring magdulot ng maling pagpapakahulugan ng sipi ang hindi wastong pag-unawa sa kahulugan ng iyong pag-aaral ng salita? Sumulat ng 2-4 na pangungusap ng iyong pagninilay.

# Aralin 8
# Pagpapakahulugan: Mga Pangkalahatang Prinsipyo

## Mga Layunin ng Aralin

(1) Maunawaan ang mga pangunahing prinsipyo sa pagpapakahulugan ng Biblia.

(2) Magamit ang mga prinsipyong ito sa pag-aaral ng kasulatan.

(3) Magkaroon ng kamalayan kung paano ang hindi pagsunod sa mga prinsipyong ito ay maaaring humantong sa pagkakamali sa doktrina,

## Panimula

Ang mga prinsipyo sa araling ito ay pundasyon ng tamang pag-aaral ng kasulatan. Ito ay mga prinsipyo na binuo ng mga matatalinong guro ng Biblia upang maging gabay sa kanilang pag-aaral. Ang mga prinsipyong ito ay dapat na maging batayan ng paraan mo ng pag-aaral ng Biblia. Maglaan ng panahon upang maunawaan ang mga prinsipyong ito at pagkatapos ay gamitin ang mga ito sa iyong pag-aaral.

## Isaalang-alang ang Layunin ng May-akda

May nilalayon na iparating ang may-akda sa kanyang mga mambabasa. Ang layunin na ito ay ang tunay na kahulugan ng pagsulat. Ang pagpapakahulugan ay ang pagsisikap na maunawaan ang mensahe ng may-akda. Hindi natin dapat gamitin ang kasulatan bilang materyal para sa isang mensahe na iba sa kahulugang nilayon ng manunulat.

May mga pagkakataon na ang isang pahayag sa kasulatan ay may mas malalim na kahulugan kaysa sa nais iparating ng sumulat. Nang sinabi ni Abraham kay Isaac na "ang Diyos ang magkakaloob ng korderong handog na susunugin…" (Genesis 22:8), maaaring hindi pa niya lubusang nauunawaan na tutuparin ito ng Diyos ang kanyang mga salita sa mas malawak na paraan sa pagdating ni Jesus. Nang isinusulat ni Moises ang sinabi ni Abraham, marahil ay hindi pa rin lubos na nauunawaan ni Moises ang buong kahulugan ng pahayag na iyon. Gayunpaman, ang pagsasabuhay ng pahayag na iyon sa pagdating ni Jesus ay hindi kaiba mula sa layunin ni Moises; ito ay mas malawak, mas kumpletong kahulugan ng prinsipyo na ang Diyos ang nagbibigay ng anumang kinakailangan para sa ating kaligtasan.

Layunin din ng bawat manunulat sa Biblia na ang unang mga mambabasa ay maisabuhay ang mensahe sa praktikal na paraan. Maaaring iba ang paraan ng ating pagsasabuhay sa ngayon kumpara sa kanila noon, ngunit pareho pa rin ang prinsipyong sinusunod. Dahil isinasabuhay natin ang prinsipyong mula sa Biblia sa ibang sitwasyon, maaaring iba rin ang gawin natin. Halimbawa, inutusan ang mga taga-Israel na maglagay ng harang sa paligid

ng bubong ng kanilang bahay (Deuteronomio 22:8). Noon, patag ang bubong ng bahay at ginagamit ito bilang bahagi ng lugar na tinitirhan. Kung ikaw ay hindi naman nakatira sa bahay na may patag na bubong na ginagamit ng mga tao, hindi mo na kailangang maglagay ng harang para gawing ligtas ito. Gayunpaman, dapat pa rin nating isabuhay ang prinsipyo na gawing ligtas ang ating mga ari-arian natin para sa ibang tao.

Ang tagapagpakahulugan ay hindi dapat bumuo ng mga imahinasyon sa pagpapakahulugan ng mga detalye ng sipi. Narito ang isang halimbawa ng isang imahinasyon na pagpapakahulugan ng kuwento ni Jesus tungkol sa Samaritano na tumulong sa lalaking nasugatan (Lucas 10:30-35):

> Ang Samaritano ay ebanghelista, ang sugatang lalaki ay makasalanan na naligtas, ang hotel ay iglesia, at ang dalawang barya ay bautismo at komunyon.

Hindi pinapansin ng ganitong pagpapakahulugan ang tunay na punto na gustong ipahayag ni Jesus tungkol sa pagmamahal sa ating kapwa (Lucas 10:27-29, 36-37): Na dapat tayong magpakita ng pagmamahal sa sinuman na may pangangailangan.

May tatlong problema sa pagpapakahulugan na hango sa imahinasyon:

1. Ang mga ito ay galing sa mga opinyon ng tagapagpakahulugan.
2. Hindi ito nagabayan ng mabuting prinsipyo sa pagpapakahulugan.
3. Hindi ito masusuri sa pamamagitan ng anumang karaniwan, mga makatwirang pamamaraan.

## Magsimula sa Teksto, Hindi sa Iyong Pangwakas

Tumingin si Miguel sa mapa upang malaman ang daan sa kanyang patutunguhan, ngunit sabi ni Miguel, "Mali ang mapa." Nagtanong ang pasahero ni Miguel, "Paano mong nalaman na mali ang mapa?" Tumugon si Miguel ng may kumpiyansa, "Alam ko ang tamang daan. Mali ang mapa." Makalipas ang ilang oras, sila'y ligaw na ligaw, umamin si Miguel na mali siya at sinubukang intindihin at sundin ang mapa. Ano ang pagkakamali niya? Nagsimula siya sa pangwakas. Sigurado siya na tama ang sagot niya, kaya't hindi siya nakinig sa mapa na iba ang sinasabi.

Ganyan din ang iba kung magbasa ng Biblia. May isang mangangaral na nagbasa ng isang talata ng kasulatan na hindi niya gusto. Sabi niya, "Hindi ko alam ang ibig sabihin nito, ngunit hindi ito ang ibig sabihin niyan." Nagsimula siya sa sarili niyang pangwakas ("Hindi ako sang-ayon sa turo na ito") bago siya nagbasa ng kasulatan. Hindi niya maisingit ang kasulatan sa gusto niyang paniwalaan, kaya siya ay nagpasya na huwag pansinin ang kasulatan (Hindi iyon and ibig sabihin nito").

Sa pagpapakahulugan ng kasulatan, dapat tayong magsimula sa mismong kasulatan at saka natin hanapin ang pangwakas. Lahat tayo ay may kanya-kanyang pananaw. Ayos lang iyon. Ang problema ay kung dahil sa pananaw natin ay binabalewala na natin ang malinaw

na turo ng kasulatan. Siguraduhin natin na tayo ay nagsisimula sa teksto, hindi sa ating pangwakas. Huwag natin hayaan na balewalain ng ating palagay ang teksto.

### Isang Halimbawa

"Kaya't kayo nga'y maging sakdal, gaya ng inyong Ama sa langit na sakdal" (Mateo 5:48).

Sabi ng iba, "Wala namang taong perpekto!" Kaya binalewala nila ang utos ni Jesus. Nagsimula sila sa sarili nilang pangwakas ("Wala namang perpekto") at hindi na sinubukang unawain kung ano ang ibig sabihin ni Jesus.

Kung pag-aaralan natin ang Mateo 5:48, dapat nating itanong, "Ano ang ibig sabihin ni Jesus sa salitang 'perpekto'? Sa anong paraan tayo dapat maging katulad ng ating makalangit na Ama?" Makikita natin ang sagot sa mga talata bago ang Mateo 5:48. Dapat nating mahalin ang ating mga kaaway at gumawa ng mabuti sa kanila gaya ng ating Ama sa langit na "pinasisikat niya ang kanyang araw sa masasama at sa mabubuti" (Mateo 5:45).

## Ang Mga Aral ng Kasulatan ay Hindi Sumasalungat sa Mga Aral ng Kasulatan

Kapag nagbabasa tayo ng aklat na isinulat ng tao, maaaring magkasalungat ito sa ilang bahagi. Dalawang taong may-akda ay maaaring magkaroon ng pagkakasalungat sa ilang mga isyu. Gayunpaman, ang Biblia ay Salita ng Diyos; hindi nito sinasalungat ang sarili nito.

Ang Diyos ay hindi nagbabago (Santiago 1:17). Dahil dito, ang Salita niya ay pare-pareho kahit pa naisulat ito makalipas ang daan-daang taon sa pamamagitan ng iba't ibang may-akda. Hindi sinasalungat ng Salita ng Diyos ang sarili nito.

Ang prinsipyong ito ay isang kinakailangang resulta ng doktrina ng inspirasyon: "Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos…" (2 Timoteo 3:16-17). Kung ang tunay na pinagmulan ng kasulatan ay ang Diyos, hindi maaaring magsalungatan ang Biblia. Mahalaga ito para sa tamang pagpapakahulugan ng Biblia. Kapag may dalawang sipi na tila nagsasalungatan, dapat nating itanong kung mali ba ang pagkaunawa natin sa isa sa mga kasulatan. Kapag lubos nating naunawaan ang bawat sipi, makikita natin na parehong totoo ang mga ito.

### Isang Halimbawa

"Sapagkat pinaninindigan natin na ang tao ay itinuturing na ganap sa pananampalataya na hiwalay sa mga gawa ng kautusan" (Roma 3:28).

"…at nalalaman natin na ang tao ay hindi inaaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo" (Galacia 2:16).

"Nakikita ninyo na ang tao'y inaaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa at hindi sa pamamagitan ng pananampalataya lamang" (Santiago 2:24).

May ilang mambabasa na naniniwala na hindi nagkasundo sina Pablo at Santiago tungkol sa tungkulin ng pananampalataya at gawa. Itinuro ni Pablo na ang tao ay itinuturing na matuwid kahit wala ang mga gawa ng kautusan. Isinulat ni Santiago na ang tao ay itinuturing na matuwid sa pamamagitan ng mga gawa, at hindi sa pananampalataya lamang.

Kung hindi titingnan ang konteksto ng mga talatang ito maaaring isipin ng isang tao na sumasalungat si Santiago kay Pablo. Gayunpaman, ang konteksto ng bawat sipi ay nagpapakita ng kung ano talaga ang sinasabi nina Pablo at Santiago. Si Pablo ay tumutukoy sa kung paano naligtas at ginagawang matuwid ang isang tao. Ang isang tao ay nagiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya. Si Santiago naman ay tumutukoy sa kung paano ipinapakita ng isang tao na siya ay naligtas. Ipinapakita ng isang tao ang kanyang pagiging matuwid sa pamamagitan ng gawa. Pareho silang sumasang-ayon na ang tao ay nagiging matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, at pagkatapos nito ay ipinapakita niya ang kanyang pagiging matuwid sa pamamagitan ng gawa.

## Ang Kasulatan ang Pinakamagaling Tagapagpakahulugan ng Kasulatan

Ang prinsipyong ito ay malapit na kaugnay ng naunang prinsipyo. Dahil ang kasulatan ay hindi sumasalungat sa sarili nito, maaari nating gamitin ang mga sipi na may malinaw na kahulugan upang tulungan tayo na maunawaan ang mga sipi na hindi agad malinaw ang kahulugan. Ginagamit natin ang mga talatang malinaw upang maipaliwanag ang mga talatang mahirap unawain; hindi natin binabaluktot ang mga simpleng talata para lang makaayon sa sarili nating pagpapakahulugan ng mga mahihirap na talata.

Ganito ang pagpapakahulugan ng isang aklat: "Kadalasan kung ano ang malabo sa isang bahagi ng Biblia ay napapaliwanag sa ibang bahagi."[30] Sa pamamagitan ng pag-aaral ng buong kasulatan, hinahayaan natin na ang mga payak na sipi ang magbigay-liwanag sa mga sipi na mahirap intindihin.

### Isang Halimbawa

“Kung hindi gayon, anong gagawin ng mga tumatanggap ng bautismo para sa mga patay? Kung ang mga patay ay hindi na muling bubuhayin, bakit pa sila binabautismuhan para sa kanila?” (1 Corinto 15:29).

Dahil sa talatang ito, may ilang tao na naniwalang maaaring magpabautismo ang buhay na tao para sa mga taong namatay na hindi nabautismuhan. Gayunpaman, hindi sinasabi sa Biblia na gawin ito. Binanggit lang ni Pablo ang isang kaugalian ng mga tao noon, ngunit hindi natin alam kung ano talaga ang ibig sabihin ng kaugalian na iyon.

Ang kasulatan ang pinakamagaling tagapagpakahulugan ng kasulatan. Ang prinsipyong ito ang gumagabay sa atin sa pagpapakahulugan ng 1 Corinto 15:29. Kapag binasa natin ang

---

[30] Walter Kaiser and Moises Silva, *An Introduction to Biblical Hermeneutics* (Grand Rapids: Zondervan, 1994), 132.

Mateo 28:19, Mga Gawa 2:41, Mga Gawa 8:12, at Mga Gawa 19:5, makikita natin na ang bautismo ay para sa mga buhay na mananampalataya. Dahil ang 1 Corinto 15:29 ay hindi malinaw na nag-uutos ng bautismo para sa mga patay at dahil ipinapakita ng ibang mga talata ang karaniwang gawain ng unang iglesya, walang dahilan para paniwalaan na ang 1 Corinto 15 ay nagtuturo ng bautismo para sa mga patay.

## Ang Kasulatan ay Isinulat Upang Maunawaan

Ang kahulugan ng Salita ng Diyos ay mahahanap mismo sa kasulatan, gamit ang karaniwang paraan ng pagpapakahulugan. Ang Salita ng Diyos ay hindi isinulat gamit ang mga lihim na code.

Simula pa noong umpisa ng iglesia, ang lahat ng katotohanan ng ebanghelyo ay hayagang ipinahayag para sa lahat, hindi lang para sa piling miyembro ng iglesia. Sinabi ni Jesus na wala siyang lihim na turo para sa kanyang mga tagasunod (Juan 18:20). Sinabihan ni Apostol Pablo si Timoteo na ituro sa iba ang mga katotohanang itinuro niya nang hayagan (2 Timoteo 2:2). Ipinaliwanag din ni Pablo na kung hindi makita ng tao ang katotohanan, ito ay hindi dahil sa sinadyang itinatago ito, kundi dahil sila ay binubulag ni Satanas (2 Corinto 4:1-6). Ang misyon ng iglesia ay ang palagiang ibahagi nang bukas ang katotohanan ng Diyos.

> "Ang hindi pangkaraniwang pagpapakahulgan ay kadalasang mali."
>
> - Gordon Fee, *How to Read the Bible*

Totoo na maraming bahagi ng kasulatan ang kailangang pag-aralang mabuti para maunawaang mabuti ang kahulugan nito, ngunit ang katotohanan nito ay hindi itinago sa atin. Ang mga pangunahing katotohanan ng kasulatan ay hindi nakabaon sa malalabong talata. Sinabi ng salmista, "Ilawan sa aking mga paa ang salita mo, at liwanag sa landas ko" (Awit 119:105). Ang layunin ng Salita ng Diyos ay ang magabayan tayo, hindi upang itago ang katotohanan.

Hindi kailangan ng espesyal na susi para buksan ang mensahe ng Salita ng Diyos. Huwag maniwala sa mga aklat na nagsasabing alam nila ang mga lihim na code ng Biblia. Nagsalita ang Diyos para maunawaan natin ang Kanyang Salita.

### Isang Halimbawa

Bawat ilang taon, may nagsasabing, "Ipinahayag sa akin ng Diyos na si Jesus ay babalik na sa susunod na taon." Isang sikat na aklat noong 1987 ang nanghula na babalik si Jesus sa 1988. Sinabi ng may-akda na natuklasan niya ang katottohanan na ito mula sa isang pag-aaral ng mga sinaunang pista ng mga Judio. Ang may-akda ay muling sumulat ng isang aklat na nagsasabing sa sususnod na taon magaganap ang rapture sa 1989. Hindi natin dapat paniwalaan ang sinumang nagtuturo ng mahahalagang aral base sa mga lihim o tagong paraan ng pagpapakahulugan ng Biblia. Sinabi ni Jesus, "Subalit tungkol sa araw at oras na iyon ay walang nakakaalam, kahit ang mga anghel sa langit, ni ang Anak kundi ang Ama lamang" (Mateo 24:36).

## Ang Utos ng Biblia ay may Kasamang Pangako na Galing din sa Biblia

Ang prinsipyong ito ay nagtuturo na kapag ang Diyos ay nagbigay ng isang utos, gagawin niyang posible ang pagsunod dito.

Isipin mo ang isang ama na nagsabi, "Anak, para mapasaya mo ako, kailangan mong tumakbo ng isang milya sa loob ng dalawang minuto." Sa simula, susubukan ng anak ang kanyang makakaya, pero palagi siyang mabibigo na maabot ang inaasahan ng ama. Sa huli, mawawalan siya ng pag-asa at titigil na sa pagsubok. Mabuting ama ba ito?

May ilang tao na iniisip na ang Diyos ay isang hindi makatuwiran na Ama. Kapag sinabi ng Diyos, "Kayo'y maging banal,"[31] sinasabi nila, "Alam ng Diyos na hindi natin kayang sundin ang kanyang mga utos."

Sinabi ni John Calvin na hindi natin maaaring "...sukatin ang kakayahan ng tao batay sa mga [utos] ng Diyos."[32] Naniniwala si Calvin na nagbibigay ang Diyos ng mga utos na hindi natin kayang sundin gamit lang ang sariling lakas, ngunit nagbibigay ang Diyos ng kapangyarihan upang makasunod ang mga taong ligtas. Itinuro ni John Wesley na sa bawat utos sa Salita ng Diyos ay may isa rin na pangako na tutuparin ng kapangyarihan ng Diyos sa isang mananampalataya.

Hindi kayang sundin ng isang tao ang mga utos ng Diyos gamit lamang ang likas, sariling lakas nito. Ngunit kaya nating sundin ang mga utos ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang lakas. Ang isang mapagmahal na makalangit na Ama ay nagbibigay ng kapangyarihan sa kanyang mga anak upang makasunod sa kanyang mga utos. Ang isang mapagmahal na Ama ay hindi nagbibigay ng utos na imposibleng sundin. Bawat utos sa kasulatan ay may kasamang biyaya upang ito ay sundin.

Iniutos ni Jesus, "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo" (Mateo 22:37). Ito ay parehong utos at pangako. Ang utos ng Diyos na mahalin ang Diyos nang buong puso ay nagpapahiwatig ng kanyang pangako na bibigyan niya tayo ng buo at tapat na puso kung tayo'y magtitiwala sa kanya.

### Isang Halimbawa

"Kaya't kayo nga'y maging sakdal, gaya ng inyong Ama sa langit na sakdal" (Mateo 5:48).

Batay sa konteksto, nauunawaan natin na ang tinutukoy ni Jesus ay ang pag-ibig, hindi ang pagiging perpekto sa lahat ng bagay. Nauunawaan din natin na hindi ito isang bagay na nakakamit sa sarili nating pagsisikap. Ang Diyos na nag-uutos sa atin na maging perpekto ay siya ring Diyos na tumutupad ng utos na iyon. Pinatunayan ng Salmista, "[Ito ay] Diyos na nagbibigkis sa akin ng kalakasan, at ginagawang ligtas ang aking daan" (Awit 18:32).

---

[31] Uniutos ito ng Diyos nang maraming beses, hindi lang minsan. (Tingnan ang Levitico 11:44, 45, Levitico 20:7, and 1 Pedro 1:16.)

[32] Ang komentaryo ni John Calvin's sa 1 Tesalonica 5:23 mula sa *The Epistles of Paul to the Romans and Thessalonians.*

Ang utos ni Jesus ay kailangang maunawaan nang tama. Dapat itong basahin ayon sa konteksto ng kanyang pagtuturo sa sandaling iyon, at ayon sa itinuturo ng Biblia tungkol sa pusong perpekto (buo at hindi hati) at sa isang bayang banal. Kapag naunawaan natin ito, ang utos ni Jesus ay nagiging isang mapagpalang pangako, hindi isang imposibleng pamantayan na kailangang abutin sa sariling lakas ng tao.


## Tatlong mga Lente sa Biblia

Bilang mga ebanghelikong Kristiyano, tinatanggap natin ang Biblia bilang huling awtoridad sa aral at pamumuhay. Ang Biblia ay nagtataglay ng lahat ng kaalaman na kinakailangan para sa kaligtasan.

Gayunman, mahalagang maunawaan na pinapakahulugan natin ang ating binabasa sa pamamagitan ng iba't ibang paraan. Para sa karamihan ng mga ebangheliko, may tatlong lente na ginagamit sa pagbasa ng Biblia. Ang mga lente na ito ay hindi pumapalit sa awtoridad ng kasulatan sa anumang paraan. Ang mga ito ang paraan lamang kung paano natin binabasa at nauunawaan ang kasulatan.

Upang magkaroon ng lubos na pagkakaunawa sa kasulatan, kailangan nating gamitin ang lahat ng tatlong lente na ito. Kapag may isang lente tayo na hindi pinansin, posible tayong magkamali sa pagpapakahulugan ng kasulatan. Ang pagbasa sa Biblia gamit ang mga lente na ito ay makakatulong sa atin upang mas malinaw na maunawaan ang mensahe ng Salita ng Diyos.

Ang larawang ito ay makakatulong para makita mo ang kaugnayan ng mga lenteng ito sa Biblia. Tinitingnan natin ang Biblia sa pamamagitan ng mga lente.[33]




---

[33] Ang larawang ito ay inangkop mula sa weblog ng Danny Coleman: https://dannycoleman.blogspot.com/2013/02/quadrilateral-lenses.html. Larawan ng Biblia ni Wolfgang Eckert mula sa Pixabay, na kinuha mula sa https://pixabay.com/illustrations/a-book-bible-literature-pages-6402285/.

**Lente 1: Tradisyon**

Ang unang lente na ginagamit natin sa pagtingin sa kasulatan ay ang lente ng tradisyon. Ang tanong ng lente na ito ay, "Paano mauunawaan ng mga Kristiyano sa buong kasaysayan ang kasulatan na ito?" Sinusubok ng tradisyon ang ating pang-unawa sa teksto kung ihahambing ang pagkaunawa ng ibang Kristiyano sa buong kasaysayan.

> "Ang tradisyon ay bunga ng gawain ng pagtuturo ng Espiritu mula sa mga kapanahunan... Ito ay hindi nagkakamali, ngunit hindi rin ito [hindi mahalaga], at ginagawa nating dukha ang ating sarili kung hindi natin ito pinapansin."
>
> - J.I. Packer,
> "Upholding the Unity of Scripture Today"

Kasama sa tradition ang mga paniniwala ng unang iglesia, ang mahahalagang doktrina na pinagbuklod ang mga Kristiyano noon, at ang mga turo ng mga naunang henerasyon. Ipinapakita ng tradition kung paano ipinakahulugan ang Biblia sa buong kasaysayan ng iglesia.

Hindi lahat ng iglesia ay nagkakasundo sa lahat ng mga isyu; ang pinakamaaasahang tradisyon ay ang mga turo ng iglesia na itinuro sa lahat ng lugar at sa lahat ng panahon. Ang tradisyon ng kanya-kanyang denominasyon ay maaaring isama, ngunit wala ito masyadong awtoridad tulad ng sa tradisyon ng buong iglesia.

Nagsasalita ang Diyos sa pamamagitan ng tradisyon upang tulungan tayo na maunawaan ang kanyang Salita. Kung ang iyong pagpapakahulugan ay nagbibigay ng kahulugan sa kasulatan na wala pang nakapagbigay ng ganoong kahulugan, malamang ay nagkakamali ka.

**Lente 2: Katwiran**

Ang pangalawang lente ay ang katwiran. Ang tanong ng lente na ito ay, "Ano ang makatwirang pagkaunawa sa kasulatan na ito?" Tinutulungan tayo ng lente ng katwiran na gamitin ang ating pag-iisip sa pag-unawa ng ating nabasa sa kasulatan. Nauunawaan nito na ang kasulatan ay makatuwirang nauunawaan sa pamamagitan ng ating isip. Ginagamit natin ang ating katwiran upang unawain ang kasulatan; gayunpaman, hindi natin dapat talikuran ang katotohanan mula sa kasulatan dahil lamang hindi ito kayang patunayan ng ating katwiran. Maraming tao ang hindi naniniwala sa mga himalang nakatala sa Biblia dahil iniisip nila na ito ay taliwas sa katwiran. Gayunpaman, hindi taliwas sa katwiran ang mga himala dahil nauunawaan natin na may kapangyarihan ang Diyos para gumawa ng himala.

May ilang mga Kristiyano na tutol sa paggamit ng pangangatwiran; sinasabi nila na ang ating di-matuwid na kaisipan ay hindi maaasahan sa pag-unawa ng Salita ng Diyos. Totoo naman na limitado ang kakayahan ng tao na umunawa. Gayunpaman, si Pablo ay palaging umaasa sa pangangatwiran sa kanyang mga pagpapaliwanag. Halimbawa sa Roma, nagtatanong si Pablo ng mga katanungan upang akayin ang kanyang mga mambabasa sa isang lohikal na pagkaunawa ng mga dakilang katotohanan tungkol sa kaligtasan. Kahit

hindi kailanman ang ating pangangatwiran ang huling awtoridad, hindi natin dapat balewalain ang makatuwirang kahulugan ng kasulatan.

**Lente 3: Karanasan**

Ang huling lente ay ang karanasan. Ang tanong ng lente na ito ay, "Ang pagkaunawa ko ba ay tugma sa karanasan ng ibang mga Kristiyano?" Ang personal na karanasan ay hindi dapat pagkatiwalaan nang higit pa sa tiyak na katotohanan. Gayunpaman, mahalaga ang karanasan kapag ito ay binabalanse ng tradisyon at katwiran.

Ang bawat isa sa mga lente na ito ay mahalaga. Kung ang gagamitin lamang natin ay ang tradisyon, mauuwi ito sa pagkakamali ng ilang Katoliko na tinuturing na ang turo ng iglesia ay kapantay ng kasulatan sa awtoridad nito. Kung ang gagamitin lamang natin ay ang katwiran, iisipin natin na ang isipan ng tao ang may huling awtoridad. Kung ang gagamitin lamang natin ay ang karanasan, ang ating pagpapakahulugan ay magiging limitado at nakabatay lamang ito sa pansariling nararamdaman, pananaw, at opinyon ng mga tao. Ginagamit natin ang mga lente na ito upang maunawaan ang kasulatan, ngunit hindi dapat natin ito gamitin sa paraang taliwas sa awtoridad ng kasulatan.

**Isang Halimbawa**

"Dahil dito ay iniluluhod ko ang aking mga tuhod sa Ama… upang kayo'y mapuno ng lahat ng kapuspusan ng Diyos" (Efeso 3:14, 19).

Panalangin si Pablo na lumalim ang ugnayan ng mga mananampalataya na taga-Efeso sa kanilang ugnayan sa Diyos. Panalangin niya na sila ay mapuno ng lahat ng kapuspusan ng Diyos. Ano ang makikita natin kapag binasa natin ang panalangin gamit ang tatlong lente na ito?

**Tradisyon.** Sa lahat ng henerasyon, itinuro ng mga Kristiyano na nangangako ang Diyos ng mas malalim na paglakad para sa mga mananampalataya. Maaaring hindi nagkaisa ang mga Kristiyano sa mga detalye kung paano isinasakatuparan ng Diyos ang layuning ito sa buhay ng mga mananampalataya, ngunit sa kasaysayan ng iglesia, ang mga Kristiyano mula sa iba't ibang pinagmulan ay nagkaisa na tinatawag ng Diyos ang kanyang mga anak sa isang mas malalim na ugnayan sa kanya.

Noong ikalawang siglo, isinulat ni Irenaeus na ang layunin ng Diyos para sa atin ay "upang tayo'y mahubog ayon sa larawan at wangis ng Diyos."[34] Naniniwala si Irenaeus na ang bawat mananampalataya ay maaaring mapuno ng lahat ng kapuspusan ng Diyos. Noong ika-apat na siglo, nagturo ang mga manunulat sa Silangan tulad ni Gregory of Nyssa na ang Kristiyano ay dapat unti-unting napupuno ng kapuspusan ng Diyos. Noong ika-17 siglo, isinulat ng Pranses na Katolikong si Francois Fenelon na, sa pamamagitan ng biyaya lakas ng Diyos, kaya nating "mabuhay gaya ng pamumuhay ni Jesus, mag-isip gaya ng kanyang

---

[34] Sinipi mula sa William M. Greathouse, *From the Apostles to Wesley* (Kansas City: Beacon Hill Press, 1979), 38

pag-iisip…”[35] Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, maaari tayong mahubog ayon sa kanyang wangis.

**Katwiran**. Habang binabasa natin ang panalangin ni Pablo, nagtatanong ang ating pangangatwiran, “Ang pagpapakahulugan ko ba sa panalanging ito ay tugma sa ibang bahagi ng kasulatan?” Makatuwiran ba na ipakahulugan ang panalanging ito bilang isang pangako ng mas malalim na buhay ng Kristiyano? Kapag tiningnan natin ang ibang kasulatan, makikita natin na ang Roma 12:1, 1 Tesalonica 5:23, at iba pang mga teksto ay nagmumungkahi ng mas malalim na buhay na iniaalok sa mga mananampalataya. Ang katotohanan na mapuno ng lahat ng kapuspusan ng Diyos ay isang bagay na makatuwiran.

**Karanasan.** Ang karanasan ng mga dakilang Kristiyano sa buong kasaysayan ay nagpapakita ng kanilang pagnanais ng mas malalim na buhay. Bawat tapat na Kristiyano ay nauuhaw para sa mas malalim na karanasan sa Diyos. Ipinapakita sa mga patotoo ng mga dakilang Kristiyano na sinagot ng biyaya ng Diyos ang kanilang pagnanais.

### Mga Tanong na Maaaring Itanong Kapag Isinasaalang-alang ang mga Sipi na Pinagtatalunan

May mga sipi sa kasulatan na iba-iba ang pagpapakahulugan sa iba't ibang iglesia at minsan ay pinagtatalunan ng mga magkaibigan. Kapag tiningnan mo ang isa sa mga sipi na ito, sa halip na ipaglaban mo ang iyong opinyon, isinasaalang-alang ang mga sumusunod na tanong na ito:

- Nagsisimula ba ako sa pagwawakas? Napagdesisyunan ko na ba kung ano ang ibig sabihin ng kasulatan bago ko pa ito basahin?
- Sumasalungat ba ang aking pagpapakahulugan sa kasulatan na ito sa ibang mga sipi ng kasulatan?
- May ibang talata ba na nagbibigay ng mas malinaw na pag-unawa sa talatang ito?
- Ang pagpapakahulugan ko ba ay nakabatay sa mga nakatagong mensahe, o ako ba ay nagpapakahulugan sa malinaw na pamamaraan?
- Ang sipi ba na ito ay nagbibigay ng isang utos? Kung oo, ano ang pangakong kaakibat ng utos na iyon?
- Ano ang sinasabi ng tradisyon ng Kristiyanong iglesia sa buong panahon tungkol sa sipi na ito?
- Ano ang malinaw at makatuwirang pagkaunawa sa sipi na ito?
- Ano ang sinasabi ng karanasan ng ibang Kristiyano tungkol sa sipi na ito?

---

[35] *From the Apostles to Wesley*, 85

Ang mga tanong na ito ay hindi garantiya na makakahanap ka ng kumpletong pagkakasundo sa pagpapakahulugan sa isang bahagi ng sipi. Gayunpaman, makakatulong ito upang ikaw ay makahanap ng mga bahagi kung saan may pagkakasundo. Kung hindi man, ang mga tanong ay makakatulong din para matukoy kung ano ang mga dahilan kung bakit may mga tapat na Kristiyano na naniniwala sa awtoridad ng Salita ng Diyos ngunit hindi nagkakasundo sa pagpapakahulugan ng ilang mga sipi sa kasulatan.

## Mahahalagang Punto sa Aralin 8

(1) Ang pag-unawa sa mga pangunahing prinsipyo ng tamang pagpapakahulugan ng Biblia ay makakatulong upang ikaw ay hindi magkamali ng pagkakaintindi sa iyong pag-aaral.

(2) Magsimula sa teksto, hindi sa iyong pangwakas. Huwag hayaan na ang iyong mga pagpapalagay na maging sanhi ng iyong pagbalewala sa teksto.

(3) Ang mga aral ng kasulatan ay hindi sumasalungat sa mga aral ng kasulatan. Kung may dalawang sipi na tila nagkakasalungat, isipin kung mali ang pagkaunawa mo sa isa sa mga bahagi ng sipi.

(4) Ang kasulatan ang pinakamagaling tagapagpakahulugan ng kasulatan. Hayaan mong ang mga malinaw na sipi ang magpaliwanag ng mahihirap na sipi.

(5) Ang kasulatan ay isinulat upang maunawaan. Hanapin ang payak na kahulugan ng teksto.

(6) Ang utos ng Biblia ay may kasamang pangako na galing din sa Biblia. Ang Diyos na nagbibigay ng utos ang magbibigay ng lakas para tayo ay sumunod.

(7) Ang Biblia ay nagtataglay ng lahat ng kaalaman na kinakailangan para sa kaligtasan.

(8) Tinitingnan natin ang kasulatan gamit ang tatlong lente na makakatulong sa atin upang mas maunawaan ang Salita ng Diyos:

- Tradisyon: ang pagkaunawa ng ibang Kristiyano sa buong kasaysayan
- Katwiran: makatwirang pagkaunawa sa kahulugan ng teksto
- Karanasan: ang espiritwal na karanasan ng mga Kristiyano

# Aralin 9
# Pagsasabuhay

## Mga Layunin ng Aralin

(1) Magkaroon ng kamalayan sa mga maling pamalit sa tamang pagpagpapakahulugan ng Biblia.

(2) Sundin ang tamang proseso mula sa pagpapakahulugan patungo sa pagsasabuhay ng teksto.

(3) Alamin ang mga tiyak na tanong na makakatulong upang mahanap ang tamang pagsasabuhay ng teksto.

(4) Magsanay sa mga hakbang na ito sa mga napiling sipi ng kasulatan.

## Panimula

► Talakayin ang kaugnayan ng **pagpapakahulugan** at **pagsasabuhay** sa iyong kasalukuyang pag-aaral ng Biblia. Kapag ikaw ay nangangaral o nagtuturo, alin ang mas madali: ang magpakahulugan ng talata o ang isabuhay ito sa panahon ngayon? Kapag pinag-aaralan mo ng kasulatan o nakikinig sa sermon, nakikita mo ba kung paano ito maisasabuhay?

> "Sapagkat kung ang sinuman ay tagapakinig ng salita at hindi tagatupad, siya ay katulad ng isang tao na tinitingnan ang kanyang likas na mukha sa salamin;
>
> sapagkat minamasdan niya ang kanyang sarili at umaalis, at agad niyang nalilimutan kung ano ang kanyang katulad."
>
> - Santiago 1:23-24

Sinabi ni Emmanuel, "Pastor, maaari po ba tayong magkita? May malaki akong katanungan tungkol sa Biblia." Pagkalipas ng ilang araw, nagkita sila ng pastor at tiningnan ang ilang kasulatan na may kinalaman sa isyu na kinakaharap ni Emmanuel. Pagkalipas ng ilang minuto, isinara ni Emmanuel ang kanyang Biblia at sinabi, "Aaminin ko po, alam ko na kung ano ang sinasabi ng Biblia, ngunit aya ko itong sundin. Masyado po itong mahirap para sa akin."

Ang problema ni Emmanuel ay hindi ang pagpapakahulugan; ang problema ay ang pagsasabuhay. Hindi sapat na makita kung ano ang sinasabi ng kasulatan at ibigay ang kahulugan nito; kailangan natin itong isabuhay. Kadalasan, ang pag-aaral ng Biblia ay nagwawakas sa yugto ng pagpapakahulugan.

Magsisimula tayo sa pamamagitan ng pagsusuri kung ano ang sinasabi ng teksto; magpapatuloy tayo sa pamamagitan ng pagpapakahulugan sa kung ano ang ibig sabihin nito; kailangang natin tapusin ito sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng teksto. Maaari nating ibuod ang prosesong ito sa tatlong katanungan:

- Ano ang sinasabi ng teksto? (Pagsusuri)
- Ano ang ibig sabihin ng teksto? (Pagpapakahulugan)
- Paano gumagana ang teksto sa aking buhay? (Pagsasabuhay)

## Mga Kapalit ng Pagsasabuhay

Sinabi ng Salmista na ang taong nalulugod sa kautusan ng Panginoon at nagninilay-nilay dito ay magiging "gaya ng isang punungkahoy na itinanim sa tabi ng agos ng tubig, na nagbubunga sa kanyang kapanahunan" (Awit 1:2-3). Ginagawa ni Satanas ang lahat para tayo ay ilayo sa Biblia. Alam niya na manghihina tayo at espiritwal na mamamatay kung hindi natin tinatanggap ang pagpapakain ng Salita ng Diyos.[36]

Kung hindi niya tayo mailalayo sa Salita ng Diyos, susubukan naman ni Satanas na tayo ay pigilan na maisabuhay ang katotohanan nito. Hangga't hindi natin isinasabuhay ang Salita ng Diyos, tayo ay hindi magiging mabunga. Kung hindi tayo mailalayo ni Satanas sa pagbabasa ng Biblia, tutuksuhin niya tayong tanggapin ang mga kapalit para sa pagsasabuhay nito.

### Maaari Nating Palitan ng Pagpapakahulugan ang Pagsasabuhay

Posibleng pag-aralan nang mabuti ang isang bahagi ng kasulatan at maintindihan ang kahulugan nito nang hindi ito isinasabuhay. Nang marinig ni David ang talinghaga ni Nathan tungkol sa mayamang lalaking nagnakaw ng tupa ng isang mahirap, siya ay tumugon nang may tamang pagpapakahulugan: "Habang buháy ang Panginoon, ang lalaking gumawa nito ay karapat-dapat na mamatay; kanyang ibabalik ang kordero na may dagdag na apat, sapagkat kanyang ginawa ang bagay na ito, at sapagkat siya'y walang habag" (2 Samuel 12:5-6).

Tama ang pagpapakahulugan ni David. Tumugon siya sa pangalan ng Panginoon; iginiit niya ang katarungan; hiniling niya ang pagbabayad ng kasalanan. Walang makakapintas sa pagpapakahulugan ni David, ngunit hindi niya naisabuhay ang aral ng talinghaga sa kanyang sariling buhay. Ang propeta ang gumawa ng pagsasabuhay, "Ikaw ang lalaking iyon" (2 Samuel 12:7).

Ito ay isang natatanging panganib para sa mga mangangaral at guro. Maari tayong magturo ng kasulatan sa iba habang binabalewala natin ang ating sariling pagsuway. Nagbabala si Santiago laban sa pagpapakahulugan nang walang pagsunod. "Kaya't ang sinumang nakakaalam ng paggawa ng mabuti ngunit hindi ito ginagawa, ito ay kasalanan sa kanya" (Santiago 4:17). Pagkatapos nating pakahulugan nang tama ang kasulatan, huwag nating kalimutan na isabuhay ito. Huwag nating palitan ng pagpapapakahulugan ang pagsasabuhay.

---

[36] Karamihan sa impormasyong nasa aralin na ito ay inangkop mula sa Howard G. Hendricks at William D. Hendricks, *Living by the Book* (Chicago: Moody Publishers, 2007).

### Maaari Nating Palitan ng Bahagyang Pagsunod ang Ganap na Pagsunod

Posible na pag-aralan ang isang sipi ng kasulatan, maintindihan ang kahulugan nito, at makakita ng ilang bahagi ng pagsasabuhay nang hindi hinahayaan na lubusang tayong baguhin nito. Maaaring may bahagi sa buhay natin na sinusubukan nating sundin ang kasulatan, ngunit pinapalampas natin ang mas malalalim na bahagi ng ating pagsuway.

Marahil sa ating pag-aaral ng Efeso 4:29, "Anumang masamang salita ay hindi dapat lumabas sa inyong bibig, kundi ang mabuti lamang para sa ikatitibay, ayon sa pangangailangan, upang ito ay makapagbigay ng biyaya sa mga nakikinig." Sa hakbang ng pagsasabuhay, siyasatin natin ang ating mahahalagang mga ugnayan. Tanungin natin:

- "Ang mga sermon ko ba ay nagpapalakas ng aking kongregasyon?" "Oo; ako ay isang tapat na pastor."
- "Maayos ba akong magsalita sa aking mga anak?" "Oo; ako ay isang mapagmahal na magulang."
- "Maayos ba akong magsalita sa aking asawa?" "Hindi; madalas akong negatibo sa aking mga tugon."

Ang pakikipag-usap mo sa iyong asawa ang isa sa mga bahagi ng iyong buhay na gustong baguhin ng Espiritu ng Diyos. Tinutukso ka ni Satanas na palitan ang pagsunod sa teksto na ito ng pagsunod sa ibang bahagi ng iyong buhay sa halip na pagbabago sa iyong ugnayan sa iyong asawa. Tinutukso ka rin niyang tanggapin ang bahagyang pagsunod sa halip na ang buong pusong pagsunod na inasahan sa iyo.

### Maaari Nating Palitan ng mga Palusot ang Pagsisisi

Tinanong ng isang abogado si Jesus, "Guro, anong dapat kong gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan?" (Lucas 10:25). Alam na ng abogado ang sagot: "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, nang buong kaluluwa mo, nang buong lakas mo, at nang buong pag-iisip mo, at ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili" (Lucas 10:27).

Nauunawaan ng abogado ang kasulatan "Subalit sa pagnanais niya na ipagmatuwid ang kanyang sarili ay sinabi kay Jesus, "At sino ang aking kapwa?'" (Lucas 10:29). Hindi niya problema ang pagpapakahulugan; ang kanyang problema ay ang pagsasabuhay. Pinapalusot ng abogado ang kanyang kakulangan sa pag-ibig.

Marahil ay sinasabi sa iyo ng Espiritu ng Diyos na, "Ang mga salita mo ay hindi nakakatulong sa asawa mo; ito'y nakakasira sa inyong pakikipag-usap." Nabasa mo na ang Salita, napakahulugan mo na ang Salita; ngayon ay panahon na upang isabuhay mo ang Salita. Sa halip, baka maisip mo, "Laging negatibo ang asawa ko. Kung negatibo ako, kasalanan iyan ng asawa ko, hindi ko ito kasalanan!" Ano ang ginawa mo? Pinagtakpan mo ang sarili mong pagkukulang sa halip na magsisi sa iyong kabiguan na sumunod sa Salita ng Diyos.

### Maaari Nating Palitan ng Damdamin ang Pagbabago

Isinulat ni Santiago ang tungkol sa isang taong nakikinig sa Salita ngunit hindi ito isinasagawa (Santiago 1:23-24). Minsan may taong nakikinig sa Salita at tunay na naaantig, ngunit hinahayaan niya na ang isang madamdaming tugon ang pumalit sa tunay na pagbabago. Alam ng bawat pastor ang pagkabigo kapag siya'y nangaral tungkol sa isang paksa, may mga nagsasabi, "Tinamaan po ako ng sermon na 'yon," pagkatapos ay wala namang nakikitang tunay na pagbabago.

Marahil ay narinig mo ang Efeso 4:29 na naituro sa isang seminar para sa mag-asawa. Sa panahon ng panalangin at pangako sa dulo ng seminar, sasabihin mo sa iyong asawa na, "Patawad. Gusto kong magsalita ng positibong salita. Susubukan kong magbago!" Gayunpaman, hindi nagtagal at bumalik ka rin sa dati mong gawi ng masasakit na pananalita, mga negatibong pahayag, at masasakit na pakikipag-usap.

Ano ang nangyari? Nagkaroon ng madamdaming tugon, ngunit walang tunay na pagbabago. Ito ay mapanganib; pagkatapos ng paulit-ulit na pagkabigo, maaari mong paniwalaan na hindi na talaga posible ang pagbabago. Ang madamdaming pagtugon sa katotohanan ay kailangang may kalakip na tunay na pagbabago at pagsunod, na posible lamang kapag tayo ay nagpapasakop sa kilos ng Banal na Espiritu.

## Mga Hakbang sa Pagsasabuhay ng Kasulatan

Pagkatapos ilarawan ni Santiago ang taong tumitingin sa salamin at agad nakakalimot sa kanyang itsura, inilarawan niya ang taong tama ang pagsasabuhay ng kasulatan sa kanyang buhay. "Ngunit ang tumitingin sa sakdal na kautusan, ang kautusan ng kalayaan, at nananatili na hindi tagapakinig na malilimutin, kundi tagatupad na gumagawa, siya ay pagpapalain sa kanyang gawain" (Santiago 1:25). Hindi sapat ang makinig lang sa Salita, kailangan natin itong isabuhay. Ano ang kailangan para sa tamang pagsasabuhay ng kasulatan?

Upang maisabuhay nang tama ang kasulatan, may tatlong bagay tayo na kailangang gawin.

### Hakbang 1: Alamin ang Kahulugan ng Kasulatan

Kaya mahalaga ang mga aralin tungkol sa pagsusuri at pagpapakahulugan. Kung hindi natin alam ang kahulugan ng talata, mali rin ang magiging pagsasabuhay natin nito. Nagsisimula ang pagsasabuhay sa tanong na, "Paano ang naisabuhay ng mga Kristiyano noong unang siglo ang kasulatang ito sa kanilang mundo?"

Halimbawa, isinulat ni Pablo: "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan niyang nagpapalakas sa akin" (Filipos 4:13). Ipinangako ito ng ilang guro na makakamit natin ang anumang naisin natin dahil, "Binibigyan ako ni Kristo ng lakas." Ipinapahayag ng mga atleta, "Ako ay mananalo sa laro ngayon dahil 'kaya kong gawin ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Kristo.'" Tiniyak ng mga faith healer sa kanilang mga tagapakinig, "Kung mayroon kang sapat na pananampalataya, gagaling ka dahil 'magagawa mo ang lahat ng

bagay sa pamamagitan ni Kristo.'" Ang mga mangangaral ng huwad na ebanghelyo ng kasaganaan ay nagpahayag ng, "Nais ng Diyos na yumaman ka. Ang kailangan mo lang gawin ay ang makipagtulungan sa Diyos. 'Lahat ng bagay ay maaari mong gawin sa pamamagitan ni Cristo.'"

Ngunit kapag tinanong natin, "Paano isinabuhay ng mga taga-Filipos ang talatang ito?" makikita natin na ang talatang ito ay hindi pangako ng tagumpay sa mundong ito, kundi pangako ng tibay ng loob sa gitna ng pagsubok. Si Pablo ay inaresto sa Roma; ang kanyang mga mambabasa ay dumaranas ng pag-uusig. Hindi niya sinasabi na siya ay matagumpay sa mundo, kundi kaya niyang magpatuloy sa lahat ng sitwasyon sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsunod. Natutunan ni Pablo na makuntento sa anumang kalagayan dahil kay Cristo, kaya niyang gawin ang ipinapagawa sa kanya ng Diyos. Hindi ito nangangahulugan ng maginhawang buhay, kundi hindi siya nawawalan ng espiritu ng pagkakuntento sa gitna ng hirap.

**Hakbang 2: Pag-unawa kung Paano Naisasabuhay ang Kasulatan**

Binalaan ni Pablo si Timoteo na kailangan niyang kilalanin ang sarili niya upang maging epektibong tagapagturo sa iba. "Ingatan mo ang iyong sarili at ang iyong pagtuturo. Manatili ka sa mga bagay na ito, sapagkat sa paggawa nito ay maililigtas mo ang iyong sarili at ang mga nakikinig sa iyo" (1 Timoteo 4:16). Habang binibigyang-pansin ni Timoteo ang sarili niya at ang doktrina na kanyang ipinapangaral, epektibo siyang makakapagministeryo sa mga nakikinig sa kanya.

Pagkatapos kong malaman ang teksto at kung paano ito isinabuhay ng mga unang mambabasa, kailangan kong kilalanin ang aking sarili at kung paano naaangkop ang teksto sa aking mundo. Marahil ay tinitingnan ko ang aking sarili at nakikita ko na karaniwang hindi ko inaasahan na pagpapalain at tutulungan ako ng Diyos. Sinasabi sa akin ng Filipos 4:13 na harapin ko ang mga hamon ng buhay na may pagtitiwala dahil "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan niyang nagpapalakas sa akin."

Ngayon na nagiging malinaw at tiyak na ang pagsasabuhay, maaaring isulat ko sa tabi ng talatang ito na: "Kapag nagtatrabaho ako sa isang lugar na salungat sa Kristiyanong pamumuhay, magtitiwala ako sa biyaya ng Diyos na palakasin ako upang manatiling tapat. Magagawa ko ang lahat ng bagay sa **pamamagitan ni Cristo**." Nadadala nito ang talata mula sa unang siglo patungo sa ika-21 siglo.

Gumagana ang tamang pagsasabuhay ng kasulatan sa totoong mundo. Ang Salita ng Diyos ay may kaugnayan sa lahat ng bahagi ng ating buhay. Kapag isinabubuhay natin ang kasulatan, hindi natin tinatanong, "Ano ang 'relihiyosong' pagsasabuhay ng kasulatang ito?" Sa halip, ang tanong natin ay, "Paano maisasabuhay ang tekstong ito sa bawat bahagi ng aking buhay?"

Sumulat si John Wesley, "Ang ebanghelyo ni Cristo ay walang relihiyon na hiwalay sa kapwa; walang kabanalan na hiwalay sa kapwa."[37] Hindi natin isinasabuhay ang ebanghelyo bilang mga monghe na nakatago sa lipunan, kundi bilang mga mananampalatayang may ugnayan sa kapwa. Lumalago tayo sa kabanalan hindi sa pamamagitan ng paglayo sa iba, kundi sa pamumuhay sa loob ng komunidad ng iglesia.

Kanina, tiningnan natin ang Efeso 4:29. Sa pagsasabuhay ng talatang ito, kailangan itong isabuhay sa ating uganayan sa kapwa mananampalataya: "Ang pananalita ko ba ay nagpapalakas sa kapwa Kristiyano o nakakasakit sa kanila?" Kailangan din itong iugnay sa ating pamilya: "Ang pakikipag-usap ko ba ay nagpapalakas sa loob ng aking pamilya o pinapahina ko ang tiwala sa sarili ng aking asawa at mga anak?" Kailangan din natin itong iugnay sa ating trabaho: "Isa ba akong empleyado na nagsasalita ng mga positibong salita, o ako ba ay nagkakalat ng mga negatibong ideya?" Ang Efeso 4:29 ay may kaugnayan sa bawat bahagi ng buhay.

Ito ang dahilan kung bakit isinulat ni Pablo na ang mga alipin na namumuhay nang maayos sa kanilang mga amo ay magpapalamuti sa doktrina ng Diyos na ating Tagapagligtas sa lahat ng bagay (Tito 2:10). Ang maingat na pagsasabuhay ng banal na kasulatan ay ginagawang kaakit-akit ang ebanghelyo sa mga tao sa ating paligid.

**Hakbang 3: Sundin ang Kasulatan**

Ang tunay na layunin ng pag-aaral ng Biblia ay ang araw-araw na pagsasabuhay nito. Sa 2 Timoteo 2:3–6, inilarawan ni Pablo ang mga Kristiyano bilang mga sundalo, mananakbo, at magsasaka. Ang mga larawan na ito ay naglalarawan sa isang tao na matiyagang sumusunod sa layunin. Hindi nagpapahinga ang isang sundalo sa gitna ng labanan; hindi tumitigil ang mananakbo sa gitna ng takbuhan; hindi humihinto ang magsasaka hanggang hindi natatapos ang kanyang gawain. Ang buhay ng isang Kristiyano ay nangangailangan ng pagtitiis. "Tumakbo tayong may pagtitiis sa takbuhing inilagay sa harapan natin" (Hebreo 12:1).

Habang pinag-aaralan mo ang kasulatan, itanong mo, "May bahagi ba ng aking buhay kung saan ay dapat kong isabuhay ang katotohanang ito?" Hilingin mo sa Diyos na tulungan ka na unti-unting maisabuhay ang katotohanan sa iyong araw-araw na pamumuhay. Kapag ginawa mo ito, magbubukas ang Diyos ng mas marami pang katotohanan para sa iyo. Ikaw ay magkakaroon ng mas lalalim na pagkauhaw sa pagkaing espiritwal.

Kung sa pamamagitan ng Efeso 4:29 ay kinakausap ka ng Diyos tungkol sa paraan ng iyong pagsasalita, dapat mong pagsikapan na magsalita sa paraang nakakapagpalakas ng iba. Maaaring magsimula ito sa simpleng paghingi sa Diyos na bigyan ka ng kahit isang pagkakataon bawat araw upang makapagsalita ng biyaya sa buhay ng isang tao. Maaaring kabilang dito ang paghiling sa isang pinagkakatiwalaang kaibigan na paalalahanan ka kapag

---

[37] Paunang Salita nina John at Charles Wesley sa edisyon ng *Hymns and Sacred Poem* noong 1739.

naririnig nila na ginagamit mo ang iyong pananalita sa maling paraan. Ito ay magiging isang paraan upang maisagawa ang Salita ng Diyos sa araw-araw na pamumuhay.

Noong nasa kolehiyo, may isang binata ang nahirapan sa isang tukso sa kanyang buhay. Mahilig si James Ryan sa musika, kabilang na ang ilang uri ng kanta na may mga salita na nagpapalakas ng tukso sa kanyang kahinaan. Gusto ni James Ryan na magtagumpay laban sa tukso, ngunit hindi niya isinabuhay nang tuloy-tuloy ang kasulatan sa kanyang buhay.

Tuwing Setyembre, may revival service sa paaralan. Pumupunta si James Ryan sa altar. Pagbalik niya sa kanyang dormitoryo ay itinatapon niya ang kanyang mga musikang na hindi angkop. Sa loob ng ilang linggo, maliwanag ang kanyang patotoo. Ngunit unti-unti siyang bumibili ulit ng bagong musika sa parehong estilo. Di nagtagal, pinanghihinaan na naman siya ng loob; pagdating ng Nobyembre, sasabihin niya, "Nanumbalik na naman ako sa aking dating kasalanan."

Tuwing Pebrero, ang paaralan ay nagkakaroon ng Bible conference. Si James Ryan ay pupunta sa altar. Itinatapon niya ang kanyang mga musika at sa loob ng ilang linggo ay maliwanag ang kanyang patotoo. Pagsapit ng Abril, bibili na naman siya ng mga bagong musika at uulitin na naman ang buong proseso!

Ano ba talaga ang kailangan ni James Ryan? Mas magandang pagpapakahulugan? Hindi! Alam na niya ang kahinaan niya; alam niya ang sinasabi ng Biblia tungkol sa pagpapanatiling dalisay ng isipan; alam niya ang epekto ng ilang uri ng musika sa kanyang espiritwal na buhay. Hindi pagpapakahulugan ang problema ni James Ryan; kailangan lang talaga niyang isagawa ang kanyang nalalaman.

Ano ang bahagi ng pagsasabuhay ang kailangang mong isagawa?

## Mga Tanong na Maaaring Itanong

Makakatulong ang limang mga katanungan na ito habang naghahanap ka ng mga paraan kung paano mo maisasabuhay ang kasulatan.

### (1) Mayroon bang kasalanan na dapat iwasan?

Maraming Kristiyano ang nawawalan ng pag-asa kapag nakita nilang hindi tumutugma ang kanilang buhay sa hinihingi ng kasulatan. Kapag kinakausap tayo ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita tungkol sa kasalanan sa ating buhay hindi tayo dapat mawawalan ng pag-asa. Sa halip, tayo ay mas dapat sumunod nang may kaluwagan sa ating kalooban na sundin ang Kanyang Salita.

### (2) Mayroon bang pangako na dapat angkinin?

Minsan ang pagsasabuhay ay simpleng pag-aangkin sa mga pangako ng Diyos. Dapat tayong mag-ingat sa tamang pagpapakahulugan ng pangako. May mga pangako na ibinigay lang sa ilang tao o sa bansang Israel. Kaya hindi natin dapat angkinin ang pangako sa labas ng konteksto nito. Gayunpaman, kung naipakahulugan natin nang maayos ang pangako

ayon sa konteksto ng Biblia at alam natin na ito ay para sa lahat ng mananampalataya, maaari natin itong angkinin para sa ating sariling buhay.

### (3) Mayroon bang kilos na dapat gawin?

Itanong natin, "Ano ang dapat kong gawin sa sipi ng kasulatan na ito? Anong katotohanan ang itinuturo ng sipi na ito? Binibigyan ba ako ng babala nito sa isang pagkakamali sa aking doktrina? Kailangan ko bang baguhin ang aking paraan ng pag-iisip upang umayon sa kasulatan? Ano ang dapat kong gawin batay sa kasulatang ito?"

Isang halimbawa ay panalangin. Sa pagbabasa natin ng mga panalangin nina David, Pablo, Nehemias, at Jesus, makakahanap tayo ng mga huwaran para sa ating sariling panalangin. Walang mas mahusay na paraan ng pagkatuto sa pananalangin kundi ang tularan ang mga panalangin nina Pablo o Jesus. Habang ako ay nagbabasa, maaari akong kumilos sa pamamagitan ng pag-aangkop ng mga panalanging ito para sa sarili kong buhay.

### (4) Mayroon bang utos na dapat sundin?

Ang ikalawang bahagi ng mga sulat ni Pablo ay kadalasang puno ng mga utos. Simple at direkta ang mga utos na ito. Minsan hinahanap ng mga Kristiyano ang malalalim na katotohanan, habang hindi nila pinapansin ang simpleng pagsasabuhay ng mga nalalaman na nila!

May isang tao na nagsulat tungkol sa panganib ng paghahanap ng malalalim na katotohanan habang hindi pinapansin ang malinaw na katotohanan. Ikinuwento niya ang tungkol sa mga una niyang pag-aaral ng wikang Griyego sa Bagong Tipan. Sa Mateo 16:24, sinabi ni Jesus, "Kung ang sinuman ay ibig sumunod sa akin, tanggihan niya ang kanyang sarili, at pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa akin." Wala namang kakaiba o nakakagulat na kahulugan ang orihinal na Griyego. Sa Griyego, ang ibig sabihin ng talatang ito ay eksaktong katulad ng naririnig natin kapag binabasa ito. Hindi mahirap unawain ang kahulugan. Sa halip, ang mahirap ay ang pagsunod.[38]

Minsan ang kailangan lamang natin na sagot ay, "Opo, Panginoon. Susunod ako."

### (5) Mayroon bang halimbawa na dapat tularan?

Malaki ang bahagi ng kasulatan na nagtataglay ng talambuhay. Habang binabasa natin ang talambuhay, itanong natin, "Mayroon bang halimbawa na dapat tularan?"

Kapag binasa natin ang tungkol kay Abraham sa Genesis 18, maaari nating tularan ang huwaran ni Abraham sa pamamagitan ng pananalangin para sa iating mundo. Isang guro ang nagtuturo sa Nigeria. Sa Nigeria ay madalas na may alitan sa pagitan ng mga Muslim at Kristiyano. Tinanong ng isang mag-aaral ang kanyang mga kaklase, "Bakit mas pinipili

---

[38] Inangkop mula sa Andy Crouch, "Information and Formation" sa *Christianity Today,* noong Marso 2014. Makikita sa https://www.christianitytoday.com/ct/2014/march/information-and-formation.html.

nating makipaglaban sa mga Muslim kaysa sa ipanalangin sila? Naniniwala ba talaga tayo na sila ay kayang iligtas ng Diyos? Kung oo, dapat nating tularan ang halimbawa ni Abraham at manalangin para są kanilang kaligtasan!" Ito ang pagsasabuhay.

### Isagawa Mo Ito

Gumawa na tayo ng mga pagsusuri mula sa Roma 12:1-2. Pinag-aralan na natin ang mahahalagang salita sa mga talatang ito. Pinag-aralan na natin ang kasaysayan, kultura, at konteksto ng Biblia upang maunawaan nang tama ang mensahe ni Pablo.

Ngayon ay handa na tayo para sa pinakamahalagang hakbang. Paano mo isasabuhay ang Roma 12:1–2?

► Magbalik-aral sa iyong mga tala tungkol sa Roma 12:1–2 mula sa mga naunang aralin. Pagkatapos ay ilista ang tatlong tiyak na hakbang na maaari mong gawin upang maisabuhay ang tekstong ito.

► Kung pinag-aaralan mo ang aralin na ito kasama ng grupo, ibahagi mo ang iyong mga pagsasabuhay sa kanila. Kung magtatagpo pa kayo sa susunod, gumawa kayo ng kasunduan upang magtanungan kung paano ang naging pagsasabuhay ninyo ng mga ito.

### Pagwawakas

Ang kursong ito ay tungkol sa pagpapakahulugan ng Biblia upang ito ay maituro sa iba. Ito ang tawag sa atin bilang mga tagapangaral ng Salita ng Diyos. Gayunpaman, may panganib dito. Kung hindi tayo mag-iingat, baka pag-aralan natin ang Biblia para lang may maipangaral at maituro. Baka hindi natin maisabuhay ang katotohanang itinuturo ng Biblia sa sarili nating buhay.

Hindi lang para matuto o magturo ang layunin ng pag-aaral ng Biblia. Ang Salita ng Diyos ay maaaring ihambing sa pagkain na nagpapalusog sa atin. Ang pagkain ay may epekto sa araw-araw at sa pangmatagalan. Hindi bumababa ang cholesterol mo sa isang malusog na kain; hindi rin lumalakas ang espiritu mo sa isang araw lang ng pagbabasa ng Salita ng Diyos. Kailangan ng regular na tamang pagkain upang maging malusog ang pangangatawan, at kinakailangan ng tuloy-tuloy na pagkain ng Salita ng Diyos upang makaron ng kalakasang espiritwal. Ngunit mahalaga rin ang araw-araw na pagbabasa, dahil ito ang nagbibigay ng lakas para harapin mo ang mga pagsubok sa araw na iyon, tulad ng isang magandang almusal na makakatulong sa iyo bago ang isang araw ng mabigat na pagtatrabaho.

Bilang mga pastor, guro, at pinuno sa iglesia, huwag nating kalimutan na ang sarili nating espiritwal na buhay ay kailangang palakasin araw-araw. Sa gitna ng ating pagsisikap na turuan ang iba, huwag nating kalimutan na pakainin ang sarili nating puso sa pamamagitan ng tinapay ng Salita ng Diyos. Tanging sa pagpapakain sa ating sarili na tayo ay magkakaroon ng lakas na ating kakailanganin upang makapaglingkod sa bayan ng Diyos.

Alam ni Pablo ang panganib na ito. Sinulat niya ang tungkol sa posibilidad na siya mismo ay maalisan ng karapatan matapos niyang mangaral sa iba (1 Corinto 9:27). Nakakatakot isipin na nagtuturo ka sa iba habang tinatanggihan mo ang biyaya ng Diyos sa sarili mong puso. Mag-aral upang makapagturo sa iba, ngunit huwag kalimutan na ang Diyos ay gustong mangusap din sa iyong puso.

## Isagawa Mo Ito

► Ang Lucas 14:25–17:10 ay isang magkakasunod na mga talinghaga at tagubilin. Sa huling paglalakbay ni Jesus patungong Jerusalem, binigay niya ang kanyang huling tagubilin sa kanyang mga alagad. Habang binabasa mo ang mga turo ni Jesus, maghanap ka ng mga tiyak na pagsasabuhay mula sa mga talatang ito. Itanong:

- Mayroon bang kasalanan na dapat iwasan?
- Mayroon bang pangako na dapat angkinin?
- Mayroon bang kilos na dapat gawin?
- Mayroon bang utos na dapat sundin?
- Mayroon bang halimbawa na dapat tularan?

## Mahahalagang Punto sa Aralin 9

(1) Hindi sapat na tama ang pagpapaliwanag natin sa Salita ng Diyos; kailangan din natin itong isabuhay sa araw-araw.

(2) Tinutukso tayo ni Satanas na palitan ang tunay na pagsasabuhay ng mga huwad na kapalit:

- Maaari nating palitan ng pagpapakahulugan ang pagsasabuhay.
- Maaari nating palitan ng bahagyang pagsunod ang ganap na pagsunod.
- Maaari nating palitan ng palusot ang pagsisisi.
- Maaari nating palitan ng damdamin ang pagbabago.

(3) Upang maisabuhay ang kasulatan sa ating buhay, kailangan nating sundin ang tatlong mga hakbangin:

- Alamin ang kahulugan ng kasulatan.
- Pag-unawa kung paano naisasabuhay ang kasulatan.
- Sundin ang kasulatan.

(4) Para matuklasan kung paano mo maisasabuhay ang kasulatan sa sarili mong buhay, itanong mo ang mga ito:

- Mayroon bang kasalanan na dapat iwasan?
- Mayroon bang pangako na dapat angkinin?
- Mayroon bang kilos na dapat gawin?
- Mayroon bang utos na dapat sundin?
- Mayroon bang halimbawa na dapat tularan?

## Takdang-Aralin sa Aralin 9

Sa Aralin 1, pumili ka ng isang bahagi ng kasulatan na pag-aaralan mo sa buong kurso. Gamit ang mga tala na iyong inihanda sa pagsusuri at pagpapakahulugan, gumawa ka ng listahan ng mga praktikal na hakbang para sa kasulatan na iyong pinag-aaralan.

# Aralin 10
# Pagsasanay sa Pag-aaral ng Sipi

## Mga Layunin ng Aralin

(1) Magsanay sa pagsunod sa mga hakbang ng pagpapakahulugan gamit ang mga piniling sipi ng kasulatan.

(2) Maghanda ng isang papel o pagpapahayag ng detalyadong pag-aaral ng isang sipi sa kasulatan.

## Panimula

*Paalala sa namumuno ng klase: Maglaan ng sapat na oras sa klase para sa mga gawaing pagsasanay sa araling ito, kahit mangailangan ito ng higit sa isang sesyon ng klase.*

Sa kursong ito, tiningnan natin ang mga hakbang sa pagpapakahulugan sa Biblia: pagsusuri, pagpapakahulugan, at pagsasabuhay. Natutunan natin kung paano iwasan ang mga karaniwang pagkakamali sa pagpapakahulugan ng Biblia. Tinalakay din natin ang mga mahahalagang prinsipyo para sa pag-aaral ng kasulatan. Nakapagsanay na rin tayo sa bawat hakbang. Sa araling ito, tayo ay magbabalik-aral sa buong proseso. Pagkatapos ay sama-samang pag-aaralan ng buong klase ng mga sipi mula sa Luma at Bagong Tipan gamit ang prosesong ito. Magkakaroon din kayo ng pagkakataong gamitin ang kasanayan nang mag-isa. Pagkatapos ay tatapusin ninyo ang proyekto sa kurso na inyong sinimulan sa Aralin 1.

Simulan natin sa pagbabalik-aral sa larawang nasa ibaba:

**Pagpapakahulugan ng Biblia**[39]




| | | |
|---|---|---|
| **1** | Ang kanilang bayan | Ang orihinal na mensahe ng kasulatan |
| **2** | Ang ilog | Ito ang mga pagkakaibang pangkasaysayan at pangkultura na naghihiwalay sa mundo natin at sa sinaunang mundo. |
| **3** | Ang tulay | Ang prinsipyo na itinuro sa teksto |
| **4** | Ang mapa | Ang kaugnayan ng Bagong Tipan (para sa mga sipi sa Lumang Tipan) |
| **5** | Ang ating bayan | Ang pagsasabuhay ng prinsipyo sa ating mundo ngayon |

Ang mga susunod na bahagi ng araling ito ay pagbabalik-aral sa buong proseso ng pagpapakahulugan ng Biblia. Sa bawat hakbang ng proseso ng pagpapakahulugan, kailangang magtanong ang mga nagpapakahulugan ng mga tanong na gagabay sa kanila patungo sa tamang pagwawakas. Ang mga tanong na ito ay batay sa mga prinsipyo ng pagpapakahulugan.

---

39 Larawan: "Interpreting the Bible" iginuhit ni Anna Boggs, makukuha mula sa https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52377290578, licensed under CC BY 2.0. Concept from J. Scott Duvall and J. Daniel Hays, *Grasping God's Word* (Grand Rapids: Zondervan, 2012)

Nakalista ang mga tanong na dapat itanong sa bawat bahagi ng proseso. May mga halimbawa rin kung paano gamitin ang mga tanong na ito at kung bakit mahalaga ang mga ito sa tamang pagpapakahulugan.

Ang koleksyon ng mga tanong na ito ay maituturing na kahon ng kagamitan para sa pagpapakahulugan. Tulad ng isang karpintero na hindi kailangang gamitin ang lahat ng kanyang kagamitan sa bawat proyekto, hindi rin kailangang gamitin ang bawat tanong sa bawat sipi. Maaaring hindi angkop ang ilang tanong sa isang sipi kung wala namang sagot na makikita o kung wala namang maitutulong.

## Pagsusuri: Unawain ang Makasaysayan-Kultural na Konteksto

### May-Akda

- Sino ang may-akda?
- Ano ang papel niya?
- Ano ang ugnayan niya sa mga tagatanggap?

1 Timoteo 5:20: "Sila namang nagpapatuloy sa pagkakasala ay sawayin mo sa harapan ng lahat..."

Si Apostol Pablo, ang may-akda ng 1 Timoteo, ay ang tagapagturo ni Timoteo. Ito ay isang tagubilin na binibigay ni Pablo kay Timoteo, na isang batang pastor.

Ang pag-unawa sa mga bagay na ito ay tumutulong sa ating malaman na ang tagubilin ni Pablo ay maaaring hindi direktang maisasabuhay ng bawat Kristiyano.

### Orihinal na Mga Tagapakinig

- Sino sila?
- Ano ang mga katangian nila?

Ang Filemon ay isinulat para sa isang mananampalataya.

Ang Hebreo ay isinulat para sa mga Judiong mananampalataya na dumaranas ng pag-uusig.

### Mga Kalagayan

- Sa anong yugto sa kasaysayan ng kaligtasan naisulat ang kasulatan?

2 Mga Cronica 7:14: "At kung ang aking bayan na tinatawag sa pamamagitan ng aking pangalan ay magpakumbaba at manalangin, at hanapin ako at tumalikod sa kanilang masasamang lakad; akin silang papakinggan mula sa langit, at patatawarin ko ang kanilang kasalanan at pagagalingin ang kanilang lupain."

Ang "aking bayan" ay tumutukoy sa isang tiyak na bansa na itinuring ng Diyos bilang kanyang sariling bayan. Ang pangako ng Diyos na "pagagalingin ang kanilang lupain" ay hindi direktang naaangkop para sa iglesia.

- Ano ang kultural na tagpuan noon? Kung posible, gumamit ng diksyunaryo ng Biblia upang mapag-aralan ang orihinal na kultura. Nagbibigay-daan ito sa iyo na paghambingin/pag-ibahin ang kanilang kultura at ang atin.

  2 Corinto 13:12: "Magbatian ang isa't isa ng banal na halik."

  Ang pagbati sa isa't isa ng banal na halik ay bahagi ng kultura ng mga Kristiyano noong panahong iyon.

- Ano ang mga kaganapan noon?

- Ano ang sitwasyon ng iglesia sa panahong iyon? (Para sa mga sipi sa Bagong Tipan lamang)

## Pagsusuri: Unawain ang Kontekstong Pampanitikan

Isaalang-alang ang mga katangian sa anyo ng panitikan ng aklat at ng sipi.

- Ano ang anyo ng panitikan sa aklat/sipi na ito?
- Ano ang mga katangian ng anyo ng panitikan na ito?

  Awit 124:4-5:

  - Anyo ng panitikan: Tula
  - Katangian: Paralelismo

  Apocalipsis 12:3:

  - Anyo ng panitikan: Apokaliptikong Panitikan
  - Katangian: Simbolikong paggamit ng mga hayop

## Pagsusuri: Unawain ang Tema ng Aklat

- Ano ang layunin ng pagsulat? Hanapin kung ano ang binibigyang-diin ng may-akda o kung saan nagpapahayag ang may-akda ng pag-aalala, nagbibigay ng paliwanag, o nagbibigay ng hamon sa mga mambabasa.

  1 Corinto 7:1: "Ngayon, tungkol sa mga bagay na isinulat ninyo…"

  Ang 1 Corinto ay isinulat bilang tugon sa isang sulat ng iglesia sa Corinto kay Pablo, na nagtatanong sa kanya ng mga katanungan.

- Ano ang tila problema/pangangailangan ng mga tagatanggap?

  1 Corinto 1:10: "Mga kapatid, ngayon ay nananawagan ako sa inyo sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong Jesu-Cristo, na kayong lahat ay magsalita ng isang bagay lamang, at huwag magkaroon sa inyo ng mga pagkakabaha-bahagi, kundi kayo'y magkaisa sa isang pag-iisip at layunin lamang."

  *Ang pagkakabaha-bahagi* ay madalas talakayin sa buong sulat.

- Ano ang sinasabi ng may-akda sa mga tagatanggap? Anumang mga utos na binanggit pagkatapos ng mga pagsusuri ng may-akda ay malinaw na palatandaan kung ano ang inaasahan ng may-akda. Ipinapakita rin nito kung paano natin dapat isabuhay ang bahaging ito ng sipi.

## Pagsusuri: Tukuyin ang Simula at Dulong Bahagi ng Sipi

Kadalasan, ngunit hindi palagi, ang paghahati ng kabanata ay marka ng simula o dulo ng isang sipi. Minsan, ang buong kabanata ay iisang sipi lamang. Sa ibang mga pagkakataon, na mali ang lugar ng paghahati ng kabanata kaya hindi ito dapat basta gamitin bilang gabay sa paghahati ng sipi. Magmasid sa mga pagbabago ng paksa, na karaniwang ipinapakita sa pamamagitan ng mga nagbabagong pahayag. Kapag sinubukan mong isama ang masyadong maraming sipi, ang sipi ay hindi magkakaroon ng iisang pangunahing tema. Kapag kulang naman ang naisamang sipi, ang sipi ay hindi magkakaroon ng kumpletong kaisipan.

- Anong mga talata ang nakapaloob sa sipi na ito?

  2 Corinto 7:1: “Yamang taglay natin ang mga pangakong ito, Mga minamahal…”

  Ang bahaging ito ng sipi ay matatagpuan sa dulo ng huling kabanata, 2 Corinto 6:14–18.

  Isaias 52:13–15 ay kabilang sa parehong sipi ng Isaias 53.

## Pagsusuri: Unawain Kung Paano Kaugnay ang Talata sa Buong Aklat

- Ito ba ay salaysay na naaangkop sa mas malaking tema?

  Mga Hukom 17:5: “Ang lalaking si Micaias ay mayroong isang bahay ng mga diyos, at siya'y gumawa ng isang efod at terafim at itinalaga ang isa sa kanyang mga anak upang maging kanyang pari.”

  May sariling pari at mga diyos-diyosan ang isang lalaki. Ang talatang ito at ang buong kwento sa Mga Hukom ay nagpapakita ng pangunahing tema ng aklat “Ginawa ng lahat ng tao kung ano ang matuwid sa kanilang sariling paningin.” (Mga Hukom 17:6; 21:25)

- Ito ba ay nagbibigay ng teolohiya para sa kalaunang pagsasabuhay?
- Ito ba ay pagsasabuhay ng mga naunang sipi ng aklat?

  Ang Efeso 4–6 ay pangunahing bahagi ng praktikal na pagsasabuhay ng mga teolohiya mula sa Efeso 1–3. Sa Efeso 4:1, ang salitang “kaya’t” ay palatandaan ng pagbabago mula sa pagtuturo ng teolohiya tungo sa praktikal na pagsasabuhay.

  Efeso 4:1: “Kaya't ako... ay nagsusumamo sa inyo na kayo'y lumakad ng nararapat sa pagkatawag na sa inyo'y itinawag…”

**Pagsusuri: Pansinin ang Istruktura ng Bahagi ng Sipi**

- May mga bahagi ba na paghahanda lamang para sa pangunahing mensahe?

  Marcos 2:2: "Maraming nagtipon, kaya't wala nang lugar kahit sa may pintuan."

  Ang mga detalyeng ito ay naghahanda sa mambabasa para sa kuwento ng lalaking ibinaba mula sa bubong.

- Anong mga salita ang ginagamit upang iugnay ang mga ideya ayon sa pagkakasunod ng pangyayari?

  Paulit-ulit na paggamit ng *pagkatapos* sa Mateo 24.

- Mayroon bang ipinapakita na tanong o problema?

  Roma 6:1: "Ano nga ang ating sasabihin? Magpapatuloy ba tayo sa pagkakasala upang ang biyaya ay sumagana?"

- Anong mga salita ang ginagamit sa lohikal na pag-uugnay ng mga ideya?

  Paulit-ulit na paggamit ng *sapagkat* sa Roma 6 upang ipakita ang pagkakasunod ng mga katwiran.

- May ginagamit bang paghahambing o pagkakaiba?

  Roma 6:19-20: "…Sapagkat kung paanong inihandog ninyo ang mga bahagi ng inyong katawan bilang alipin ng karumihan tungo sa higit at higit pang kasamaan, ngayon naman ay ihandog ninyo ang mga bahagi ng inyong katawan bilang alipin sa paggawa ng matuwid tungo sa kabanalan…"

  Pagkakaiba sa pagitan ng dating pagkaalipin (sa kasamaan at kawalan ng batas) at kasalukuyang pagkaalipin (sa katuwiran).

- May pag-uulit ba o paggamit ng magkakaparehong salita?

  Roma 6 – Inulit/magkakatulad na mga salita: *mamatay, namatay, patay, kamatayan, ipinako sa krus, inilibing, mawalan ng bisa.*

  Ang lahat ng ito ay mga salitang may kinalaman sa pagtatapos.

- May mga listahan ba?

  1 Timoteo 4:12: "…kundi ikaw ay maging halimbawa ng mga mananampalataya sa pananalita, pag-uugali, pag-ibig, pananampalataya, at sa kalinisan."

- Anong mga paglalarawan o matalinghagang pagpapahayag ang ginamit?

  Ginagamit sa Roma 6 ang pagpapako sa krus bilang isang tayutay.

- Inilarawan ba kung paano makakamit ang isang layunin?

Roma 8:13: "…kung sa pamamagitan ng Espiritu ay pinapatay ninyo ang mga gawa ng laman, kayo ay mabubuhay."

"sa pamamagitan ng Espiritu" – ang paraan
"pinapatay ninyo ang mga gawa ng laman" – ang layunin
"kayo ay mabubuhay" – ang pangwakas na layunin

- May ibinigay bang mga dahilan para sa isang pahayag o pag-angkin?

  Paulit-ulit ang paggamit ng *sapagkat* upang ipaliwanag ang mga pangunahing pahayag sa Roma 6.

- Mayroon bang kasukdulan o punto ng pagbago? Lalo na para sa mga salaysay.

  Sa talinghaga binanggit sa Mateo 21:33-41, ang talata 38-39 ang kasukdulan ng kwento.

- May sanhi at bunga bang inilarawan?

  Galacia 5:16: "Subalit sinasabi ko, lumakad kayo ayon sa Espiritu, at huwag ninyong bigyang-kasiyahan ang mga pagnanasa ng laman."

  Sanhi: "lumakad kayo ayon sa Espiritu"

  Bunga: "at huwag ninyong bigyang-kasiyahan ang mga pagnanasa ng laman."

- May bahagi bang nagsisilbing buod na nauuna o sumusunod?

  Ang Mga Hukom 2:11-23 ay ang buod ng buong aklat ng Mga Hukom.

  Ang Efeso 5:1 ay ang buod sa Efeso 4:25-32.

- Binabanggit ba o tinutukoy ng bahagi ng teksto ang ibang kasulatan? Madalas gumamit ang mga manunulat ng Bagong Tipan ng mga bahagi o paglalarawan mula sa Lumang Tipan.

  Roma 12:1: "Kaya nga, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong ialay ang inyong mga katawan na isang handog na buháy, banal, na kasiya-siya sa Diyos, na siya ninyong makatuwirang paglilingkod."

  Sa talatang ito, ang salitang *handog* ay isang larawan na tumutukoy sa isang bagay sa Lumang Tipan.

  Roma 12:1: "Kaya nga, mga kapatid, isinasamo ko sa inyo, alang-alang sa mga kahabagan ng Diyos, na inyong ialay ang inyong mga katawan na isang handog na buháy, banal, na kasiya-siya sa Diyos, na siya ninyong makatuwirang paglilingkod."

## Pagsusuri: Pansinin at Pag-aralan ang Mahahalagang Salita

- Ano ang mga mahahalagang salita sa sipi?

  Mahahalagang salita mula sa 1 Corinto 2:14-15:

  - *Taong hindi ayon sa Espiritu*
  - *Taong espirituwal*

  Mahahalagang salita mula sa Roma 8:

  - *Laman*
  - *Espiritu*
- Ano ang kahulugan nito sa konteksto? Magsagawa ng pag-aaral sa salita para sa bawat isa.

## Pagsusuri: Siyasatin ang Bawat Pahayag

- Ano ang ibig sabihin nito? Ibigay sa iba pang salita ang tunay na sinasabi ng pahayag.
- Bakit ito isinama, at bakit ito nasa inilagay dito? Pag-isipan kung ano ang magiging pagkakaiba kung wala ang pahayag na ito.

## Pagpapakahulugan: Ibuod ang Mensahe

Ngayong maingat mo nang nasuri ang mga detalye ng talata o sipi, ibuod ang mensahe ng may-akda para sa orihinal na mga tagapakinig. Ang buod ng **isang talata** ay maaaring **isang pangungusap** lamang. Ang buod naman ng **isang sipi** ay maaaring binubuo ng **ilang mga pangungusap** o **maging ng ilang mga talata**.

Ang layunin ng hakbang na ito ay upang mailahad nang malinaw kung ano ang sinasabi ng may-akda sa mga unang mambabasa nito. Huwag muna maging malikhain sa paglinang mo ng mga paraan sa paghahatid ng mensahe sa pangangaral o pagtuturo, ngunit sa bahaging ito hanapin mo muna ang kahulugan mismo ng kasulatan. Ang kahulugan ay dapat manggaling mula sa kasulatan at hindi mula sa iyong imahinasyon.

- Ano ang sinasabi ng may-akda sa mga una nitong nilalayon na mambabasa?

  Maaaring ibuod ang 1 Corinto 1:10–13 sa ganitong paraan: “Makisama kayo sa isa’t isa sa parehong paniniwala at iwasan ang pagkakabaha-bahagi. Narinig ko mula sa sambahayan ni Chloe na may mga pagtatalo sa inyo. Pinipili ninyong sumunod sa iba’t ibang pinuno, ngunit si Cristo lamang ang namatay para sa inyo.”

Suriin mo ang iyong buod. Isaalang-alang ang mga sumusunod na tanong gamit ang mga impormasyon na nakuha mo mula sa mga pagsusuri na ginawa mo:

- Naunawaan ko ba ang orihinal na sitwasyon kung kailan ito isinulat?

- Ano ang mga alalahanin at layunin ng may-akda sa pagsulat ng sipi na ito?
- Akma ba ang aking pagpapakahulugan ng sipi sa tema ng buong aklat?
- Ang aking pagpapakahulugan ba ay nagbibigay sa sipi ng tamang papel nito sa aklat?
- Tumutugma ba ang aking pagbibigay-diin sa istruktura ng sipi na pareho din sa aking buod?
- Ang kahulugan ba ng bawat pahayag sa loob ng sipi ay sumusuporta sa aking buod?
- Tama ba ang aking pagpapakahulugan sa paggamit ng may-akda sa mga mahalagang salita?

**Pagpapakahulugan: Ipahayag ang Prinsipyo**

Sa bawat sipi, humanap ng isang prinsipyo na maisasabuhay sa lahat ng panahon at para sa lahat ng tao. (Ang isang sipi ay maaaring magturo ng ilang mga prinsipyo, ngunit para sa pagsasanay, pumili ka muna sa isa.) Ipahayag ito sa isang pangungusap.

Isa sa mga prinsipyong matatagpuan sa Efeso 4:25: "Magsabi ng totoo sa lahat ng usapan."

Pagkatapos ay siguraduhin na sumasalamin nang tama ang iyong prinsipyo sa orihinal na mensahe ng teksto:

- Ang prinsipyo ba na ito ay malinaw na itinuro sa teksto?
- Ang prinsipyo ba na ito ay alinsunod sa lahat ng bahagi ng kasulatan?
- Ang prinsipyo ba na ito ay totoo sa lahat ng panahon at sa lahat ng tao?

Iugnay ang prinsipyo sa iba pang katotohanan:

- Anong kaugnay na katotohanan ang ipinakita sa iba pang bahagi ng kasulatan?
- Paano nadaragdagan ng katotohanan na ito ang ating kaalaman?
- Maaari bang may mas maitama ang aking pagpapakahulugan sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa buong kasulatan?
- Ang katotohanan ba na ito ay tila sumasalungat sa iba pang sipi? Kung oo, paano maipagkakasundo ang mga ito?

**Pagsasabuhay: Gumawa ng Magkapanahong Pagsasabuhay**

Ang prinsipyong nahanap mo ay maaaring maisabuhay sa iba't ibang paraan. Gumawa ng isa tiyak na magkapanahong pagsasabuhay.

- Sa anong tiyak na sitwasyon sa panahon ngayon maaaring maisabuhay ang katotohanang ito?
- Kailan, saan, at para kanino angkop ang mga pahayag na ito?

- Paano ito maisasabuhay ang katotohanan sa pagkilos gayundin sa konsepto?
- Kung talagang sineseryoso ko ang sipi na ito, anong pagkakaiba ang magiging resulta nito sa aking buhay?

Humingi ng tulong sa Banal na Espiritu upang maisabuhay mo ang Salita ng Diyos sa araw-araw.

### Magsanay sa Pagpapakahulugan ng mga Sulat

Kapag nagpapakahulugan tayo ng mga sulat sa Bagong Tipan, tayo ay nagsisimula sa pamamagitan ng pagsusuri tungkol sa sulat, nagpapatuloy tayo sa pamamagitan ng pag-aaral ng sulat upang matukoy ang mensahe nito, at nagtatapos tayo sa pamamagitan ng sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga prinsipyo sa ating mundo. Ang pagpapakahulugan na ito ay mula sa mundo ng mga orihinal na tagatanggap patungo sa mundo ng mga modernong mambabasa.

**Magsanay nang Sama-sama**

► Sama-sama bilang isang klase, gawin ang proseso ng pagpapakahulugan para sa 1 Juan 2:15-17. Bukod sa mga tanong at proseso ng pagpapakahulugan na nailarawan na sa itaas, huwag kalimutang isaalang-alang ang mga katangian ng mga sulat sa Bagong Tipan bilang isang anyo ng panitikan (tingnan sa Aralin 6).

**Magsanay nang Mag-isa**

► Ang bawat mag-aaral ay dapat pumili ng isa sa mga sipi sa ibaba at gamitin ang proseso ng pagpapakahulugan. Pagkatapos ay ibabahagi ng bawat mag-aaral ang kanilang pagwawakas sa iba pang miyembro ng grupo.

- Roma 13:8-10
- Efeso 6:18-20
- 2 Timoteo 4:6-8
- Santiago 3:13-18
- 1 Pedro 2:9-10

### Magsanay sa Pagpapakahulugan ng Kautusan sa Lumang Tipan

Kapag tayo nagpapakahulugan ng isang kautusan sa Lumang Tipan, kailangan muna nating maunawaan kung ano ang ibig sabihin nito para sa orihinal na mga tagapakinig. Kailangan nating pag-isipan ang mga pagkakaiba ng kanilang sitwasyon at sa atin, lalo na ang pagkakaibang dulot ng katotohanang tayo ngayon ay nabubuhay na sa ilalim ng Bagong Tipan. Sa mga kautusan ng Lumang Tipan, kailangan nating tukuyin ang prinsipyo na naisasabuhay ng lahat ng tao sa lahat ng panahon. Pagkatapos ay maisasabuhay na natin ang prinsipyong ito.

**Magsanay nang Sama-sama**

► Sama-sama bilang isang klase, gawin ang proseso ng pagpapakahulugan para sa Mga Bilang 15:37-41. Bukod sa mga tanong at proseso ng pagpapakahulugan na nailarawan na sa itaas, huwag kalimutang isaalang-alang ang mga katangian ng mga kautusan sa Lumang Tipan bilang isang anyo ng panitikan at gamitin ang mga tanong na ibinigay sa Aralin 6.

**Magsanay nang Mag-isa**

► Ang bawat mag-aaral ay dapat pumili ng isa sa mga sipi sa ibaba at gamitin ang proseso ng pagpapakahulugan. Pagkatapos ay ibabahagi ng bawat mag-aaral ang kanilang pagwawakas sa iba pang miyembro ng grupo.

- Levitico 19:9-10
- Exodo 20:4-6
- Exodo 22:10-13
- Deuteronomio 14:1-2

## Takdang-Aralin sa Aralin 10

Sa Aralin 1, pinili mo ang isa sa mga sumusunod na sipi ng kasulatan:

- Deuteronomio 6:1-9
- Josue 1:1-9
- Mateo 6:25-34
- Efeso 3:14-21
- Colosas 3:1-16

Ngayong nakapagsanay ka na sa bawat hakbang ng paglalakbay sa pagpapakahulugan, gawin mo ang isang masusing pag-aaral sa napili mong kasulatan. Kapag natapos mo na, ihanda ang iyong pag-aaral sa isa sa mga sumusunod na anyo:

1. Kung ikaw ay kabilang sa isang grupo sa kursong ito, dapat kang gumawa ng isang paglalahad kung saan ibabahagi mo ang iyong naging pag-aaral. (1) Ipakita mo ang iyong mga pagsusuri, (2) ituro mo ang mga prinsipyo mula sa teksto, at (3) ipakita mo kung paano maisasabuhay ang teksto ng mga mananampalataya sa ngayon.

2. Kung ikaw ay nag-aaral nang mag-isa, sumulat ka ng 5-6 na pahina ng papel kung saan ipapaliwanag mo (1) ang iyong mga pagsusuri, (2) ang mga prinsipyong itinuturo sa teksto, at (3) ang mga pagsasabuhay nito para sa mga mananampalataya sa ngayon.

# Apendise
# Mga Kagamitan sa Pag-aaral ng Biblia

## Panimula

Maraming uri ng mga sanggunian ang nakakatulong sa mga nagpapakahulugan ng Biblia. Sa kasamaang palad, hindi lahat ng mga sanggunian na ito ay mayroon sa lahat ng wika. Dito, maikli naming ipapaliwanag ang iba't ibang uri ng mga sanggunian na maaaring mayroon o wala sa iyong wika. Ang ilan sa mga sanggunian na ito ay nakalimbag sa aklat, habang ang iba naman ay nasa digital at nakalimbag din.

## Mga Uri ng Sanggunian sa Pag-aaral ng Biblia

### Mga Kagamitan para Hanapin ang mga Talata na May Tiyak na Salita

Sa proseso ng pagpapakahulugan sa isang sipi, nakikilala mo ang mahahalagang salita. Ang isang bahagi ng pag-aaral ng mga salitang ito ay ang paghahambing ng kanilang paggamit sa iyong sipi sa pag-aaral sa kanilang paggamit sa iba pang mga sipi. Upang gawin ito, kailangan mong malaman ang tungkol sa iba pang mga sipi na gumagamit ng parehong salita.

Ang dalawang sumusunod na kagamitan ay nagbibigay-daan sa iyo na makahanap ng iba pang mga talata kung saan ang isang salita ay ginagamit sa pagsasalin ng Biblia sa iyong wika.

#### *Konkordansya*

Ang konkordansya ay listahan ng mga salita na matatagpuan sa Biblia. Sa ilalim ng bawat salita ay nakalista ang mga sanggunian para sa mga talata kung saan lumilitaw ang salitang iyon.

Ang malalaking konkordansya ay mayroong bawat paglitaw ng bawat pangunahing salita na matatagpuan sa Biblia. Ang maliliit na konkordansya ay kasama sa likod ng ilang Biblia. Mas kakaunti ang mga salita dito at hindi kasama ang bawat talata para sa mga salitang iyon.

Makakatulong ang mga konkordansya para sa pag-aaral kung nauunawaan mo ang kanilang mga lakas at limitasyon. Mga bagay na dapat tandaan kapag gumagamit ng isang konkordansya sa pag-aaral ay kinabibilangan ng:

1. Ang Biblia ay naisalin sa iyong wika mula sa Hebreo at Griego. Sa ilang mga kaso, may ilang salita sa Hebreo at Griego na naisalin sa iisang salita lamang sa iyong wika. Kaya kung ang parehong salita sa iyong Biblia ay nagamit sa dalawang

magkaibang talata, hindi mo dapat ipagpalagay na ito ay isinalin mula sa parehong orihinal na salita sa parehong mga pagkakataon.

2. Kahit na ang salitang ginamit sa iba't ibang lugar sa iyong Biblia ay hindi mula sa parehong orihinal na salita sa Hebreo o Griyego, ang bawat paggamit nito sa iyong Biblia ay isang halimbawa ng isang karaniwang paggamit ng salita sa panahon na ang iyong Biblia ay isinalin. Samakatuwid, mayroon kang mga halimbawa ng iba't ibang gamit ng salita. Ito ay makakatulong kapag inilista mo ang lahat ng posibleng kahulugan ng salita.

3. Ang ilang mga konkordansya ay nagpapakita ng orihinal na salitang Hebreo o Griyego sa tabi ng bawat salita. Makakatulong ito upang malaman mo kung ang salita sa iyong wika ay isinalin mula sa parehong salitang Hebreo o Griyego sa iba't ibang talata na nakalista.

4. Ang isang konkordansya na nagpapakita ng mga orihinal na salita ay nagbibigay din ng mga kahulugan, tulad ng isang diksyunaryo. Gayunpaman, ang isang konkordansya o diksyunaryo ay karaniwang nagbibigay ng ilang posibleng mga kahulugan ng isang salita, kaya’t dapat mo pa ring tingnan ang konteksto upang matukoy kung aling kahulugan ang nilayon ng manunulat.

***Bible Software/Website***

Kung ang Biblia ng iyong wika ay mahahanap sa internet o bilang isang software program, maaari kang maghanap ng isang salita, at ipapakita sa iyo ng website o program ang lahat ng mga talata kung saan ginamit ang salitang iyon.

**Mga Diksyunaryo ng Biblia**

Ang mga diksiyonaryo ng Biblia ay:

1. Nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pinagmulan ng mga salita, mga lugar, at mga tao.

2. Nagbibigay ito ng halimbawa ng mga talata kung saan ginamit ang salita.

3. Maaaring ipinapaliwanag din nito ang iba't ibang kahulugan na meron ang salita sa iba't ibang bahagi nito.

Minsan ang mga diksyunaryo ng Biblia ay nailimbag bilang mga aklat. May mga diksyunaryo ng Biblia rin na minsan ay nasa mga website para sa pag-aaral ng Biblia o kasama sa mga Bible software program.

**Handbooks ng Biblia**

Ang isang handbook ng Biblia ay nagbibigay ng maikling panimula sa bawat aklat ng Biblia na may kasamang mga pangunahing impormasyon tungkol sa may-akda at kasaysayan.

Kung walang mga handbook ng Biblia sa iyong wika, iminumungkahi namin na gamitin ang libreng mga kurso sa Lumang Tipan at Bagong Tipan mula na ginawa ng Shepherds Global Classroom. Ang mga kursong ito ay nagbibigay ng pinagmulan para sa bawat aklat ng Biblia.

**Mga Aklat ng mga Mapa sa mga Lugar sa Biblia**

Ang aklat ng mga mapa sa mga lugar sa Biblia, ay kinabibilangan ng mga mapa ng bawat lugar na nabanggit sa Biblia, mga larawan ng mga lungsod na nahukay, at mga artikulo tungkol sa sinaunang mundo.

Makikita rin ang mga mapa at ibang impormasyon na tulad nito sa ilang mga website.

**Mga Pagsasalin ng Biblia**

Kung may higit pa sa isang salin ng Biblia sa iyong wika, makatutulong na basahin ang pinag-aaralan mong sipi gamit ang iba't ibang salin. Sa paggamit ng Bible website o software program, maaari mong ihambing ang sipi sa pamamagitan ng pagpapakita ng iba't ibang salin nang sabay-sabay.

Ang iba't ibang salin ng Biblia ay ginawa gamit ang iba't ibang pilosopiya ng pagsasalin. May mga grupo na sinusubukang panatilihin ang balarila at istruktura ng pangungusap katulad ng nasa orihinal na Hebreo o Griego. Hangga't maaari, pinapanatili nila ang orihinal na pagkakasunud-sunod ng salita at hinahati ang mga pangungusap sa parehong paraan tulad ng orihinal.

Sinusubukan ng ibang mga pangkat ng pagsasalin na ipaalam ang mensahe sa napapanahon. na wika, kung minsan ay binabago ang istruktura ng pangungusap upang mas maipahayag ang konsepto.

Pinakamainam na simulan ang iyong pag-aaral ng sipi sa isang pagsasalin na malapit na sumusunod sa istruktura sa orihinal na wika. Pagkatapos ay maaari kang tumingin sa mas inangkop na mga pagsasalin para sa paghahambing.

Narito ang tatlong libreng website na may iba't ibang salin ng Biblia sa maraming wika:

- http://www.biblegateway.com
- https://www.faithcomesbyhearing.com/audio-bible-resources/bible-is
- https://www.bible.com/

**Mga Komentaryo ng Biblia**

Ang mga komentaryo sa Biblia ay nagbibigay ng mga tala para sa bawat talata o sipi sa Biblia. Ang mga komentaryo ay maaaring nakalimbag na mga aklat o maaaring isama sa mga website sa pag-aaral ng Biblia o sa software sa pag-aaral ng Biblia. Ang ilang nakalimbag na mga aklat ng komentaryo ay sumasaklaw lamang sa isang aklat ng Biblia, habang ang iba ay sumasaklaw sa maraming aklat, o ang buong Biblia. Dahil ang mga komentaryo ay sumasalamin sa mga teolohikong pagkiling ng mga may-akda, dapat kang maging matalino.

**Pinagmulan ng Biblia**

Ang mga komentaryo at aklat sa pinagmulan ng Biblia ay nagbibigay ng kultural at historikal na konteksto para sa Biblia. Ang pag-unawa sa mga kaugalian ng mundo ng Biblia ang magbibigay sa iyo ng mas mahusay na pag-unawa sa mensahe ng kasulatan.

Halimbawa, ang mga talinghaga ni Jesus ay nakabatay sa kultura noong panahon niya: ang mga aklat ni Moises ay kadalasang tugon sa mga gawaing pagsamba sa diyos-diyosan ng mga kapitbahay ng Israel. Ang mga sulat ni Pablo ay para sa mga Kristiyano na nakatira sa mundong maraming diyos ang sinasamba. Kapag naunawaan natin ang pinagmulan na ito, mas handa tayong mapakahulugan ang mga itinuturo ng kasulatan.

**Pag-aaral ng Biblia**

Ang isang magandang study Bible ay isang Biblia, komentaryo, handbook ng Biblia, konkordansya, at aklat ng mga mapa sa mga lugar na pinagsama-sama sa isang aklat. Ang isang pag-aaral ng Biblia ay magandang panimula para sa iyong pag-aaral. Isa itong nakalimbag na sanggunian, ngunit gaya ng nabanggit kanina, may mga websites sa pag-aaral ng Biblia o mga software na kapareho rin ng gamit sa maraming paraan.

# Mga Iminumungkahing Sanggunian

**Aralin 1**

Ang mga sumusunod na sanggunian ay ginamit sa kabuuan ng kursong ito.


Biblia. *Ang Biblia*, 2001. https://www.bible.com/bible/2195/GEN.1.ABTAG01

Carson, D.A. *Exegetical Fallacies* (2nd edition). Ada: Baker Books, 1996.

Duvall, J. Scott and J. Daniel Hays. *Grasping God's Word: A Hands-On Approach to Reading, Interpreting, and Applying the Bible.* Grand Rapids: Zondervan, 2012.

Fee, Gordon D. and Douglas Stuart. *How to Read the Bible for All Its Worth*. Grand Rapids: Zondervan, 2003.

Hendricks, Howard G. and William D. Hendricks. *Living by the Book.* Chicago: Moody Press, 2007.

Klein, William W., Craig L. Blomberg, and Robert L. Hubbard, Jr. *Introduction to Biblical Interpretation.* Nashville: Thomas Nelson, 1993.

Virkler, Henry A. and Karelynne Ayayo. *Hermeneutics: Principles and Processes of Biblical Interpretation*. Ada: Baker Books, 2007.

Zuck, Roy B. *Basic Bible Interpretation*. Colorado Springs: David C. Cook, 1991.


**Aralin 2**

Ang mga sangguniang ito ay maaaring mahanap online nang libre:


Audio Bibles. www.faithcomesbyhearing.com

Mga Diksyunaryo ng Biblia. www.biblestudytools.com/dictionaries/

Kalendaryo sa Pagbabasa ng Biblia. www.bible.com

Mga Pagsasalin ng Biblia. www.biblegateway.com

Online na Aklat ng mga Mapa sa mga Lugar sa Biblia. www.bibleatlas.org

**Aralin 4**

Ang mga online na pagtalakay na ito tungkol sa pagpapakahulugan ng Biblia ay makakatulong sa iyo na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa pagpapakahulugan ng Biblia.

Dr. Walter Martin. "Biblical Hermeneutics One by Dr. Walter Martin." Makukuha sa www.youtube.com/watch?v=mJQGVzlLN-Y

Seven Minute Seminary. "Why Bible Background Matters." Makukuha sa www.youtube.com/watch?v=-wiIK8A2EFk

Seven Minute Seminary. "The Role of Archaeology in Biblical Studies." Makukuha sa www.youtube.com/watch?v=Dm3HlLoNOak

# Talaan ng mga Takdang-Aralin

Pangalan ng Mag-aaral ________________________________________

Lagyan ng inisyal kapag natapos na ang bawat takdang-aralin. Kailangang matapos lahat ng mga takdang-aralin para makatanggap ng sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| Aralin | Mga Takdang-Aralin | |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 5 | | |
| 6 | | |
| 7 | | |
| 9 | | |
| 10 | | |

Ang paghiling ng Sertipiko ng Pagtatapos mula sa Shepherds Global Classroom ay maaaring kumpletuhin sa aming website na www.shepherdsglobal.org. Ang mga sertipiko ay ipapadala nang digital ng pangulo ng SGC sa mga guro o tagapangasiwa na magsasagawa ng paghiling para sa kanilang mga mag-aaral.